

ISSN 2815-1232

# ago

REFEREED JOURNAL

NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN



SENTRO NG WIKANG FILIPINO  
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS - DILIMAN

# agos

REFEREED JOURNAL NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN

Tomo 1 2020

Sentro ng Wikang Filipino-  
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

AGOS  
Refereed Journal  
ng Malikhaing Akdang  
Pampanitikan (ISSN 2815-1232)  
Tomo I 2020  
Sentro ng Wikang Filipino-  
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Libreng maaakses at mada-  
download ang elektronikong  
bersiyon ng Agos sa  
[www.journals.upd.edu.ph /  
index.php/Ag](http://www.journals.upd.edu.ph/index.php/Ag)

Inilalathala ng  
Sentro ng Wikang Filipino-  
Unibersidad ng Pilipinas Diliman  
isang beses kada taon.

MICHAEL FRANCIS C. ANDRADA  
**Punong Patnugot**  
**Direktor, SWF-UP Diliman**

KATHERINE TOLENTINO-JAYME  
**Kawaksing Patnugot**

ELFREY VERA CRUZ-PATERNO  
**Tagapamahalang Patnugot**

MICHAEL BALILI  
**Tagadisenyo ng Aklat at Pabalat**

IVAN REVERENTE  
**Likhang-sining sa Pabalat**

ODILON B. BADONG JR.  
**Tagapamahala sa Sirkulasyon**

Hindi maaaring kopyahin o sipiin, sa anumang porma o anyo, elektronikong man o limbag, nang walang opisyal at pormal na pahintulot mula sa Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman.

Ang isinuniteng mga akda para sa posibleng paglalathala sa Agos ay dumaan sa istrikto at dobleng proseso ng pagrerebyu.

Para sa mga tanong at/o dagdag na impormasyon, makipag-ugnayan sa:

#### **Patnugutan at Sirkulasyon**

*Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan*  
Sentro ng Wikang Filipino-Unibersidad ng Pilipinas Diliman  
Ikatlong Palapag, Gusali ng School  
of Urban and Regional Planning (SURP)  
E. Jacinto St., Unibersidad ng Pilipinas,  
Diliman, Lungsod Quezon

**Email:** [agos.swf@gmail.com](mailto:agos.swf@gmail.com)

**Facebook:** /swfupdiliman

**Telepono:** (02) 8924-4747 0 8981-8500

Tomo I 2020

aga

# INTRODUKSIYON

- vii*      **Paggigiit**  
Elfrey Vera Cruz-Paterno
- ix*        **Pagsulong**  
Katherine Tolentino-Jayme
- xiii*     **Pag-agos**  
Michael Francis C. Andrada


# DAGLI

- 4            **Target**  
Jomar Gonzales Adaya
- 7            **Pabulong**  
Christopher Bryan Concha
- 10          **Kuwentong Kalabaw**  
Ignacio V. Dasigan
- 13          **Kung Paanong Naglaho si JC**  
Andyleen Feje
- 16          **Aso**  
Kenneth Ian Matthew Hernandez
- 18          **Karne**  
Geraldine Gentoza Juachon

- 
- 21      **Sa Mapanganib na Lungsod**  
Andre Magpantay
- 24      **Alam Na!**  
Joanna Marie L. Martinez
- 26      **Diamante**  
Ronnell Talusan
- 30      **Pag(mama)linis**  
Roi Yves H. Villadiego

## TULA

- 34      **Ang Gunita't Abo ng Susong Dalaga  
at ang Bagong Alamat**
- 40      **Ang Pagdating ng mga Juan Kristo  
(Huling Pitong *Parmata*)**  
Rene Boy Abiva
- 44      **Gagamba**
- 45      **Patintero**  
Ryan Cezar O. Alcarde
- 48      **Diskurso**  
Paterno Baloloy Jr.

- 
- 50 **Sapagkat Dapat Sumapat sa Kalungkutan  
ang Lalabing-Apat na Taludtod**
- 51 **Sapagkat Nangungulila Lang Talaga Ako sa  
Ilang Kaibigan at Bagaman Alam Kong Hindi  
Nila Ito Mababasa, Narito Pa Rin  
Ang Ilang Balita**  
Christian Jil R. Benitez
- 53 **Ang Naiwan**
- 54 **Ang Pusa**
- 56 **Bakasyon**
- 58 **Timang**  
Ma. Cecilia de la Rosa
- 61 **Tipasi**  
John Mark Jacalne
- 63 **Morning Browsing**
- 65 **Tag-ulan**  
John Christopher DG Lubag
- 67 **Kompo**  
Rex Sandro Nepomuceno
- 70 **May Sandaling Ganito sa Amin**  
Romeo Palustre Peña
- 72 **Pagliban**  
Rod Anthony A. Robles



# MAIKLING KUWENTO

77

**Aliberde**

Cris R. Lanzaderas

93

**Ang Kuwento ng Kafir**

Jimmuel C. Naval

107

**Ang mga Bulong-bulongan**

John Leihmar C. Toledo

# SANAYSAY

125

**Dugyot**

Ferdinand Pisigan Jarin

132

**Kalapati**

Jason F. Pozon

142

**Isang Araw sa MRT**

Raymund P. Reyes

154

**Pagtutuos**

Elyrah L. Salanga-Torralba



*introduksiyon*

# PAGGIGIIT

ELFREY V. PATERNO

TAGAPAMAHALANG PATNUGOT

Hindi bababa sa 100 katao ang kailangang pasalamatan sa pagiging kabahagi nila sa produksyon ng kauna-unahang isyu ng *AGOS: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan* ng Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman.

Naging mapanlahok at mapanghikayat ang AGOS sa panawagan at pagtanggap nito ng mga submisyon ng malikhaing akdang pampanitikan. Umabot sa humigit-kumulang 60 awtor mula sa iba't ibang sektor, larangan, at propesyon ang nagsumite ng kanilang malikhaing akda. Patunay lamang na walang pinipiling kasarian, edad, naabot na edukasyon, o katayuan sa buhay ang pagsulat ng malikhaing akda.

Naging mapang-angkop din ang AGOS sa nagbabagong porma ng malikhaing akda sa kasalukuyan habang mahigpit na pinananatili nito ang itinakdang pamantayan sa katangian ng mga akdang ilalathala. Ilan sa mga ito ang tiyak na ambag ng mga akda sa pagtataguyod ng wikang Filipino at panitikan ng Pilipinas, kritikal na pagdiskurso sa mga tema at paksa na may kaugnayan sa kinakaharap ng lipunan, ang pagdalumat at pag-uugnay ng awtor sa personal niyang danas sa kaniyang panlipunang kaligiran, at





kung paano ito magkakaroon ng kabuluhan sa pagsusulong ng pag-unlad ng kaniyang lipunan. Malaking pasasalamat ang ipinaaabot sa humigit-kumulang 50 referees na naging katuwang sa pagsusuri ng mga akdang maaaring ilathala sa unang isyu ng AGOS.

Hindi man nagbigay ng isang tema o paksa ang panawagan sa mga isusumiteng akda sa AGOS, makikita sa mga inilathalang akda sa isyung ito ang pagkakaugnay nito sa pagtataglay ng ilang paraan ng paggigiit: (1) paggigiit ng karapatang mabuhay nang marangal o may dangal, (2) paggigiit ng sariling identidad sa isang lipunang mapaniil at mapanghusga, (3) paggigiit ng pambansang identidad, at (4) paggigiit na maging bahagi ng isang bansang naglilingkod sa kaniyang mamamayan.

Hindi madali ang pinagdaan ng AGOS para mailathala sa taong 2020 kung kailan malalaking hamon ang hindi inaasahang kakaharapin ng bansa at maging ng buong mundo. Ang paglulunsad ng AGOS sa panahon ng pandemya ay isang paraan ng Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman na mailugar ang kahalagahan at kabuluhan ng mga malikhaing akdang pampanitikan sa kasalukuyan. Patunay lamang ito na hindi nagagapi ang paglikha ng sining sa panahon ng pandemya at krisis. Sa katunayan, mas lalo o lubos pang kailangan ang paglikha ng mga akdang pampanitikan bilang instrumento sa pagpapatunay, pagpapanatili, at pagpapatibay ng pagkatao at pagkabansa.

# PAGSULONG

KATHERINE T. JAYME

KAWAKSING PATNUGOT

Ito ang kauna-unahang isyu ng *Agos*, refereed journal na naglalaman ng mga malikhaing akdang pampanitikan tulad ng dagli, tula, maikling kuwento, at sanaysay na pumapaksa sa iba't ibang usaping panlipunan. Isinisiwalat ang mga isyung pampolitika, pang-ekonomiya, pangkultura, habang isinasatitik at isinasalaysay ang personal at di-personal na mga karanasan. Nagiging daan ang journal na ito upang maipakita ang talas ng pandama at pagkamalikhain ng kaisipan ng mga manunulat sa pag-unawa sa lipunang kinabibilangan at bagong lipunang inaasam.

Ang unang bahagi ay binubuo ng mga dagli. Ang bisa ng dagli ay nasa istilo nitong maikli, parang sang-iglap, ngunit nagsasalaysay ng mahaba, malalim at malawak na panlipunang kaganapan. Tinalakay sa “Target” ang kontraktwalisasyon sa sektor ng mga guro. Ang social media bilang plataporma ng pag-aakda at pagpapakete ng sarili ang binigyang-diin sa “Pabulong.” Sinusuri sa “Kuwentong Kalabaw” kung nasaan ang katotohanan ng buhay na naghihiwalay sa pagitan ng tapat na huntahan at ng kultura ng tsismis. Samantala, isang pantastikong pagbibigay-buhay sa tradisyon ng perya at ang pag-uugnay nito sa halaga ng buhay ang masisipat

*agosto*

sa “Kung Paano Naglaho si JC.” Matapang na alegorya tungkol sa usapin ng soberanya ng bansa sa kasalukuyan ang inilahad sa “Aso.” Tinitimbang at kinikilatis naman sa “Karne” ang dalawang klase ng botcha: ang paninda at ang persona. Paglalarawan ng isang mapanganib at nambabaliw na sistema – at ang kabalintunaan at dystopia ng lungsod – na isinabuhay sa “Kalbaryo sa Lungsod.” Ang kamusmusan ng bata at ang karahasan ng matatanda ang iminumulat sa “Alam Na!” Nagmumuni ang persona sa “Diamante” tungkol sa kaniyang domestikong halaga sa pamilyang kaniyang pinagsisilbihan at tungkol sa pilosopiya ng kaniyang pag-iral. Malakas ang kaldag ng “Pag(mama)linis” sa paglalahad ng maliliit na kaso’t kasalanan hanggang sa usapin ng sindikato ng ilegal na droga.

Binubuo naman ng mga tula ang ikalawang bahagi. Imahinatibong tinalakay ni Rene Boy Abiva sa kaniyang dalawang tula ang pangkultura at pangkasaysayang kontinuum: ang naratibo ng lumalabang mamamayang Pilipino mula alamat hanggang relihiyon. Masining na pagsasapot ng mga larong pambata sa kalye at ng buhay at pakikipagsapalaran ng tao ang mababasa sa mga tula ni Ryan Alcarde. Tinataglay ng tula ni Paterno Baloloy Jr. ang pilosopiya ng metamorposis o pagbabanyuhay. Mula sa dalawang tula ni Christian Jil Benitez, pumaibabaw ang estilong stream-of-consciousness sa paghinuha sa mga relasyong kapuwa personal at panlipunan. Sa mga tula ni Ma. Cecilia dela Rosa, ang mga tinig ng iba’t ibang persona, mula kandila hanggang ina, ay mga poetikong ekspresyon ng samu’t saring tunggalian sa lipunan. Ang tahimik na poetika ng relasyon ng binhi at lupa sa tula ni Mark Jacalne ang magpapasibol ng maingay na reyalidad ng buhay. Buhay na buhay ngunit makabago’t mapagtimbuwal ang tradisyong protesta sa mga tula ni John Lubag na tumalakay mula sa sirkulo ng sirkus ng pyudal na mga politika tuwing eleksiyon hanggang sa lagim ng tokhang na bumibiktima maging ng kabataan. Tila kolektibong mamamayang bumubuo ng kompo upang tunggaliin ang mga lisyat tiwali na nasa kapangyarihan ang mismong mga salita sa tula ni Rex Nepomuceno. Dinadala ng tula ni Romeo Peña ang mambabasa sa isang lugar na sumasalamin sa karaniwang buhay ng tao habang taimtim na pinaglilimi hinggil sa klase ng buhay na pinatutunguhan sa mamamayan sa ilalim ng marahas na sistema. Ang pagnakaw ng sandali sa tula ni Rod Robles ay isang poetikong paghahayag ng pagtakas ng isang

persona sa maganit na oras ng kapitalistang sistema.

Tatlong maikling kuwento ang bumubuo sa ikatlong bahagi. Sinisiyasat sa “Aliberde” ang domestic violence at prostitusyon. Sa pamamagitan ng pagsasalaysay hinggil sa pagpapantasiya ng isang lalake sa seksing karakter ni Darna, naisisiwalat din kung paanong ang isang lumang sinehan na naging night club ay metapora ng pagsasama ng isang mag-asawa sa isang lipunang batbat ng karahasan. Sa “Ang Mga Bulong-Bulongan,” ang tensyonadong naratibo ay matapang na pagtalakay sa madalas hindi-isinasalaysay na buhay at karanasan ng mga taong mayroong HIV. Ipinakikita sa kuwento ang mga tunggaliang panlipunan mula sa punto-de-bista ng sektor na ito. Isa itong pagsisiyasat at pagbaklas sa mga klase ng sistemang sumasaklot kaninuman at anuman ang katayuan at SOGIE sa lipunan. Sa “Ang Kuwento ni Kafir,” ang testimonya ng kapre ay nagsilbing naratibo ng kasaysayan ng Pilipinas mula sinaunang panahon hanggang pananakop ng kolonyalistang Kastila at imperyalistang Estados Unidos hanggang sa kasalukuyang marahas na rehimen.

Sa ikaapat na bahagi, tinipon ang apat na personal na sanaysay na pumapaksa sa iba’t ibang pakikibaka at pakikitunggali. Sa “Dugyot,” isinalaysay ang mayaman na karanasan ng isang mahirap na batang persona. Isa itong coming-of-age na naratibong may mahigpit na ugnay sa reyalidad ng kahirapan. Matingkad ang mga relasyong pangkapangyarihan – diskurso – na nagpapatingkad ng tunggalian. Tinalakay naman sa “Isang Araw sa MRT” ang balintuna ng pangakong kaunlaran sa pamamagitan ng imahen ng MRT. Mula sa mahahabang pila, hanggang sa tunggaliang maliliit ngunit lumalaki kapag nailulugar ang tao sa isang magulong iskema, hanggang sa pagsipat sa tunay na dahilan ng lahat ng nakapapagal at nakasasaid na pilit pinagsisiksikang sistema ng iilan sa Pilipinas. Sa sanaysay na “Kalapati,” ang paglipad bilang paglaya ay binibigyan ng panibagong lapit – paglaya mula sa charity ward ng ospital, mula sa nasirang pamilya, mula sa mga relasyong hinihinuha ng murang isip, mula sa pampipiit ng lipunan, mula sa sarili. Dinadala naman ng akdang “Pagtutuos” ang mambabasa sa hiwaga at reyalidad ng panghuhula gamit ang mga baraha, sa hiwaga at reyalidad ng pakikipagsapalaran, sa hiwaga at reyalidad ng matapang na pagharap sa buhay, sa hiwaga at reyalidad ng relasyon ng anak at ina, at lahat patungo



sa pananatili bilang “kuwentista ng realidad.”

Naging daan ang journal na ito sa pagpapakita ng lawak at lalim, bisa at talab, ng patuloy na nagbabagong pamamaraan ng pagsusulat ng malikhaing mga akdang pampanitikan sa kasalukuyan. Gamit ang lawak at lalim, bisa at talab, ng patuloy na umuunlad at nagpapanibagong-hubog na wikang Filipino. Lahat ng ito ay natipon sa gitna ng pagpaslang sa wikang Filipino at Panitikan bilang mga batayang asignatura sa kolehiyo, at sa gitna ng pagpaslang sa buhay at karapatang pantao ng isang marahas na sistema.

# PAG-AGOS

MYKEL ANDRADA  
PUNONG PATNUGOT

## 1.

Ito ang unang isyu ng *Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan*, ang kauna-unahang refereed journal para sa malikhaing akdang pampanitikan ng Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman. Sa pamamagitan ng pagtitipon ng mga malikhaing akdang pampanitikan na nakasulat o nakasalin sa wikang Filipino, nilalayong ipakintal at ipatalos ang talim at talas ng wikang Filipino at mga wika sa Pilipinas, malikhaing pagsulat, at panitikan bilang buhay na mga praxis ng produksiyong pangkultura, pang-ekonomiya, at pampolitika. Sinimulang buuin noong 2019 ang journal na ito bilang isang pagtindig sa pangangailangang palakasin at isulong ang wikang Filipino – at mga wika sa Pilipinas – na nahaharap sa matinding suliranin ng pagpaslang ng mismong estado.



2.

Ang Agos ay isang pagtatangkang maging kontra-agos – isang kontra-puntal, kontra-diskurso – sa namamayaning ragasa ng mga puwersa sa gobyerno at lipunan na nais paslangin ang wikang Filipino, ang mga wika sa Pilipinas, at ang Panitikan. Pagtindig ito na umuugat ng talab mula sa mahaba at masalimuot na mga tradisyong pangkultura at pampanitikan sa bansa. Halimbawa, sa kanon ng panitikan sa Pilipinas, naging malaki ang ambag ng *Mga Agos sa Disyerto: Maiikling Kathang Pilipino* nina Efren R. Abueg, Dominador B. Mirasol, Rogelio L. Ordonez, Edgardo M. Reyes, at Rogelio R. Sikat sa pagpapalakas ng tradisyong maka-lipunan sa pagkatha. At tila naging kilusang pampanitikan ito na malakas na yumanig sa tila natutulong, nangingimi, walang-imik, sunud-sunuran, at kapos-sa-pagsusuring mga produksiyong pampanitikang nakatali sa danas ng iilan, nakakahon sa predikamento ng naghaharing uring panlipunan, at nagsisilbi sa interes ng nakapangyayari sa lipunan. Gamit ang pangkabuuang imahen ng buhay na bumabalong o umaagos sa tuyong lupain, matapang ang realismo ng mga maikling katha sa *Mga Agos sa Disyerto*.

3.

Dumaan sa maraming pagsubok at pag-unlad ang malikhaing pagsulat at panitikan sa Pilipinas. Ang mga larangan ng panitikan at malikhaing pagsulat na noon ay dinodomina ng tinig, ideolohiya, politika ng mga sistemang pyudal, burgis at elitista, kolonyal at neokolonyal, at represibo at pasista, at komersyalisado at neoliberal, ay matapang na sinuong ng iba't ibang manunulat sa loob at labas ng akademiya. Nakikita sa kasalukuyan ang produksiyong malikhain at produksiyong pampanitikan na nagpapatuloy at nagpapanibago ng mga tradisyong propaganda, protesta, malay-sa-uri, malay-sa-kasarian-at-sexualidad, malaya, mapagpalaya, mapagpanibagong-hubog, at rebolusyonaryo. Mula sa mga tinig na watak-watak at indibidwalistiko tungo sa kolektibong mga tinig at pagkilos, makikita ang pagbalong ng bagong agos ng mga manunulat-mamamayan bilang tagalikha ng malikhaing akdang pampanitikan at bilang mga mulat na

mamamayang tagahawan ng bagong kinabukasan. Mula sa nakasanayang mga paraan at plataporma ng pag-akda at paglalathala, makikita ang maagap na produksiyong malikhain ngayon gamit ang bagong mga plataporma at teknolohiya ng internet, digital software, at social media. Humahawan ng bagong landas habang bumabaklas sa mga pyudal na relasyon ng pag-aakda at paglalathala.

4.

Isang pagtatangka ang bagong journal na ito upang maging buhay at dinamikong espasyo ng tunggalian ng mga ideya. Pagtatangka ang Agos na mag-ambag sa diskursong panlipunan sa paghahanap ng epektibo at makataong solusyon o resolusyon sa mga sakit at suliranin ng bayan. Lalo na sa panahong ito na humaharap ang Pilipinas sa isang krisis pangkalusugan bunga ng pandemya. Lalo na sa panahong ito na malakas ang ragasa ng lisyang kamalayan, pekeng balita, pagsasadlak sa kalayaan sa paghahayag at pamamahayag, walang-kahihiyang pagsusuko ng soberanya ng bansa sa bagong imperyalista, pagsikil sa kalayaan sa pagkilos, paghahasik ng terorismo ng estado, at karahasan at pagyurak sa karapatang pantao sa ilalim ng isang populistang diktador. Saan lulugar ang manunulat – ang malikhaing mamamayan – sa gitna ng gulo, sa gitna ng guho, sa gitna ng gunaw na nilikha ng isang naghihingalo ngunit nangungunyapit na halimaw?

5.

Walang ibang lugar ang wikang Filipino at mga wika sa Pilipinas, ang malikhaing pagsulat, at ang panitikan kundi sa pagsisiwalat ng katotohanan. Walang ibang lugar kundi sa paghahanap ng katarungan at pagtatanggol ng karapatan. Walang ibang lugar kundi sa pagpapalakas ng tinig sa paghahayag. Walang ibang lugar kundi sa pagpapalakas ng kilos-pagsalunga. Walang ibang lugar kundi sa paglaban sa karahasan. Walang ibang lugar kundi sa matapang na paglaban sa halimaw. At higit sa lahat, walang ibang lugar kundi sa tunay na kaayusang panlipunan, kapayapaan, at rekonstruksyon. Walang iba kundi sa malaya at mapagpalayang bayan.







# ago

REFEREED JOURNAL

NG MALIKHAING AKDANG PAMPANITIKAN



*Ragli*

# JOMAR GONZALES ADAYA

Si Jomar Gonzales Adaya ay nagtapos ng AB Filipinolohiya at MA Filipino sa PUP Sta. Mesa, at kasalukuyang kumukuha ng PhD Philippine Studies sa UP Diliman. Nalathala ang kanyang ilang sanaysay, tula at dagli sa Entrada, Pylon, Bisig, at Filipinolohiya Journal. Naging fellow ng Palihang Rogelio Sicat 7 na ginanap sa Angeles, Pampanga noong 2014. Kasalukuyang nagsisilbi bilang Hepe ng PUP Sentro sa Araling Pangwika at Pampanitikan, at faculty sa PUP Kagawaran ng Filipinolohiya.

# TARGET

I, \_\_\_\_\_, of the College of Arts and Letters,  
commits to deliver and agree to be rated on the attainment of the  
following targets in accordance with the indicated measures  
for the period of \_\_\_\_\_ July to \_\_\_\_\_ December, 2018.

Q1 = Binabasa niya ang form na requirement para sa mga faculty ng unibersidad. Hindi alintana ang mga tinig mula sa bulto ng mga estudyanteng nag-iikot sa building bitbit ang mga plakard. Bumabad ang tingin sa mga salitang core functions, success indicators, actual accomplishments, at ratings. Binuksan niya ang drawer ng nanlilimahid na mesang may nakasulat na pangalan niya at kinuha ang isang folder. Inilatag niya sa mesa ang mga sertipikong magpapatunay ng pagtupad sa komitment niya sa unibersidad. Isinaayos batay sa pagkakasunod-sunod ng petsa:

Certificate of Recognition, International Conference on Cultural Studies  
Letter of Acceptance, International Journal on Literary Studies  
Certificate of Completion, National Workshop on Criticism  
Certificate of Participation, National Research Development Forum



E2 = Sinimulan niyang i-type sa laptop ang mga detalye ng mga dokumentong nasa mesa niya. Tiwala sa sarili na nahigitan ng mga papeles ang mga indibidwal na komitment. Na malaki na ang naiambag niya. Na malaki ang posibilidad para sa mga pagkakataon. May ngiti sa mga mata niyang salitang bumabaling sa papel at screen ng laptop.

Kasabay ng tunog ng pagtipa niya sa keyboard ang boses ng reporter mula sa telebisyon sa faculty room.

*T3 = PNP Targets Teacher. Gen. Albayalde warned college professors who teach communist ideologies, that they will be charged with contempt as he scolded students of state universities for biting the hand of the government that shoulders their free education...!*

Tuloy siya sa pagtipa habang iniisa-isa ang mga papeles. Sa pagbuklat niya sa mga sertipiko, tumunghay ang isang memo na may logo ng CHED.

Napatigil siya sa pagta-type. Napakunot ang noo habang napaliligiran ng mga dokumentong itinakda sa mga tulad niya sa kabila ng ilang taon nang pagsisilbi bilang kontraktwal na instruktur. May kung anong bigat ang memo na hindi mapapantayan ng kanyang mga sertipiko.

A4 = Tinitimbang niya sa isip ang esensya ng komitment. Anong iskor ang ilalagay niya. Anong puntos ang nararapat sa na-target.

Muling dumaan sa labas ng faculty room ang bulto ng mga tinig. Kumalabit sa kanyang tenga ang mga katagang “Stop the Attacks.”

Legend: **Q1** Quality **E2** Efficiency **T3** Timeliness **A4** Average

# CHRISTOPHER BRYAN CONCHA

Si Christopher Bryan Concha ay nagtapos ng AB Philippine Studies major in Filipino and Mass Media bilang magna cum laude sa Pamantasang De La Salle – Maynila. Nailathala na ang kaniyang mga sanaysay sa ANI 40: Katutubo ng CCP at Hay Skul: Mga Sanaysay na Hindi Pang-Formal Theme ng Visprint. Napili rin siya bilang isa sa mga fellow ng 2019 UST National Writers' Workshop. Sa kasalukuyan, kinukuha niya ang kaniyang Master of Arts in Philippine Studies sa kaparehong pamantasan, kasabay ng pagiging research apprentice ng DLSU Bienvenido N. Santos Creative Writing Center (BNSCWC).

# PABULONG

*Gaya ng nasusulat, "Walang matuwid, wala, kahit isa."*

ROMA 3:10

"At ang makatatanggap ng parangal bilang huwarang mag-aaral ng Grade 7 sa taong ito ay walang iba kundi si... Saul!" Malakas na hiyawan ang bumalot sa klase. Masaya nilang binati at kinamayan si Saul.

"Hindi kataka-takang ikaw ang mapipili. Isa kang modelo sa loob at labas ng klase. Palagi kong inaabangan ang mga nakaka-inspire mong post sa Facebook," natutuwang pagbabahagi ng kaniyang kamag-aral. Mabilis na kumalat ang anunsyo sa paaralan. Kabi-kabilang pagbati ang natanggap ni Saul mula sa mga kaeskuwela at mga guro, na sinuklian din niya ng matamis na pasasalamat.

Pagkatapos ng klase, nananabik na umuwi si Saul sa kanilang bahay. Agad niyang ibinalita sa ina ang natamong pagkilala. "Thank God! Ibahagi mo 'yan sa congregation sa darating na Linggo. Tiyak na matutuwa ang ating mga kasamahan sa simbahan," ani ng kaniyang ina.

Dumiretso sa kuwarto si Saul matapos ang hapunan. Binalikan niya ang sinimulang burador para sa kaniyang FB post kaugnay ng nakuhang parangal. Nang matapos ang kaunting rebisyon, kinuha niya ang selpon at binuksan ang FB.

Bumulaga sa kaniya ang isang post ng kamag-aral noong elementarya. May caption ito na, “PM is the key.” Nang tiningnan niya ang larawan, nakita niya ang sikat na artistang babae na nakapatong sa isang hindi kilalang lalaki. Kapwa hubo’t hubad ngunit may sensura ang maseselang bahagi ng kanilang katawan.

Panandalian siyang napatitig sa larawan. Inusisa niya ang mga komento sa larawan: “Pabulong naman ng link, ser.” “Nag-pm na ako, pls check.” “Sinong may link dito?”

Bumilis ang kabog ng dibdib ni Saul. Pinindot niya ang profile ng dating kamag-aral at nagpadala ng mensahe. “Bro, kumusta ka na?” Wala pa mang isang minuto, sumagot na ang dating kamag-aral. “Okay naman, bro. Ikaw ba?”

Hindi agad nakasagot si Saul. Muli niyang tiningnan ang ipo-post niya sanang inspirational message. Ilang sandali pa, binalikan niya ang naiwang kausap. “Wala naman, bro. Nakita ko lang post mo.”

“Pabulong naman, bro.”

abro



# IGNACIO DASIGAN

Si Ignacio V. Dasigan ay isang pampublikong guro sa mataas na paaralan ng Leandro I. Verceles Sr. sa dibisyon ng Catanduanes. Ipinanganak siya noong Oktubre 21, 1994 sa Pandan, Catanduanes. Consistent honor student siya mula elementarya hanggang sekondarya, at nagtapos ng kursong Bachelor of Secondary Education Major in English sa Catanduanes State University noong 2016. Dalawang taon siyang nagturo sa pribadong paaralan ng Immaculate Conception Seminary Academy Virac Inc. nang makapagtapos sa kolehiyo bago pumasok sa pampublikong paaralan. Sa ngayon, siya ang School Paper Adviser (English) ng kanilang paaralan.

# KUWENTONG KALABAW

Sumilip saglit si Aling Bebang sa bintana. Nang matanaw na may nag-uumpukan sa may gripo sa kanto, mabilis niyang kinuha ang limang pares ng damit sa nangangamoy basahan na gabundok na labada. Binilinan niya ang dalagitang anak na hugasan ang kanilang pinagkainan. Agad siyang lumabas ng bahay bitbit ang palanggana ng lalabhang damit, diretso sa gripo kung saan nag-uumpukan ang tatlong babae habang naglalaba.

“Oy! Bebang, nahuli ka ata?” tanong ni Aling Rosa, ang babaeng may asawa pero walang anak.

“Oo. Nagluto pa kasi ako ng almusal,” tugon ni Aling Bebang.

Maya-maya pa’y dumaan si Mang Jose, ang lalaking iniwan ng asawa. Hila-hila niya ang patpating kalabaw upang pakawalan sa sapa sa dulo ng baryo. Itong kalabaw pa man din ang iniregalo sa kasal nila ng kaniyang asawang tatlong taon nang nangibang-bahay.

“Kawawa naman ang lalaking ‘yan. Palibhasa kasi makati ang asawa kaya ayan, nilayasan, bitbit lahat ng pinaghirapan ng lalaki. Buti na lang iniwan ang kalabaw,” komento ni Aling Koring, ang pinakamatanda sa apat na nasa may gripo, nang makaraan ang nangungulilang si Mang Jose.

*agaw*

“Ganyan na talaga ang panahon ngayon. ‘Yong anak nga ni Manang Soleng, cum laude kono sa kolehiyo pero nakipagkabet sa may asawang porener. Ewan ko ba!” dagdag pa ni Aling Belen, isang babaeng may anak pero walang asawa.

“Naku! Iyang si Jose, amoy-kalabaw na iyan kaya iniwan ng asawa!” kanyaw ni Aling Rosa.

Nagtawanan sila.

“Kaya iyang asawa ko, pinagsasabihan ko talaga! Huwag siyang gagawa ng kalokohan kundi ay titigukin ko ang kanyang manok!” wika ni Aling Bebang na hinahayaang umaapaw ang tubig sa kanyang palanggana.

Tuyo na ang kalabaw ni Mang Jose na naligo sa sapa subalit basa pa rin ang paligid ng gripo kung saan nagkukuwentuhan ang kababaihan. Maraming kalabaw ang binigyang-kuwento, maraming tao ang naitampok, marami ring pangyayari ang ipinangyari.

“Tutong! Naku! Tutong na naman ang sinaing ng anak mo Rosa!” sigaw ni Aling Belen.

Tumayo na si Aling Rosa at tiyak sisigawan na naman ang anak. Sumunod na umalis si Aling Koring at magkasabay naman sina Aling Bebang at Aling Belen.

Nagsara ang gripo at unti-unting natuyo ang paligid nito habang muling naligo ang kalabaw. Bukas, bubula na naman ang mga kuwento sa palanggana sa paligid ng gripo, at muli, bibida ang kalabaw.

# ANDYLEEN FEJE

Si Andyleen C. Feje, mas kilala bilang Andy, ay tubong Quezon, Nueva Ecija. Siya ay kasalukuyang kumukuha ng Sertipiko sa Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa Filipino, sa Polytechnic University of the Philippines (PUP). Siya ay nagtapos ng Bachelor of Arts in Language and Literature sa Central Luzon State University (CLSU). Siya ay fellow ng sumusunod: Ikalawang Palihang Lazaro Francisco, Pamiyabe19, Ikalawang Pambansang Palihang Multi-Genre ng PUP, at Ateneo National Writers Workshop (ANWW17). Kasalukuyan din siyang bahagi ng Atsara Collective, Silay Mata People's Theatre Organization, at Bahaghari - Metro Manila.

## KUNG PAANONG NAGLAHO SI JC

“JC, JC, hindi pa umuwi ‘yong kalapati ko,” sabi ng batang may-ari ng kalapati, habang paulit-ulit na hinihigit ang damit ni JC.

“Ah, gano’n ba? Sige akong bahala,” agad na sagot ni JC.

Makapangyarihan si JC. Kaya n’yang patagin ang bundok, biyakin ang dagat, pagalawin ang mga ulap—kaya n’yang gawin ang lahat.

Habang abala sa pakikipaglaro ang kalapati sa mga kapwa nito ibon sa plaza ay bigla itong nakaramdam ng gutom.

Agad na bumalik ang kalapati sa bahay ng kanyang amo.

Masayang sinalubong ng amo ang kaniyang kalapati. At agad itong pinakain. Hinimas pa n’ya ang ulo nito habang tumutuka-tuka.

Nang matapos kumain ang kalapati ay agad na lumipad ang kalapati pabalik sa plaza.

“JC, JC, umalis na naman ‘yong kalapati ko. Gusto ko pa sanang makipaglaro sa kaniya,” sabi ng batang may-ari ng kalapati, habang paulit-ulit na hinihigit ang damit ni JC.

“Ah, gano’n ba? Sige akong bahala,” agad na sagot ni JC.

Makapangyarihan si JC. Kaya n’yang patagin ang bundok, biyakin

ang dagat, pagalawin ang mga ulap—kaya n’yang gawin ang lahat.

Habang abala sa pakikipaglaro ang kalapati sa mga kapwa nito ibon sa plaza ay biglang bumuhos ang ulan.

Agad na bumalik ang kalapati sa bahay ng kaniyang amo.

Masayang sinalubong ng amo ang kaniyang kalapati. Agad n’ya itong pinunasan ng labakara. Niyakap.

Nang tumila ang ulan ay agad na lumipad ang kalapati pabalik sa plaza.

“JC, JC, umalis na naman ang kalapati ko. Gusto ko pa naman siyang turuan ng tricks,” sabi ng batang may-ari ng kalapati, habang paulit-ulit na hinihigit ang damit ni JC.

“Ah, gano’n ba? Sige akong bahala,” agad na sagot nito.

Makapangyarihan si JC. Kaya n’yang patagain ang bundok, biyakin ang dagat, pagalawin ang mga ulap—kaya n’yang gawin ang lahat.

Habang abala sa pakikipaglaro ang kalapati sa mga kapwa nito ibon sa plaza ay biglang may dumating na mga batang hamog. Pilit silang hinuhuli.

Agad na bumalik ang kalapati sa bahay ng kaniyang amo.

Masayang sinalubong ng amo ang kaniyang kalapati. Agad ‘tong niyakap. Saka ipinakita ang mga gagamitin nila sa pag-aaral ng tricks.

Panandaliang nakalimutan ng kalapati ang mga kapwa nito ibon at ang plaza. Masayang-masaya ang kaniyang amo.

Panandaliang walang humihigit at nangungulit kay JC. Nakaramdam s’ya ng kalungkutan.

Pagkatapos ng maraming araw ay bumalik ang kalapati sa plaza, ngunit hindi na para makipaglaro sa mga kapwa n’ya ibon. Kasama ng kalapati ang kaniyang amo para magtanghal sa mga tao sa plaza.

Makapangyarihan si JC. Kaya n’yang patagin ang bundok, biyakin ang dagat, pagalawin ang mga ulap—kaya n’yang gawin ang lahat. Ginawa n’yang kalapati ang sarili.

*abala*

# KENNETH IAN MATTHEW HERNANDEZ

Si Kenneth Ian Matthew Hernandez ay kasalukuyang guro sa Filipino sa San Lorenzo Ruiz De Manila School of Marikina. Nakapagtapos ng Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino sa Pamantasan ng Lungsod ng Marikina bilang cum laude. Siya ay sumusulat ng mga tula, dagli at maikling kuwento.

# ASO

Dito sa bayan namin sa Silangan, mayroong isang Intsik ang sa ami'y kumapit-bahay. Bitbit ang aso niyang alaga. Asong malaki at balbon, panay ang tahol sa sinumang manilip sa bakuran ng amo nitong singkit.

Mahangin at nagbabadya ang paparating na bagyo noon, nangunguha ng sinampay ang isang Ina. Nilipad sa kabilang bakuran ang kamisetang pinangunguha. Ang asong nangangalit ay sinakmal at pinaliguan ng laway ang walang-labang Ina.

Naghabla ng kaso ang Ina sa barangay. Gulat at windang ang kapitan sa kinasapitan ng Ina sa asong ulol. Bilang hatol, ikinulong ng kapitan ang Ina sa kasong trespassing at pinalaya naman nito ang aso at sinabitan ng medalya. Ginawa lamang raw ng aso ang tungkulin nitong protektahan ang bakuran ng amo nito. At bilang danyos sa perwisyo at paninirang puri ng Ina sa amo nitong Intsik, ibinigay ng kapitan ang lupa ng Ina sa mga ito.

Ang mga anak ng nagkasalang Ina, ngayo'y nakikilupa sa sarili nilang bakuran. Tinanggalan ng karapatan at patuloy na pinaparatangan ng sistemang hindi na sila kinikilala.

“Arhuuuuu!!” alulong ng aso. Namimilog at namumula na naman ang buwan.

*agabro*



# GERALDINE GENTOZALA JUACHON

Si Geraldine Gentozala-Juachon ay nagsimulang magsulat ng mga tula noong hayskul pa lamang. Matapos ang Sertipiko sa Malikhaing Pagsulat sa Filipino at kursong BA Araling Pilipino sa UP Diliman, nagtrabaho siya bilang copywriter sa telebisyon, at kalauna'y naging scriptwriter para sa isang programang pambata, lifestyle, at travel channel. Nakapagtrabaho rin siya sa pelikula at ilang ad agencies. Panandalian siyang tumira sa Tsina upang magturo ng Mass Comm at International Politics. Nang bumalik sa bansa, nagtrabaho sa events at naging kawani ng gobyerno sa turismo para sa Public Relations. Nagturo ng ilang taon sa isang pribadong paaralan para sa Senior High School at ngayon ay bumalik sa pagiging freelance writer. Napabilang sa writing fellows ng Palihang Rogelio Sicat 12 na ginanap sa Laguna, at na-publish kamakailan ang kaniyang mga dagli sa Liwayway Magazine.

# KARNE

Lugi na naman. Kalahati lang ng paninda niya ang nabili. Iniuwi niya sa bahay ang natira mula sa palengke at idineretso sa isang maliit na freezer sa kusina.

Nang umagang iyon, habang pinagmamasdan ng isang mamimili ang mga nakasabit na longganisa, liemping nakahiwa, at tipak-tipak ng karne sa ibabaw ng mesa, bigla itong nagwikang, “Botcha yata itong tinda mo.”

“Aba, hindi, a! Paano mo nasabi? Ba’t naman ako magtitinda ng bawal?” sagot niya.

“E bakit parang madulas sa hawak at malagkit? Iba rin ang kulay at sobrang mura,” paliwanag ng ale habang hinahawakan ang karne.

“Naku, kung hindi ka bibili, wag mong lamutakin yung tinda ko! Mamamalasin ako kapag ganyan ang kostumer! Mura na nga, marami ka pang reklamo.” Sadyang nilakasan niya ang kanyang boses, para marinig ng ibang nagtitinda at mamimili.

“Ang suplada mo! Tingnan natin kung may bumili pa ng mga tinda mo!” galit na wika ng ale. Matumal ang benta niya buong umaga.

abro

Ilang saglit pa’y narinig ang katok sa pinto. Sinilip niya ang orasan. Tanghali na. Binuksan niya ang pinto at pinatuloy ang lalaki.

“Dumeretso ka na sa kwarto, maghuhugas lang ako,” sabi niya.

“Sige, ‘wag mo akong pag-antayin, a. Sa iyo at sa kape ko. Baka sa inip ko ipa-inspeksyon kita bukas,” nakangising wika nito. Pumasok sa kuwarto ang pulis.

Habang nagsasabon, nangilid ang luha sa kaniyang mata. Mabilis niya itong pinahid at huminga siya nang malalim.

Kumuha siya ng tasa at nilagyan ito ng mainit na tubig mula sa thermos. Ibinuhos niya ang isang pakete ng 3-in-1, at bago hinalo ng kutsarita, idinagdag dito ang natitirang likido mula sa isang maliit na botelya.

Mamaya na niya aasikasuhin ang pagsunog sa mga karneng ilang ulit nang nilamas-lamas, mula sa babuyan, matadero, hanggang sa makarating ito sa palengke. Hindi na niya kailangang tanggalin ang dulas at lagkit nito.

# ANDRE MAGPANTAY

Si Andre Magpantay ay kasalukuyang nag-aaral sa University of the Philippines, Diliman ng kursong BS Biology. Siya ay nagsilbing Editor-in-Chief ng dalawang opisyal na pahayagang pampaaralan noong siya'y elementarya at sekondarya. Siya ay tumanggap ng ilang parangal sa Campus Journalism kabilang na ang DIWA Most Outstanding Journalist Award, at dalawang Journalist of the Year Award na iginagawad ng kanyang dating kinabibilangang institusyon. Nagsusulat siya ng ilang maikling kwento, sanaysay, tula, dagli, at ilan pang malikhaing akda sa kanyang libheng oras.

# SA MAPANGANIB NA LUNGSOD

Talamak sa balita sa radyo at TV ang karahasan sa lungsod. Kabilaan ang patayan, at kamakailan lamang ay isang babae ang ginahasa at pinatay sa isang madilim na eskinita. Narinig ni Joan ang balita na agad nagpakaba sa kanya.

Alas-kuwatro ng hapon hanggang alas-diyes ng gabi ang kaniyang duty. Matapos ang ilang oras ng pagsagot sa mga tawag, inipon niya ang mga gamit at kinakabahang bumalik pauwi.

Binilisan niya ang lakad na minsan ay nagiging takbo. Mabilis ang tibok ng puso ni Joan, para bang minsan ay may sumusunod at tumitingin sa kaniya.

Nang makarating sa bahay, binuksan niya ang radyo. May hinihintay siyang balita. Hintay... hintay... Subalit tila walang nabiktima sa araw na iyon. May kaunting payapang nadama si Joan, subalit naisip niyang kung walang biktima ay tiyak na may mabibiktima na naman sa ibang araw.

Kinabukasan ay umulit na naman ang siklo ng kaniyang araw. Umalis sa maliit na tirahan, pumasok sa opisina, at nang maggabi ay naglakad muli pauwi. Hawak sa kaniyang mga kamay ang isang pepper spray. Pakiramdam ni Joan ay nagmamasid at handang umatake ang kawatan. Dali-dali siyang tumakbo patungo sa kaniyang bahay.

Binuksan ang radyo. Wala na namang biktima.

Sa muli ay pumasok si Joan sa opisina. May isang sulat ang kaniyang nakita sa kaniyang cubicle. Nagbunga na lahat ng kanyang paghihirap: promoted siya bilang manager. Tataas nang kaunti ang sweldo, pinag-isipan niya kung aalis ba siya sa kasalukuyang tinitirhan.

Di niya namalayan na oras na pala ng kaniyang pag-uwi. Inisip niya na maaaring ito na ang pinakamasuwerte niyang araw. Di siya mapakali.

Natigilan siya nang makarating sa mapanganib na daan. Hinawakan ang pepper spray at dahan-dahang sinimulang maglakad. Mabilis ang tibok ng kaniyang puso na sinabayan ng malalalim na hininga. Bibilis nang kaunti sa kanyang paglalakad. May mga tinig sa paligid na di niya mawari kung guniguni. Nagtatakbo siya hanggang sa mapatid.

Tumingin siya sa likod. Nanlamig ang buong katawan ng dalaga nang makita sa dilim ang hulma ng isang lalaking papalapit.

Hinabol siya ng lalaki. Mabilis na tumakbo si Joan. Mabilis ang tibok ng puso ng dalaga: alam niyang ito na ang mga huling sandali niya sa mundo. Tiyak na mapapagaya siya sa babae sa radyo. Naramdaman niyang papalapit na ang lalaki, maaabutan siya nito.

Binagalan ni Joan ang takbo na di naglaon ay naging lakad. Nasa likuran na niya ang lalaki. Nang hawakan siya ng lalaki sa balikat ay ginamit niya ang pepper spray. Napasigaw sa sakit ang lalaki, hinawakan nito ang kaniyang dalawang mata sa sakit. Nahulog sa kamay ng lalaki ang cellphone na nalaglag ni Joan sa kaninang pagkakadapa.

Hinablot ni Joan ang cellphone at nagbalak na tumakbo, subalit kinabahan siya na baka sundan ng lalaking umaaray sa sakit. Agad niyang tinulak ang lalaki. Tumama ang ulo nito sa pader, nawalan ng malay, at puno ng dugo sa ulo.

Tumakbo siya pabalik sa kaniyang bahay. Muntik-muntikan na siya, wala na sa kamay niya ang pepper spray. Bukas ay papasok siya bilang isang manager. Pinindot ni Joan ang radyo, walang biktima kagabi. Sa unang beses, sa nagdaang tatlong araw, nakatulog siya nang mahimbing.

Kinabukasan ay mababalitaan na naman ang isang nabiktima sa mapanganib na lungsod.

agabro

# JOANNA MARIE L. MARTIREZ

Nagtapos si Joanna Marie L. Martirez sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas sa kursong AB Filipinohiya noong 2006. Kasalukuyang kumukuha ng masterado sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila sa programang MA Filipino. Guro sa Filipino sa Junior High School sa Pasig City Science High School mula taong 2007 hanggang sa kasalukuyan. Hilig ang pagbabasa ng mga nobelang tagalog at Tagalog romance pocketbooks, at pagsusulat ng kwento, tula at dagli.

# ALAM NA!

“Tangina mong hayop ka! Sa’n ka na naman natulog kagabi?!”

Dinig na dinig ni Carlo ang boses ng nanay niya habang papasok siya sa bahay. Nakatitiyak siyang nagsisimula na naman ang murahan.

“Tangina mo! Hindi na ba titigil ‘yang bunganga mo?!’ sigaw ng tatay ni Carlo.

Agad na binuhat ni Carlo ang magtatatlong taong gulang na kapatid na hindi pa nakapagsasalita at dinala sa kuwarto. Iniupo niya ito sa kama.

Nakangiti ito sa kaniya pagkatapos niyang iabot ang hopia.

Maya-maya, nanlaki ang kaniyang mga mata at nagmamadaling lumabas ng kuwarto kasama ang kapatid.

“Nay! Tay! Marunong nang magsalita si Koy-Koy! Marunong na siya! Koy, iparinig mo nga kina nanay at tatay.”

Napangiti si Koy-Koy sabay sigaw, “Tangina mo!”

*Carlo*



# RONNEL TALUSAN

Anak ng magsasaka, si Ronnel V. Talusan ay taal na taga-San Rafael, Bulacan. Kasalukuyan siyang guro sa Filipino, Panitikan, at Kasaysayan sa Far Eastern University – Manila. Mahilig siyang magbasa-basa at magsulat-sulat. Produkto siya ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas – Manila.

# DIAMANTE

Gumagahok ang kaniyang lalamunang nabubulunan. Kay tindi ng tinanggap niyang iyon kanina. Akala niya'y luluwa na ang kaniyang bituka!

Tahimik niyang hiniling sa sarili, sana'y mga ilang oras pang muli bago ang kasunod. Kailangan niyang huminga muna. Kailangan niya ng panibagong lakas!

Sa kanilang lahat, lagi na, itong si Mang Gardo ang pahirap. Siyang pinakamalupit. Tatlo hanggang limang araw nga siyang pagpapahingahin, sa loob naman ng ilang minuto lang na pagbawi ay malasog-lasog ang kaniyang kabuuan!

Kailan pa nga ba siya nagsimulang maglingkod sa pamilyang Calixto? Paminsan-minsan ay sumasagi iyon sa kaniyang guniguni.

“Dito na tayo titira,” hinagod nito ng tingin ang kabuuan ng bahay. “Pasensiya ka na muna, pero siguro’y tama lang ito sa atin.”

Hinawakan ng babae ang bisig ng lalaki. “Ikaw naman, Gardo, ayos ito. Ang ganda nga e!”

Bagong kasal lamang noon ang mag-asawa. Magtatatlong dekada na pala siya rito sa susunod na buwan! Noong una, okey na okey

pa siya. Kayang-kaya niya lahat ang trabaho. Sa kaniyang kabataan at kasariwaan, kaya niyang harapin at tanggapin ang lahat ng pagsubok. Kaya niyang saluhin ang bawat pasakit. Kaya niyang lunukin ang lahat ng pagsasamantala. Larawan siya noon ng katatagan at katapangan. Ngunit ngayon, sa kaniyang pagkakaedad, nakararamdam na rin siya ng pagod, ng panghihina, ng panlulupaypay. Pero ayaw niyang tanggapin sa sarili na porke siya’y tumatanda na ay wala na siyang silbi!

Kaya kong makipagsabayan sa mga bata at baguhan! ‘Wag nila kong menosin!

Muli niyang pinakiramdaman ang sarili. Nakababawi na siya ng lakas. Ngunit iyon nga ba talaga ang kaniyang kailangan? Binabagabag siya ng kung anong kakulangan sa sarili na hindi niya maunawa. Alam niya, matagal niya na ring hindi mawari kung ano ang nawawalang pirasong iyon na kukumpleto sa kabuuan ng isang kapanatagan.

Blag! Blag! Kablaaaag! Blaaaag! Kablaaaaag!

Dinig na dinig niya ang ingay na iyon mula sa malapit. Bigla siyang nakadama ng tuwa. Pinupukaw siya ng gumagapang na kaligayahang iyon sa kaibuturan ng kaniyang sarili. Nabubuhayan siya ng pag-asa. Marahil, sa loob-loob niya, magkakaroon na siya ng karamay at kahati sa kaniyang tungkulin sa pamilyang iyon.

Naalala niya, kamakalawa’y nag-uusap ang mag-anak. Magpapadala raw ng pera ang panganay, si Gary, na nagtatrabaho sa Dubai. Para raw masimulan na ang renobasyon sa bahay. Iyon kayang naririnig niyang kalugkugan ay hudyat na ng paghahakot ng mga gamit para masimulan na ang paggawa sa bahay? O aktwal nang nagsisimula sa pagtatrabaho ang mga manggagawa? Kay saya kung gayon nga!

“Unahin ninyo ang gawing kusina,” si Mang Gardo.

“Oho,” sagot ng manggagawa. “Titibagin na ho ba bale lahat?”

“Aba’y oo naman! Papalitan lahat yan ng primera klase!” may pagmamalaki sa tinig ni Gido, ang bunsong anak.

Narinig niya ang malalakas na palo ng maso sa tinitibag na pader. Yumugyog sa gawing iyon sa kusina. Umuuga sa tindi ng bawat palo at pukpok. At, ano iyon? Papalapit nang papalapit yata sa kaniya ang yanig!

May kung anong biglang kumislot sa isip niya. Ang tuwang nadama niya kanina ay biglang naging pangamba. Ang kapanatagan ay naging sindak. At ang luwalhati ay naging lagim!

Huwaaaaaaaag!

Nilagom ang tinig niya ng nadudurog, tumatabong semento mula sa pader na ginigiba.

“Siya nga pala, ‘Tay, iyong inodoro? Puwede pa natin ‘yong magamit.”

“Naku, huwag na! Tabunan na lang iyan, tatal, mataas naman ang ipapatambak nating lupa.”

“Pero ‘Tay, Diamante pa ang tatak no’n!”

“Kow! Dalawandaang piso lang ang bili ko ro’n no’ng araw!”

Habang unti-unti siyang lumulubog at natatabunan ng guho, kumitib sa kaniyang puso ang isang pambihirang ligaya. Lyon ang matagal niya nang hinahanap. Lyon ang nawawalang pirasong papawi sa kahungkagang bumabahala sa kaniya.

Pinasalamatan niya ang kaluwalhatian. Niyapos niya ang kapayapaan.

# *ROI YVES H. VILLADIEGO*

Natapos ni Roi Yves H. Villadiego ang kaniyang pag-aaral ng kursong BA Communication Arts, Major in Speech Communication sa UP Los Baños noong 2019. Sa apat na taon, natutunan niya na ang pagsulat ay isang lenteng nakapagpapaintindi ng mga problema sa lipunan. Naniniwala siyang dadating ang panahon na ibabahagi niya ito at ang iba pa niyang natutunan sa pamamagitan ng pagtuturo.

# PAG(MAMA)LINIS

Lumayo na ako sa kanila. Pauwi.

Dinig ko pa rin ang alatiit ng kahoy, yero, at kasangkapang pangkusina. Hindi pa rin sila natitinag sa paghahakot at paglilinis.

“Anong naghahanapbuhay? Walang pero-pero!!!” bulyaw nila sa akin. ‘Sing-ingay ng umaalulong nilang sirena.

“Tess! Tess!” May tumawag sa akin. Huminto ako’t lumingon. Si Minda. Humagulgol na ako.

‘Di naman ako nakaharang, mare. Nabubusog pa nga ‘yung mga estudyante sa paninda ko.”

“Ang hirap nga, pero Tess, binalaan na kita sa operasyon...”

“... At kinuha nila lahat, pambaon ng mga anak ko, pati pangkain namin! Ano nang gagawin ko?”

Katahimikan. Pinunasan na lamang niya ang basa kong pisngi.

Binaybay naming muli ang aspaltong mainit. Dagsa rin ang mga taong naglalakad papunta sa dulo ng kalye kung sa’n ako umuwi.

“Mga manananghalian siguro sa karinderya,” bulong sa akin ni Minda.

Sa 'di kalayuan, kitang-kita namin. Hindi pala putahe ang sadya nila. Tutok na tutok ang lahat sa lumang telebisyon.

“Makinood tayo ng balita. Hihiram din ako ng pera kay Aling Bening,” sagot ko. Tumuloy kami.

Bumungad ang pamilyar na mukha sa telebisyon – siya nga! Ang kumuha ng paninda’t gamit ko.

Sa ilalim ng larawan niya, ipinaskil ang mga salitang:

“BUSINESS TYCOON / MAYOR POLO DURTE, ABSWELTO SA KASONG PAGBEBENTA NG ILEGAL NA DROGA”



*Tula*



# RENE BOY ABIVA

Si Rene Boy Abiva / R.B. Abiva / RBA ay nagsusulat ng tula at maikling kuwento sa wikang Iluko at Filipino. Siya rin ay musikero, iskultor, at pintor. Fellow siya ng 58th University of the Philippines National Writers Workshop para sa kaniyang mga tula. Ang *Kapatiran ng Bakal at Apoy: Mga Piling Maikling Kuwento at Dagli* ang pinakahuli niyang libro.

# ANG GUNITA'T ABO NG SUSONG DALAGA AT ANG BAGONG ALAMAT

Gabi-gabi na lamang kung magliwanag  
ang dambuhalang apoy sa tuktok  
ng Bundok Telakawa.

“Malamang,” ‘ika ni Maningning Vilog  
sa kanyang Tata Casia  
habang payapang namamahinga  
sa ilalim ng inaagiw na kamalig  
at walang lamang dulang,  
“ay nananabako na naman  
ang higanteng si Capas.”

Pananabakong siyang ritwal  
upang pansamantalang maghilom  
ang mga sugat sa damdamin, guniguni,  
pag-aasam, at pagnanasa  
matapos mauwi sa malaking kabiguan  
ang pag-ibig niya kay Tarlak.

Subalit mali pala ang naunang hinuha,  
ang liwanag na nakikita  
ng mag-ama, at iba pa  
na sinlaki ng palanggana at plaka,  
sinliit ng bungaga ng baso at platito,  
at korteng parisukat-parihaba  
na waring aandap-andap na Sanyo o Toshiba  
sa gitna ng dilim,

na palipat-lipat ng direksyon  
na sinasabayan pa  
ng hugong at pagyanig sa lupa,  
ay mata pala ng Caterpillar at Komatsu  
na walang-awang sinususo hanggang sa masaid  
ang banal na Lawa ng Tambo.

Pagputok ng mga silahis,  
animo'y nilamon ng liwanag si Aranguren  
at ni isang bakas ng kanyang pag-iral,  
ni palatandaan ng samyo o abo,  
ay walang nakita.  
Nawala ang kita sa malayo  
na anyo ng isang babae na nakahiga  
na may ilong, bibig, baba, at dalawang magandang hubog  
na suso na waring sa isang dalaga,  
habang ang bagong Aguinaldo  
na mahilig uminom ng Viagra,  
at mga Bagong Macabebe  
ay tuwang-tuwa habang minumura  
ang mga gaya nina Evangelista't Calosa,  
habang siya'y kandung-kandung  
nina Trump at Xi  
at taas noong ipinagmamalaki  
kasama ang kanyang BCDA  
sa Facebook, Twitter, at IG  
na ilang porsiyento na lamang

ay tapos na ang Phase 1A  
ng New Clark City  
at handa na umano ang Filipinas  
para sa isang palaruang world class.

Ngayon,  
isa nang patay na ilang  
ang gitna  
ng San Jose, Concepcion,  
Botolan, at Bamban.

Nawala  
ang mala-Great Wall na panangga  
ng Zambales, Nueva Ecija,  
Pangasinan, at Pampanga  
laban sa nanunuot-sa-butong Amihan  
kung Disyembre hanggang Pebrero  
na regalo ng lusaw na niyebe  
mula Kremlin at Siberia,  
at ang propesiya noon sa isang malaking baha  
-- ng propetang si Vizconde de la Riva  
May Granada sa Balsa --  
ng tubig mula Sapa ng Dingding at Namria,  
gayundin mula Ilog ng Lungcob,  
ay tila nakatakdang maganap.

Hindi dapat ginalaw ang Susong Dalaga!  
Hindi dapat winasak ang Susong Dalaga!  
Dahilan upang balisa't mag-alab ang mata  
ng mga kantero, magbubukid, at magtutubo!

Ang nananabakong si Capas  
balita'y nasa kapatagan na  
at nais usigin ang lumapastangan  
sa sagradong kaayusan  
ng kosmos at mga atomo sa kalikasan,  
na ayon sa mga matatabil at malabiga  
ay umanib na ring ganap  
sa kilusang iniapo ng Kolorum  
at Hukbalahap  
na nagkukuta sa Bundok Mor-Asia  
at Bundok Canouman,  
na bulung-bulunga'y may lakas  
na gaya sa binatang kalabaw  
at liksing wari sa alamid at kidlat,  
na handog umano ng mga ispirito  
ng mga namayapang gerilya at insurekto  
na nangangalaga sa Bukal ng Mapaling Danum  
at Bundok Bueno.

Mula noo'y nagmistulang araw na ang gabi  
at palihim-tahimik na gumagalaw,  
na waring sa tubig ng Mabalacat,  
hanging-bukid ng Cabiao,  
luwad ng Bayambang,  
at dalampasigan ng Masinloc,  
ang nagising na bayan  
ng mga higante.

At mula nga noo'y gabi-gabi at araw-araw  
na lamang kung magliwanag ang dambuhalang apoy,  
hindi sa tuktok ng Bundok Telakawa  
kundi sa ibabaw ng lupang kinatitirikan  
ng mga makahiya, kogon, talahib, paragis, at trigu-triguhan.  
Ito ang planetang bumihag sa Dakilang Bernardo Carpio  
na simpula ng hinog na bugnay at mabolo.

Pumipitik nang mabigat  
ang pulso ng lahat  
na waring sa paghatak ng makina  
sa bawat hibla ng pinatuyong pinya,  
kangkong, kopra, at abaka,  
o waring sa paglakatak ng makinilya

*abro*

na uhaw at gutom humabi ng letra  
ng makatang si Bigornia  
o ng nobelistang si Sicat.

Bumangon na  
mula sa putik  
ang kinatatakutang banta,  
kaya dapat maghanda  
na sa pagputok ng mga bulo  
at pagkiwal ng mga puyo.  
Sa pagitan ng agaw-dilim  
at agaw-liwanag  
nangabubuhay ang prosa  
ni Abreu.

*Hulyo 22, 2019*  
*Lungsod Quezon, Maynila*

\*Ang paglalarawan kay Aranguren (Dalaga), Capas (Minggan), at Tarlak (Sinukuan), at ang protagonistang si Vizconde de la Riva “May Granada sa Bursa” ay halaw sa Alamat ng Susong Dalaga na mababasa sa librong Ang Aso, Ang Pulgas, Ang Bonsai at Ang Kolorum ni Jose Rey Munsayac. Layon ng radikal na paghahambing na mabigyan ng lokal at napapanahong timpla ang alamat at mailapat sa konteksto ng pangkabuuang laban ng Gitnang Luzon laban sa New Clark City at iba pang porma ng development aggression. Sa kabilang banda’y isang pagtatangka itong magawan ng kuwento sa porma ng alamat, ang naglahong Bundok ng Susong Dalaga sa Barangay Aranguren, Capas, Tarlak.

# ANG PAGDATING NG MGA JUAN KRISTO

(HULING PITONG *PARMATA*)

## I. ANG HULING PAGKALAGAS AT PAG-ALPAS

Magbabagsakan ang mga bulaklak  
ng Akasya nang dahan-dahan  
na animo'y sunog-baling mga pakpak  
na ipinanlaban sa bagwis ng hangin  
at grabidad ng mundong nasa puso  
ng lasing-baliw na uniberso.

## II. ANG HULING PAGSILO

Ang mga luntiing dahon  
ay 'di payapang tatabing sa bughaw na langit.  
Anong tining at tamis sa pandinig  
ang malilikhang tunog mula sa kiskisan  
at salimbayan sa isa't isa  
sa kailaliman ng malambong na gabi  
matapos kalabitin ng mga putikan  
at nakakalabaw na mga anghel  
ang tansong gatilyo ng karbin at kalashnikov.<sup>2</sup>

## III. ANG HULING PAGKUBKOB NG MGA KINULOB

'Di rin magpapapigil ang mga pana!<sup>3</sup> sa pakikipagsapalaran.  
Kanilang tataluntunin nang paisa-isa  
ang malalaki at maninipis na mga sanga



ng magiliw at tahimik na puno ng Nara  
na siyang kuta ng mga limbas at agila.

#### IV. ANG HULING AWIT NG BAYAN, INTERNASYUNAL

Dudupikal ang mga kampana,  
aalingawngaw ang mga sirena,  
ang mga tore, gayundin ang mga  
lumang bandillo sa huling umaga.

#### V. ANG HULING ALIMBUKAY

Isasaboy ng lupa ang kanyang poot – himagsik  
sa langit na ngayo’y gaya sa matandang balon  
na inuud – nilulumot pagkat ‘di gumalaw  
sa paglipas ng mga segundo sa bawat araw  
ng mga linggo ng mga buwan ng mga taon  
ng mga dekada ng mga daantaon ng mga libongtaon.

#### VI. ANG MGA ALPHA AT OMEGA

Uusbong ang mga Juan Kristo na ‘di ‘sang poon  
mula sa pinagsanib na abo’t putik ng kahapon at ngayon,  
na nalikha nang magpang-abot ang tubig at apoy  
sa pagitan ng papagapang na liwanag at papalahong dilim  
sa matris ng naguguluha’t sumasalapisap sa init at lamig

ng mapula't nag-aalab ngayong daigdig.

## VII. ANG HULING PAGSUKO NG LANGIT

Mangingitim ang buong papawirin  
sa pagitan ng papatapos na tag-araw  
at papasibol na tag-ulan,  
sa palad ng mga dinuhaging bayan  
ng Malayong Silangan.  
Magwawakas ang mga piping dalangin  
at bulag na pangitain  
sa sandaling mahimasmasan  
ang dagat ng mga alipin.

*Marso 29, 2019*

*Lungsod Quezon, Maynila*

- 
- 1 Parmata – Iluko ng signos at propesiya.
  - 2 Kalashnikov – isang uri ng otomatikong baril.
  - 3 Panal – isang uri ng ibong-bukid.

# RYAN CEZAR O. ALCARDE

Si Ryan Cezar O. Alcarde ay naging fellow ng Ikalawang Palihang Multi-Genre ng PUP, Ika-19 Iyas La Salle National Writer's Workshop, at Ika-12 Palihang Rogelio Sicat. Kasalukuyan siyang nag-aaral sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman.

## GAGAMBA

Nang ilagay mo sa palad ang naaagnas niyang katawan,  
namusyaw na ang pulang batik sa kanyang likod, pudpod  
ang dating talim ng walong galamay. Hinanap mo  
ang bakas ng makailang-ulit na pagtulay sa mga tingting  
at ang pagkit na minsang nilabanan ang pwersa ng grabedad.

Ngunit wala na ang ningas na kanyang pinahiram  
nang mga haping tinakasan mo ang pag-idlip. Kasabay  
nawala ng mga kalarong inggit na inggit sa iyong sundalo.  
Sino nang ihaharap sa entablado ng mga kanto't pasilyo?  
Sinong ilalaban sa gilid ng simbahan ngayong linggo?

Susuyurin mong muli ang lawak ng mga bakuran.  
Aakyatin ang mga puno ng mangga at hahanapin sa dulo  
ng mga sanga ang pinakamatibay na hibla ng pilak.  
Nakasabit doon ang medalya ng nagbalik mong dangal.  
Nakahabi doon ang kwento ng nagbalik mong dangal.

At sa pagkaakit sa panibagong mga sapot, di magigising  
ang isipang siya sanang magtatanong kung saan  
humahantong ang mga bagay na nakawala sa iyong kamay.  
Malilimutan mo ang pag-ihip sa lumang kahon ng posporo.  
At ang labí na itinabi sa kumpol ng mga sinindihang palito.

# PATINTERO

Nang ilagay mo sa palad ang naaagnas niyang katawan,  
namusyaw na ang pulang batik sa kanyang likod, pudpod  
Hudyat ang nakaw na liwanag sa rilim  
upang salatin ang tubig  
ng nanuyong balon.

Karampot na patak na magpapaitim  
sa namutlang mukha ng kalsada,  
at guguhit sa mga linyang  
susundan ng taya,  
kaming itinakdang bantay ng pintuang  
likha ng musmos na mga katawan.

At ikaw, paslit na nagdaraan:  
Higitan ang liksi ng aming mga kamay.  
Ilagan ang patibong  
sa lumalabong landas ng putik.  
Tunguhin ang dulo ng guhit-  
tagpuan at huwag kalimutan  
kaming nanatili't

naghihintay.

Nakatanghod ang matatanda  
sa kanilang mga bintana.  
Sinusukat ng pudpod na mga daliri ang distansya  
mula sa naghihinalong mga bituin.  
Kung kailan sumapit ang eklipse  
sa kanilang mata.



# PATERNO BALOLOY JR.

Si Paterno “Pat” Baloloy, Jr. ay awtor ng librong *Agam-agam ng Langgam: Mga Tulang Pambata*. Siya rin ay naging 2018 writing fellow ng 18th IYAS National Writers’ Workshop ng De La Salle University - Manila at ng 11th Pali-hang Rogelio Sicat. Noong 2018, natamo niya ang unang gantimpala sa kat-egoryang tula para sa mga bata ng Don Carlos Palanca Memorial Awards. Bago nito, noong 2017, ay nagwagi siya ng ikatlong gantimpala para sa pare-hong kategorya ng Palanca. Naging writing fellow rin siya sa 14th Ateneo National Writers’ Workshop ng Ateneo de Manila University noong 2016. Sa kasalukuyan, siya ang Senior High School Coordinator ng Calauag National High School sa Calauag, Quezon, at kumukuha rin siya ng MFA Creative Writing sa De La Salle University, Manila.

# DISKURSO

Malagim ang sinapit  
ng mga dahong bumitaw  
sa pangako ng pagtitimpi,  
sa pagtabon ng pangarap:  
nalugsong pangitain sa pagsilip  
sa sinag ng kaligayahan.  
Hindi madukal na siphayo  
ang umaaligid sa pisngi,  
pilit iwinawaglit  
ang gahiblang siwang  
ng kaluluwa't ulirat  
habang binabalot  
ng pagkalito  
ang buong katawan.

Kahit ang walis  
ay ayaw dumampi  
sa pangamba na may balik  
ang liku-likong panalangin,  
naglalaban ang dasal  
sa usal ng nagdidiliryong dahon  
na may nilulusaw na patibong.

Tatambad sa lahat:  
ang tunay na kati  
ay wala sa kislot ng putik  
at pilantik ng sanga:  
makikita ito  
sa pagsungaw ng higad.



# *CHRIS JIL R. BENITEZ*

Si Christian Jil R. Benitez ay kasalukuyang nagtuturo sa Kagawaran ng Filipino sa Pamantasang Ateneo de Manila, kung saan niya natapos ang programang AB-MA Panitikan (Filipino). Nagawaran ang kanyang mga tula sa Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature, Maningning Miclat Poetry Awards, at Talaang Ginto, kung saan hinirang siya bilang Makata ng Taon 2018.

## **SAPAGKAT DAPAT SUMAPAT SA KALUNGKUTAN ANG LALABING-APAT NA TALUPTOD**

Sapagkat kay liit-liit nga naman talaga kung tutuusin ang kalungkutang ito,

Sapagkat kung hindi, paano pa maipaliwanag ang pagkakasya nito sa loob ko.

Sapagkat nararamdaman ko nga itong kalungkutan sa loob ko na parang kung-anong,

Sapagkat kay liit-liit nga, hindi ko rin naman magawang matunton-tunton.

Sapagkat ilang ulit ko mang subukang hilurin ito mula sa katawan ko

(Sapagkat ilang ulit ko na ngang sinubukang hilurin ito mula sa katawan ko,

Sapagkat tanga lang naman siguro ang hindi sumubok hilurin mula sarili ang lungkot,

Sapagkat wala naman sigurong hayop ang nais maging malungkot) ay wala pa rin.

Sapagkat ilang ulit ko na ring sinubukang sumulat ng tula tungkol dito

(Sapagkat iyon lang naman din ang alam ng tao kapag nalulungkot, di ba, ang magmukmok).

Sapagkat wala namang ibang itinuro sa akin kundi bumasa at sumulat. Subalit

Sapagkat natutunan ko ngayong sa kalungkutan ay hindi sumasapat ang mga salita,

Sapagkat hindi rin naman talaga tapat ang mga salita, dapat nang sumapat ang iisang taludtod na nalalabi para sa aking lungkot.

Sapagkat kung hindi, baka di na tayo matatapos.

# **SAPAGKAT NANGUNGULILA LANG TALAGA AKO SA ILANG KAIBIGAN AT BAGAMAN ALAM KONG HINDI NILA ITO MABABASA, NARITO PA RIN ANG ILANG BALITA**

Mas matagal na yata ang panahong iginugol ko sa biyahe pauwi Kaysa matulog sa gabi. Nalilimutan ko na rin pala kung minsan Ang mananghalian. Ngunit naniniwala pa rin naman ako sa diyos Sa palagay ko, ngunit hindi na yata sa ganoong paraan. O maaari Kung makikinig ka nang mabuti, maririnig na yata ako sa hangin, Ngunit maaari lamang, at hindi ko tiyak. Hindi ko na rin maalala Ang huling panaginip ko, at kung may kulay ba ito, at kung ganoon Ay bakit. Ang mabuting balita naman ay hindi ako mamamatayan Ng halaman, dahil hindi pa rin naman ako nag-aalaga ng halaman. Mas madalas nang magpagupit ng buhok ngunit mas madalang na Akong manood ng pelikula, at madalas, nanonood pang nakakatulog Mag-isa. Namimisikleta pa rin ako kung minsan, at kung minsan, Hindi. Nakapagsasalita pa rin naman ako. At dahil tulog nga ako Sa pagtulog, hindi ko na tiyak kung natutulog pa rin ako nang nakapikit.

# MA. CECILIA DE LA ROSA

Estudyante ng masterado sa Malikhaing Pagsulat si Ma. Cecilia de la Rosa sa UP Diliman. Nagtapos siya ng Philippine Arts sa UP Manila. Naipalabas sa Virgin Labfest (VLF) at pumangatlo sa Isang-yugtong Dula sa Palanca ang “Ang Mga Bisita ni Jean.” Naipalabas rin sa VLF ang “Labor Room” na muling itinanghal ng Bindlestiff Studio sa San Francisco, California noong Oktubre 2019. Nailathala sa iba’t ibang zines at antolohiya ang kanyang mga akda. Empleyado siya ng UP Diliman.

## ANG NAIWAN

Naiiwan ang lungkot  
Sa sala  
Kapag lumabas na  
Ang huling kamag-anak  
Ng namayapa. Hindi ito  
Sumasama sa mahabang  
Martsa ng buong baryo  
Patungong  
Simbahan, sementeryo  
At nakikipalahaw  
Sa nabalo, naulila.  
Mag-isa itong  
Nagmamasid  
Sa natunaw na kandila.

# ANG PUSA

May nakita akong patay  
na pusa sa gilid ng Silangang Palma  
noong Biyernes. Nilalangaw  
na 'yung pusa, kasi di lang basta patay,  
nagsisimula na rin yatang  
mabulok. Sinasabi kong "yata"  
dahil hindi ko talaga tinitigan  
ang pakiramdam ko'y  
nagnas nang laman.  
Dumire-diretso lang ako  
para mananghalian sa Vinzons.  
Wala na't lahat ang kinain  
kong bistek, at kumain na muli ako  
ng ginisang kalabasa kanina,  
at malinis na rin ang huling suksukan  
ng munting puting patay na pusa  
(salamat sa nagligpit).  
Pero tiyak pa rin akong  
mananaginip mamaya  
ng mga langaw at uod  
ng mga matang nakadilat,  
maliliit na pangil na nakasilip  
sa nakangangang bibig  
katulad kagabi, at noong Lunes din,  
noong Linggo, Sabado, Biyernes, Huwebes,  
Miyerkules, Martes, Lunes, Linggo,

sa mga gabing ni wala pang sakit  
ang kawawang nilalang  
hanggang bukas, hanggang sa susunod na gabi  
hanggang magising isang madaling-araw  
na ubos na sa wakas ang pusa  
o tinatanggap ko na ang pag-iral  
ng maliliit kamatayan.

# BAKASYON

Nagbibilad ka sa prowa  
ng bangkang de motor,  
dahil ayaw mo sa loob,  
ayaw ang kulob at amoy  
ng krudo at bagahe ng lula at antok,  
batang ginising sa madaling-araw,  
walang malinaw na tunguhin kundi  
laro sa tag-init. Ni hindi ka nanabik.

Gusto mong masiraan  
ng makina sa laot nang matanaw

ang isla ng ulan.

Sa gitna ng silaw at pagkislap ng lahat,  
nagkumpol ang tubig at ulap.

Kinagabiha'y nanaginip ka pang  
dumating ang kidlat na inabangan  
at hindi malampas-lampasan ng bangka  
ang iyong pagkamangha.





\*

Tatanda kang tulad ng bata sa prowa,  
wala na kailanman ang isla ng ulan,  
ngunit hihiling pa ring  
masiraan, masiraan.

# TIMANG

Itulog mo nang mahimbing  
ang iyong pagiging bata.  
Baunin sa paglalakbay  
ang pagiging malaya;  
habang mga paa lamang  
at hindi pa ang puso  
ang hinahamon ng mga sangandaan,  
ilakad, ihakbang, itakbo  
sa mga lambak at gulod  
ng panaginip ang malilinggit,  
malilikot mong talampakan.  
Sa ibabaw ng mga ulap,  
iapak ang galak at 'wag matakot  
ibagsak ng ulan.  
Sa baha'y sasaluhin ka ng tuwa  
sa 'di mo pa nakikilalang mga sigwa.

Pagmamasdan ko sa lamlam  
ang ngiti mong 'di pa nagmamalay  
sa silid na walang imik, pakikinggan  
ang mahinang halakhak at mga pangungusap  
na walang kahulugan.  
'Bayaan mo akong maging saksi



habang sa dis-oras ng gabi  
ay 'di ka pa ginigising ng lumbay.  
Habang ganito, Anak,  
ipaghilik mo muna si Nanay.

# *JOHN MARK JACALNE*

Si John Mark Jacalne ay tubòng Samar at kasalukuyang mag-aarál ng BA Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman.

## TIPASI

Oras na ng paghukom sa bawat butil  
Na di maayos na namolino,  
Isabog sa labas ng pinto  
At dahasin ng tuka  
Ng mga manok.

Manghinayang kayâ ang lupa  
Sa di nabayo, di nasaing, di nahirin,  
Kung sa sinapupunan niya sana  
Biyaya itong sumupling?

# *JOHN CHRISTOPHER DG. LUBAG*

Si John Christopher DG. Lubag ay isang guro at manunulat na kasalukuyang naninirahan sa Bulacan. Lumabas ang ilan sa kaniyang mga akda sa Baga Poetry (Great Concept Publishing, Inc.), Liwayway Magazine, at Katitikan (The Literary Journal of the Philippine South). Kumukuha siya ng Rody Vera Online Playwriting Course at ng Master of Arts Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman.

## MORNING BROWSING

Usong-uso talaga  
Ang funny trends sa umaga.  
Kayraming likes and shares  
Na posted on social media.

Pero with all due respect,  
Bakit may kupal sa news feed?  
Ay, palabas pala ulit  
Ang Captain Barbell, kapatid!

Aba, ano'ng drama nitong  
Kalbong krayola sa FB?  
A, 'yong pagpatay sa bata,  
O, di ba't adik nga raw kasi?

At kung paligsahan din lang,  
Si Pinocchio'y di lalaban.  
Usapang Princeton at UP,  
Next question na lang.

Naku! Heto na naman  
Ang pabibong guy sa viral vidyo.  
Sa dinami-raming sinabi,  
Nauwi lang sa puta at bobo.

Uy, nag-mini concert  
'Yong veteran OPM artist.  
Kaso 'yong old hit, may new lyrics,  
Ang dami tuloy nagalit.

Siyempre, di padadaig  
Ang Wolverine ng history.  
Kayhaba-haba nang buhay,  
Paano tayo magiging happy?

Hay, nakabuburat na  
Itong new pages browsing,  
Lalo pa't mukha ni singkit  
Itong updated profile ng admin.

Usong-uso talaga  
Ang funny trends sa umaga.  
Pero pag trapo on the wall,  
I-angry face mo sana!





# TAG-ULAN

Umulan na naman  
    ng mga bala kagabi,  
At naging bubong  
    ang kaniyang katawan.  
Walang naglakas-loob  
    sumilip sa bintana,  
Maging ang mga kuliglig  
    ay biglang nanahimik.

Ganito siya pinatay:

Narinig ng mga tainga sa dingding  
ang pananangis ng isang bata:

“Boss, maawa po kayo!  
    Hindi po ako kriminal!”

At nanatiling pundido ang mga bibig at ilaw—  
walang nangialam.

“lhagis mo ‘yang baril mo!”  
    “Boss, wala po akong baril.  
    Bibili lang po ako sa tindahan.”

Ngunit mas malakas ang kulog  
    ng mga baril  
    upang siya’y pakinggan.

Ganito siya pinatay:

Nakaposas.

Nanlaban.

# REX SANDRO NEPOMUCENO

Nagtuturo si Rex Sandro Nepomuceno ng komunikasyong pasalita at retorika sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman. Kasalukuyan niyang tinatapos ang gradwadong programa ng Malikhaing Pagsulat sa Filipino sa parehong unibersidad. Nailathala ang kaniyang mga akda sa ilang mga antolohiya at maliliit na independiyenteng publikasyon. Tubong-Marinduque, naninirahan siya ngayon sa Krus na Ligas, Quezon City.

## KOMPO

Ipaliliwanag ng sentido komun  
na kung ang tibay ng hanay ay nakasalalay  
sa pinakamahina nitong bahagi  
ang puwang ay pinto,  
paanyaya sa pagkawasak.

Tayo'y isang yunit, isang tipak  
ang mga hakbang ay isang hakbang  
ang mga sigaw ay tanging boses  
at ang bitak ang kalaban  
liban pa sa may dalang baton.

Ngunit ang katotohana'y  
ang bulto ay binubuo ng puwang.  
Ang kabuuan ay ilusyon ng mga pagitan,  
makikitid pero tiyak na nariyan.

Hinihirang tayo ng negatibong espasyo,  
isang pigurang hindi pa buo  
iskulturang hindi pa natatapos ngunit  
nakikilala na ang kalalabasan. Isang multo

na unti-unting lumilitaw, nagkakalaman,  
hinahamon ang pag-iral ng Lungsod subalit  
sa huli'y hindi pa maaabot  
ang lubos na resureksyon.

Kaya malugod nating tatanggapin  
ang hataw ng mga kaaway.  
Sasalubingin ang tubig habang  
tayo'y gawa pa lamang sa luwad.  
Isisiwalat ang reyalidad ng mga puwang.

Tayo'y mamamatay muli.

Babalikan ang pagkakabiyak-biyak,  
ang pagguho ng katawan.  
Haharapin, halimbawa, ang kawalan ng paa  
ngunit may tiyak nang alaala ng paghakbang.

# ROMEO PALUSTRE PEÑA

Si Romeo Palustre Peña o Rom Peña ay tubong Bondoc Peninsula (Catanauan) sa Lalawigan ng Quezon. Ang nobela niyang *Isang One Dalawang Zero* ay inilathala ng Visprint Inc. noong 2018. Tumutula-tula rin lalo na't tungkol sa lugar na kaniyang pinagmulan. Naging fellow sa tula sa UP National Writers Workshop noong 2018. Nagtuturo siya ngayon ng Panitikan at Malikhaing Pagsulat sa PUP. Gustong-gusto niyang basahan ng kuwentong pambata ang anak niyang si Akos Siglo. Nagtapos siya ng PhD Philippine Studies sa Unibersidad ng Pilipinas – Diliman.

## **MAY MGA SANDALING GANITO SA AMIN**

*(ALAY SA MGA CATANAUANIN SA BONDOC PENINSULA)*

May mga sandaling ganito sa amin. Naga-ulayaw ang magkasintahang ibong maya sa tuktok ng anahaw na bubong ng kapitbahay naming si Kang Mong. Nagalambingan ang magkasintahang nasa ilalim ng punong mayabong sa gitna ng Tagabong. Nagahabulan ang mga batang babae't lalaking nagamamataya-taya. Nagahinguto ang nanay sa lisain at kutuhing anak. Nagakatay ng manok na pangtinola ang tatay. Nagasaya ang mga maglulukad sa harap ng tagay. May mga sandaling ganito sa amin.

# *ROD ANTHONY ROBLES*

Tubong Tigaon sa lalawigan ng Camarines Sur at kasalukuyang nakatira sa Lungsod ng Quezon si Rod Anthony A. Robles. Nagtatrabaho siya bilang isang HR Manager. Siya ay nagtapos ng kursong Development Studies at Industrial Relations sa UP. Napabilang siya sa Palihang Rogelio Sicat 12 (tula) at LIRA noong 2019.

## PAGLIBAN

Aburidong bumubulyaw  
ang ginagahasang takore.

Kinalyo sa pagtili  
ang despertador  
sa bumbunan ng ulunan.  
Kumukunot na noo  
ang hiwatig  
ng kanyang taginting.  
Waring batingaw  
na hindi magkandaugaga  
sa pagsaboy ng nakaririnding banás  
sa masidhing pagtitig  
ng apat na matá ng bartolina.



Balisa at tuliro  
ang alas-otso y medya ng umaga  
na tila garapatang tinatakasan  
ng ulirat nang masiritan  
ng nanggagalaiting lahar.

Ang alimuom  
ng prinitong tinapa  
ay gumagalugad  
sa kalaguman ng espasyo.  
Maririnig ang pahapyaw na patikom  
ng kamaksi sa isipan.

Minantsa ng saboy  
ng kahel na bugá ng araw  
ang talukap ng pisngi  
(pisnging may latak ng natuyong apog)  
Isang matinis na pardibleng  
kumakadyot sa namamanhid  
na katawan at kamalayan.

Pilit ititikom ng mata ang kanyang balintataw  
ngunit sadyang maliwanag ang daan  
tungo sa paglunoy sa repitasyon ng siklo.  
Ang sariling anino ng pagkahapo  
ay hindi kailanman malulusaw

ng bawat pagsikat ng araw.

Labulabong alitan  
ng gabí at dapit-hapon  
ang karilyo sa isipan.  
Gagayak ba o sasalampak muli?

Pupungas-pungas na humahangos  
at nalagot ang hininga ng pagkalito.  
Dubdob na nagyayà ang kuna  
na pukawin ulit ang kapwa halinghing.  
Nag-alburuto ang telepono  
at dagling pinatahan ng katahimikan.

Dumupilas sa labi ang katagang  
“Ako’y lilíban may dalaw ang buwan”.

Nahimasmasan sa pagkalangó  
ang oras, sandali at segundo.  
At hindi nagpatumpik-tumpik  
ang láwas sa paghaliparot sa kutson.

*abro*



Maikling  
Kuwento

# CRIS R. LANZADERAS

Si Cris R. Lanzaderas ay isang assistant professor sa UP Rural High School (UPRHS) sa UP Los Baños. Nagtapos ng MA Malikhaing Pagsulat (UP Diliman) at BA Communication Arts (UPLB). Kasalukuyang tagapag-ugnay (subject area coordinator) ng UPRHS Departamento ng Filipino at guro sa panitikan at malikhaing pagsulat. Naging tagapagsalita na sa ilang mga seminar at workshop na inorganisa ng Department of Education at ilang mga samahan sa loob at labas ng UPLB. Nagsulat na rin ng teksbuk para sa Senior High School Filipino at naging writing fellow sa 2018 Valenzuela Writers Workshop at 2019 Ateneo National Writers Workshop.

# ALIBERDE\*

“Hoy, Rosa.”

Kausap na naman ni Domeng si Rosa del Rosario sa lumang poster ng Darna na nakasabit sa kaniyang ginawang opisina. Ginawa dahil hindi naman talaga totoo. Tulad ng mga ahas sa ulo ni Valentina at ang kapangyarihan ni Darna na makalipad. Tulad ng iba pang mga karakter na nakapaskil sa kaniyang opisinang nasa isang sulok lamang ng dating Memar Theatre. May isang mesang sa ibabaw ay mga tambak na papel at isang lumang lata ng gatas kondensada na nilalagyan ng pinaghalong natuyo at may tinta pang bolpen. Mayroon ding upuang yantok na miminsan lang din niyang gamitin dahil madalas na sa kama siya nagpapahinga at natutulog. Lalo pang pinaluma ang nababakbak nang dingding ng mga lumang poster at istrimer ng mga dating pelikulang minsan nang napanood ng mga taga-Bocause sa isa sa mga dating sinehan ng bayan. Sa umaga, aakalain itong abandonadong gusali. Ngunit sa gabi, nanunumbalik ang sigla nito taglay ang palabas at aliw na naiiba sa inaalok noon. Lumamlam na ang kasikatan ng Memar bilang sinehan. Lumipat na ang mga manonood sa mas magiginhawang sinehang de aircon sa Meycauayan, may kainan na’t

mabibili pagkatapos magsine. Wala nang kalaban-laban ang sinehang de paypay, gawa sa pinagsamang kahoy at kongkreto. Napalitan ang pinilakang tabing ng mga nag-iindakang mga dalaga, ng mga kumikindat-kindat na bombilya, ng mga naiibang palabas.

Dadalawa lamang silang mga guwardiya ng Memar. Hindi na naman kailangan ng “opisina” ang pang-umagang guwardiya. Kuntento na ito sa upuang iniumang sa labas ng club na nagsisilbi na ring tulugan sa mga haponng maalinsangan. Sarado pa ang club sa hapon. Ngunit si Domeng ang abala sa bawat gabing nabubuhay ang bahay-aliwan. Walang pinipiling araw ang mga dumadayo pang kliyente sa maituturing na “red light district” ng Bocaue. Sa dulong barangay kung papunta ng Marilao, ang highway ang napapalamutian ng kumukutikutitap na mga bombilya araw-araw, Lunes hanggang Linggo sa buong taon. Kahit hindi panahon ng Kapaskuhan. Kahit Kuwaresma. Pinananatiling gising si Domeng ng maiingay na kuwentuhan, ng tugtugan, at ng yugyugan. Maliban pa sa pagiging bantay, umeekstra din siyang tagalinis ng pinagsukahan ng mga lasing na lasing na kostumer, mga basag na bote at baso, at mga bakas ng iniwang ligaya ng kanilang mga paroklyano. Pero madalas, pagkatapos ng kaniyang pagronda at pag-ikot sa parking at sa paligid ng Memar, bumabalik na siya sa kaniyang munting opisina. Naghahabol ng maikling pahinga. Kaya kapag may mga pagkakataong nakapagnanakaw ng ilang sandali, nakasanayan na niyang kausapin ang mga lumang movie poster na naitabi niya at ngayon ay madalas na niyang nakakasama sa pinakamalaki, at marahil, pinakasikat na libangan ng mga kalalaking taga- at hindi taga-Bocaue sa pagkagat ng dilim.

Noong nakaraang araw, si Edna Luna. Sa gabing ito, si Rosa del Rosario ang gusto niyang makausap.

“Kumusta, Darna?”

Walang tugon.

“Wag ka nang mahiya. Tayong dalawa lang naman.”

Wala pa ring tugon.

“Di ka pa nasanay sa ’kin. Dayuhan pa ba ako sa ’yo?”

Naupo si Domeng sa kaniyang kama. Sinilip ang orasang nakasabit sa ulunan ng kaniyang hinihigaan. Saka ibinaling ang tingin kay Rosa del Rosario. Tulala sa kisame at akmang lilipad. Wala pa ring imik sa mga tanong

abro

ng nababagot na guwardiya. Natawa si Domeng sa sarili. Sa isip niya, tangang-tanga siya sa kaniyang ginagawa. Ngunit hindi niya pinipigilan ang sarili kahit natatangahan siyang kinakausap ang mga tauhan sa mga poster.. Ito ang nagpapanatili ng kaniyang manipis nang katinuan. Sa gabi-gabi ng kaniyang pagronda at pagbabantay nang mag-isa, kung ano-ano na nga ang pumapasok sa kaniyang isip. Dagdag pa ang kuwento ng mga malignong nagpaparamdam kapag disoras ng gabi't sarado na ang Memar. Itinirik daw ang sinehan sa dating sementeryo. Dating sementeryo na dating sinehan. Sabagay, bulong niya sa sarili, meron bang lugar na walang multo? Naalala niya ang kakarampot niyang kinikita sa pagiging guwardiya. Mas nakakatakot ang butas na pitaka at balsa. Nanginig ang kaniyang mga kalamnan.

“Hindi.”

Napatayo si Domeng sa narinig. Malinaw ang kaniyang narinig. Sa kauna-unahang pagkakataon, may sumagot na ng kaniyang gabi-gabing pagtatanong. Sumilip siya sa bintana. May mga tao ngunit alam niyang wala sa mga ito. Bahagyang madilim sa loob at nanggagaling lang sa mga ilaw sa labas ang liwanag. Iginala pa niya ang paningin sa buong silid. Tiningnan ang ilalim ng kama, ang labas ng kaniyang “opisina,” ang tambakan niya ng kaniyang mga gamit. At ayaw man niyang gawin, sinipat pa rin niya isa-isa ang mga poster – naroon pa si Edna Luna na buhat ni Jaime de la Rosa sa pelikulang Dyesebel, si Charito Solis sa Igorota, si Gloria Romero sa Ilocana Maiden. Natitiyak niyang babae ang boses kaya naging mabilis lang ang sulyap niya sa mga poster ni Fernando Poe, Jr. bagaman nagtagal din ang kaniyang mga mata kay Dolphy sa Facifica Falayfay. Walang kakaiba sa mga poster ko, pagtitiyak niya sa sarili.

“Hindi ka na dayuhan, Domeng.”

Mula sa kisame, bumaba si Rosa del Rosario suot ang costume ni Darna. Hinahangin pa ang telang tumatakip sa pagkababae nito. Iginawi ni Domeng ang paningin sa lumilipad na tela.

“O, anong problema sa costume ko? O sa kung anuman ang tinatakan ng telang ito?” tanong ng babae habang nakatingin din sa telang umaalon sa hangin.

“Ro-ro-sa?” nangangatal na tanong ni Domeng.

“Hindi ako si Rosa. Si Darna ang kaharap mo.” Umakting itong nakapamewang na signature pose niya bilang superheroine.

Kinumpirma ni Domeng ang nakikita. Kinurap-kurap at kinusot pa ang mga mata. Tigalgal pa rin pero nakuha pang sipatin ang poster ng Darna at totoo nga, nawawala si Rosa del Rosario.

“Wag mo na akong hanapin diyan. Heto ako sa harapan mo, o.”

Kinuha ni Darna ang mga kamay ni Domeng. Idinikit ito sa kaniyang mukha, sa kaniyang pisngi, sa kaniyang mga suso. “Lamasin mo para mapatunayan mong totoo ako,” sabi nito kay Domeng. Ngunit hindi maigalaw ng guwardiya ang kaniyang mga palad. Nanigas ang kaniyang katawan kasabay ng pagtigas ng kaniyang pagkalalaki.

“Kita? Totoo ako.” Pakindat-kindat pa si Darna habang nakatingin sa matigas na ari ni Domeng.

Agad niyang tinakpan ng unan ang matigas na nga niyang ari. Nakabakat sa maluwag na pantalong gawa sa malambot na tela. Pero walang salitang nanggagaling kay Domeng at maririnig lamang ang musika sa ibaba. Hindi siya makapaniwala sa nakikita at nahahawakan at sa lahat ng nangyayari. Tinanggal niya ang kaniyang mga kamay mula sa pagkakatampi sa suso ng babaeng kaharap. “Darna nga kasi,” pakli ng kaharap. Kinurot niya ang balat sa pisngi para subukang gisingin ang sarili. Nasaktan siya at nakumpirmang gising na gising pa siya. “Hindi ka nananaginip, Domeng. Gising na gising ka. Tulad ng ahas mo.”

“Nababasa mo ang iniisip ko?”

“Kasama ‘yan sa kapangyarihan ng bato.”

“Bakit ‘di ‘yan kasama sa pelikula?”

“Pelikula ba ako sa harapan mo? Totoo ako, Domeng. At kung kapangyarihan kong bumasa ng isip ng kausap, maniwala ka sa ‘kin. Bakit ba ayaw mong maniwala. Ngayong natupad na ang hiling mong kausapin kita, ayaw mo namang maniwala. Bakla ka ba? Bakla ka, ano? Pero walang problema, ‘di ako namimili. Ibibigay ko ang gusto mo. Ililigtas kita sa impiyernong ito.”



ay hinubad isa-isa ang suot niyang costume. Inuna ang matataas na bota. Isinunod ang sinturon, ang helmet sa ulo, hanggang sa ang bra at panty nalang nito ang natira. At kasabay sa dagundong ng musikang nagmumula sa dance floor ng club, sumayaw si Darna na ngayon ay si Rosa del Rosario na dahil wala na siyang costume. Kumendeng-kendeng, iniumang ang suso sa mukha ni Domeng, at hinawakan ang ari nitong hindi na nilipasan ng pagtigas. “Ding, ang bato mo. Ding, ang bato mo.” Humalinghing ang babae at nilaro ang ari ni Domeng. Napapikit si Domeng sa sarap. At kasabay ng kaniyang pagpikit ang pagkawala ng sensasyon sa kaniyang ari. Naglaho ang naglalarong kamay. Nawala ang halinghing. Nawala si Darna. Napahiga siya sa pagod at nakatulog.



Tahimik na sa ibaba nang magising si Domeng. Wala na ang kasama sa kaniyang “opisina.” Madilim pa rin pero pilit niyang inaninag ang mga hinubad na costume ni Darna. Walang kahit ano sa sahi. Sinipat niyang muli ang poster, naroon si Rosa del Rosario, nakatingala at akmang lilipad sa langit tulad nang nakasanayan niyang makita.

Gulong-gulo siya lalo na nang makita niyang nakababa ang kaniyang pantalon nang umupo siya mula sa pagkakahiga. Aminado si Domeng na hindi na siya bata subalit hindi pa naman siya ulyanin. At sa gabing iyon, ay napatunayan niyang may ibubuga pa siya. Hindi niya nakasanayan ang paghuhubad o paghuhubo bago matulog. Totoo ang kaniyang mga nakita. Totoo ang kaniyang naramdaman kasama si Darna.

Nang bumaba siya sa club, ay naabutan niya ang ilang mga tagalinis na nag-aayos ng magugulong mga mesa at upuan. Masama ang tingin ng mga ito sa kaniya. Sa gitna, ay naroon ang may-ari ng club na nanlilisik ang mga mata at handa na siyang pagalitan. Napatungo siya at aminado na mayroon siyang ginawang pagkakamali.

“Tang’na naman, Domeng. Napakasimple ng trabaho mo.”

“Sorry po, ser.”

“Unang warning ko na ito sa ’yo ha. ‘Pag nahuli pa kitang nakikipagtoldyakan sa oras ng trabaho, sisisantihin kita, makita mo. Alam

kong club ito pero alalahanin mo naman kung bakit ka nandito. Kung ‘di lang malaki ang tiwala ko sa ‘yo ha.”

Nanlaki ang mga mata ng mga naglilinis. Nanlaki rin ang mga mata ni Domeng. Nakikipagtoldyakan sa oras ng trabaho? Ano ang narinig ni boss sa taas? Tanong niya sa sarili. Kung gayon, hindi siya nanaginip. Totoo ang mga halinghing. Totoo ang mga himas at paglalaro ng ari. Totoo ang suso . Totoo si Rosa del Rosario.

Nang makaalis ang kaniyang amo ay siya namang paglapit sa kaniya ng ibang staff ng club. Dinumog siya ng mga tanong at pambubuska dahil alam ng kaniyang mga katrabaho na wala naman siyang binitbit na babae sa kaniyang “opisina.”

“Sa bintana mo pinadaan? Tang’na, Domeng. Libog na libog ka ba?” usisa ng isa na sunod-sunod ang tanong habang pinupunasan ng basahan ang basang sahig.

Hindi kaagad nakatugon si Domeng. Nag-iisip siya nang matindi. Iniisip niya kung papaano nangyari ang mga nangyari, kung papaano nabuhay si Darna na galing sa poster, na bumaba pa ito mula sa kisame tulad sa kung paano niya ito napanood sa lumang Memar, nang iniligtas ni Darna si Ding mula sa mga ahas ni Valentina. Kinuyom niya ang kaniyang mga palad at dinamdang ang susong pinalamas sa kaniya. Titigasan na sana siya ulit kung hindi siya inabutan ng walis ng isang tagalinis.

“O, bayaran mo utang mo.”

Hinawakan lang ni Domeng ang walis pero hindi niya igagalaw ang hawak. Lumilipad na ang kaniyang utak papunta sa langit na kaniyang narating.



Pupungas-pungas pa si Domeng nang dumating ito sa kanilang bahay. Nadatnan nito ang asawang naghihintay sa tarangkahan, may kausap na isa pang babae na agad-agad ding umalis nang matanaw siya.

“Sino naman ‘yon?” tanong nito sa nag-aabang na asawa.

“Wala. Tindera ng baboy sa talipapa. Nagpapareserba ako ng dugo para sa lututuing ulam bukas,” sagot nito.

“Sa susunod, ‘wag kayong nag-uusap sa labas ng bahay. Para kayong nagtsitsismisan. Ano na lang ang iisipin sa inyo ng mga kapitbahay.”

Napayuko na lamang si Rosa sa naging maagang sermon sa kaniya ni Domeng bagaman naninibago ito. Kadalasan, kapag umuuwi ito galing sa trabaho, ang pasalubong nito ay init ng ulo. Sasaktan siya, mumurahin, hahanapan ng anumang kapuna-puna kahit wala naman talaga. Subalit sa umagang iyon, nagmistulang isang guro si Domeng na nangangaral sa kaniyang nagkamaling estudyante – iiling-iling at palatak lang nang palatak na hindi naman niya ugali.

Sampung taon nang kasal sina Domeng at Rosa pero hindi pa rin nabibiyayaan ng anak. Ang problema’y wala sa babae, kundi na kay Domeng. Matapos ang napakaraming pagpapatingin sa doktor at maging sa albularyo, natuklasang may problema raw ang bayag ng lalaki. Hindi nito kayang lumikha ng sapat na semilya para mabuntis si Rosa. Kung ano-anong pampasigla sa kama, pampatigas, gamot-herbal, at kahit ang pagsayaw sa Obando ay ginawa na nilang mag-asawa. Wala. Sadyang may problema sa lalaki kaya ibinubunton palagi ang init ng ulo sa kawawang asawa. Ito namang si Rosario, Rosa para sa malalapit na mga kaibigan at kay Domeng, ay tinitii ang pananakit at pagmamalupit ng asawa. Inuunawa na lamang ang lalaking naniniwalang masusukat lamang ang pagkalahak sa paggawa ng anak.

Matagal nang pinaghihinalaan ni Rosa na kung sinu-sinong babae na ang nakakasama ni Domeng. Guwardiya sa club ang asawa niya kaya hindi malayong marami na itong nakilala at nakasama sa kama. Pero wala naman siyang magagawa. Kapag inusisa naman niya si Domeng, ay upak o sampal ang kaniyang inaabot. Nagsawa na rin siya gaya ng pagkakasawa nito sa kaniya. Paanong hindi magsasawa kung dati ay gabigabi nang nakikipagtalik ay wala pa ring magawang anak? Hinahayaan na lamang ni Rosa at nagpapasalamat na lang rin lalo na sa mga madalang na pagkakataong kalmado si Domeng na umuuwi.

Ipinaghanda niya si Domeng ng agahan. Inilabas ang pandesal na lumamig na at ipinagtimpla ito ng kape. Tahimik si Domeng na kumain. Walang reklamo sa malamig na pandesal. Hindi rin umalma kay Rosa dahil sa napatamis ang kape. Kumain lang ito. Sinabayan na rin niya ito ng pagkain.

At nang mahigop na lahat ang laman ng tasa, tumayo lang ito, hinubad ang pantaas, at isinampay sa sandalan ng upuan.

“Matutulog na ako.”

Tumango lang si Rosa at agad na kinuha ang hinubad na t-shirt ng asawa. Inamoy pa ito kung amoy pabango pero ang tanging nalanghap niya ay ang pawis ni Domeng na kabisado na niya. Lalo siyang nagtaka.



Sa loon ng banyo muling pinalipad ni Domeng ang kaniyang isip. Inalala ang nasa poster ng Darna at ang Babaeng Lawin kung saan nakasakay si Ding kay Rosa del Rosario. Pero sa kaniyang panaginip, ang babae ang nakasakay sa kaniya at hindi sa kaniyang likod. Nanumbalik ang sarap na naramdaman niya nang magniig sila ni Darna. Pinadaloy niya ang sarap sa kaniyang ari hanggang sa tumigas ito at saka niya pinaglaruan ang naghuhumindig niyang pagkalalaki. Binasa niya ng kaunting tubig at sinabon para maging mas madulas. Ibinubulong niya sa hangin ang pangalan ni Darna. Hanggang sa labasan siya, hanggang sa sumirit ang kaniyang katas. Nagtapos ang mabilisang pagpaparaos sa pagbulong sa pangalan ni Rosa na itinuloy na niya sa paliligo.

Nang makalabas, naabutan niya ang asawa na naghahanda ng kaniyang maagang hapunan tulad ng nakagawian. Mabilisan ang ginawa niyang pagpapalit. Kailangan niyang magpalakas sa kaniyang boss na maaaring mainit pa ang ulo dahil sa nangyari sa club. Naplano na niya ang gagawin pagdating – magroronda kaagad siya sa paligid at isasama na ang parking, at magwawalis kung kinakailangan. Gagawin niya ang lahat, mawaglit lang sa isipan ng kaniyang boss sa club ang nagawa niyang pagpapabaya sa trabaho. Maliban pa rito, inisip niya na kapag maaga niyang matatapos ang toka niyang gawain, posibleng makaiskapo siya saglit at magtagpo ulit sila ni Darna. Kaya pagkabihis ay sumubo lang siya ng ilang kutsara at saka nagmamadaling umalis.

“Alis na ‘ko. ‘Wag mo na lang i-lock ang gate,” paalala ni Domeng kay Rosa matapos lagukin ang isang basong tubig. Naiwan namang nagugulumihanang ang babae sa kakaibang asal ng lalaki.

Hindi ito nagpapaalam sa kaniya.



Ngiti ang unang sinalubong ni Domeng sa mga poster na nakapaskil sa kaniyang opisina. Halos umabot na sa mga tenga ang kaniyang mga labi nang mapatapat ito sa poster ni Darna. Magtutuos tayo mamaya. Kausap niya ulit ang poster at ramdam niyang sumang-ayon ito sa kaniya kahit walang anumang kindat, tango, o flying kiss. Wala siyang nakitang anumang tugon, basta't alam niyang mamaya, bababa ulit mula sa kisame si Darna. Kaya inilapag muna niya ang mga gamit at nagmamadaling bumaba para simulan nang maaga ang kaniyang trabaho.

Isa-isa nang dumating ang mga GRO ng club. Dumidiretso kaagad ang mga ito sa bihisan at make up area na nasa likod lamang ng entablado. Panay naman ang paglinga ni Domeng at ni hindi na tsinitsek pa ang bitbit na bag ng mga pumapasok na staff. Nanibago rin ang mga ito. Hinanap ang nakasanayang pagdudot ni Domeng ng anumang dala nila. Kahit ang matipid nitong ngiti ay hinanap nila, kahit pilit lamang ito at hindi naman talaga bukal sa puso ng guwardiya. Nagbukas ang club nang saktong alas otso ng gabi bagaman nagpapapasok na sila kahit alas sais pa lang.

Bulto-bulto kung dumating ang kanilang mga parokyano. Kadalasan kasi ay sa club na ginagawa ng mga ito ang kanilang mga party – birthday, anibersaryo, bachelor's party, basta't may okasyon, katapat ay alak, sigarilyo, sayawan, at mga babae. Para bang hindi kumpleto ang kasiyahan kung walang babaeng sasayaw sa kanilang harapan, tatabi sa kanilang mga upuan, at kung may ekstrang pambayad ay sisipingan sa mga motel at maging sa kanilang mga bahay. Take out kumbaga. At sanay na sanay na rito si Domeng. Kilala na niya ang bawat parokyanong ginagawang parausan ang club, alam na niya ang senyas ng mga ito – ang mga kindat, nguso, kumpas. Dapat din niyang kilalanin ang kanilang mga kliyente. Nakadepende sa ganda ng kaniyang serbisyo at pakikitungo ang posibleng mga tip na makuha niya. Matanda na siya sa trabaho, kaya alam na niya ang gagawin. Pero sa tagal na niya sa pagbabantay ng club, hindi niya pinatos kahit kailan ang aliw na mabibili rito. Natitiis niya ang sariling tawag ng laman. Marahil,

nanlalambot ang kaniyang pagkalalake sa tuwing naaalala ang kawalan niya ng kakayahang magkaanak. O dahil kilala na niya ang mga babae at ayaw niyang malaman ito ni Rosa? Si Rosa na kaniyang asawa? Tiyak na hindi. Ayaw lamang niyang malaman ng iba ang kaniyang kahinaan. Nanlalambot ang ari niya sa tuwing naiisip na patusin ang babaeng pinagpasa-pasahan na.

Kaya naiibang aliw ang natagpuan niya sa mahikang taglay ng kaniyang poster. Sigurado siyang wala pang nakikipagtalik kay Rosa del Rosario o kay Darna na lumabas mula sa kisame. Tiyak na hindi nito alam na wala nang kakayahan ang kaniyang semilya na lumikha ng isa pang tao. At makagagawa ba ng tao ang isang nilalang na galing sa papel? Sa mga paglilimi niyang ito, lalo siyang nanabik na makaakyat sa kaniyang opisina. Pero hindi siya basta-basta maaaring makaalis sa binabantayang puwesto. Kahit wala na ang bulto-bultong pagpasok ng mga parokyano, may paisa-isa pa ring pumapasok at ito ang mas dapat niyang bantayan. Madalas kasi ay sa mga paisa-isang pumapasok nagsisimula ang gulo. Wala kasing kasama kaya walang pumipigil. Mahusay dapat ang kaniyang tiyempo at mas mainam kung may staff na puwedeng humalili sa kaniya para sa isang “mabilisang pagbabanyo.” Kaya nag-abang si Domeng ng pagkakataong makapuslit.

“Tang’na Domeng, baka kung sino na naman ang ipupuslit mo sa taas.”

Kunwaring iniipit pa ni Domeng ang pantog. “Sige na. Ihing-ihing lang ako.”

“E, may banyo naman dito. Bakit ka pa aakyat?”

“Sasabayan ko na rin ng tae!”

Mabilis ang ginawang pagtakas ng guwardiya. Ni hindi man lamang siya lumingon para tingnan ang reaksiyon ng pinakiusapang staff.

Pagdating na pagdating sa opisina, niluwagan kaagad ni Domeng ang pantalon. Saka isinunod tanggalin ang pantaas. Sa gitna ng malamlam na liwanag, tulad ng liwanag na tumanglaw sa kanila ni Darna noong unang gabi ng kanilang pagniniig, nakalantad siya sa kaniyang kahubdan. Tigas na tigas na ang ari gayong wala pa namang humahawak. Pinatigas na ng kung anu-anong iniisip niya habang paakyat pa lamang ng hagdan. Idinako

agabro

niya agad ang tingin sa poster ni Darna. Wala roon ang superheroine. Kaya nakatingala siyang naghintay. Nag-abang ng Darnang muling magpapalanas ng suso at hihimas sa kanyang naghuhumindig na pagkalalaki. At tulad nga ng inaasahan, dumating ang kaniyang Darna na sa pagkababang-pagkababa ay agad na sinunggaban ang kaniyang ari at saka ito hinimas-himas.

Napaungol si Domeng sa sarap. Isang araw niyang hinintay ang pagkakataong ito.

“Gusto mo ‘to, Domeng, ‘di ba? Gustong-gusto mo ‘to.”

Lumuhod si Darna at habang hinuhubad ng isa niyang kamay ang kaniyang costume, ang isa naman abala sa pagbaba ng pantalong suot ni Domeng. Inilipat ang paglalaro ng ari mula sa kamay patungo sa bibig at ang dila ang naging mga daliri. Napahalinghing si Domeng na sinuklian naman niya ng marahang pagsabunot sa sumususong superheroine. Inangat ng babae ang mukha nito at pinipilit na magsalita kahit subu-subo ang ari. Ngusto mho ingo ngi bha, ngusto mho ingo ngi bha. Napakagat-labi lang si Domeng nang maramdamang lalabasan na siya, napapikit at dagli ring bumitaw ang kaniyang mga kamay sa pagkakasabunot. Sumirit ang kaniyang katas at bumagsak ang mga ito sa sahig ng kaniyang opisina.

Misteryo pa rin para sa kaniya ang paglaho ng katalik sa dalawang pagkakataong nakasama niya si Darna. Sa nakaraang mga gabi kapag nasa ruok na siya ng sarap ay saka siya iiwan sa ere. Sumasakit ang ari niya kapag nabibitin. Naniniwala siyang walang lalaki ang may gustong sinasakitan ng ari o bayag.

Malayo pa man ay nakikita na niya ang bibig ng pinakiusapang staff na bumubulong ng mga mura. Matagal-tagal din siyang nawala.

“Tang’na mo. Ano’ng ginawa mo sa taas, Domeng?” Umalis na lang itong nagkakamot ng ulo at dahil nakapasok na ang bulto ng mga parokiano’y natulala na lang si Domeng, iniisip kung paano patatagalin ang mabilisang pakikipagniig sa babaeng nasa poster.



Nagbaka-sakali si Domeng kung mabubuhay muli si Darna kahit may araw pa. Para naman hindi na lamang siya nagnanakaw ng mga minuto

sa kaniyang pagbabantay sa gabi. Hindi siya umuwi dahil hinintay niyang umalis ang lahat ng mga katrabaho. May ilang mga GRO na stay-in pero natutulog ang mga ito sa isang maliit na gusali na katabi lang ng lumang sinehan. Kaya magiging kaniya ang Memar.

Nagpaalam naman siya sa kaniyang boss na sa club na muna siya at hindi muna siya uuwi. Pinaalala nito na walang dagdag na bayad ang pananatili niya sa umaga dahil wala namang pangangailangang gawin ito. Walang problema, Ser! sabi niya. Alam naman niyang walang konsepto ng overtime ang may-ari ng club.

May isang oras pa bago dumating ang kaniyang kahalili, kaya nang makalayo-layo na ang huling grupo ng mga serbidor at serbidora, dali-dali ang pag-akyat niya sa kaniyang opisina. Habang nasa hagdan pa lamang ay taimtim na ang kaniyang paghiling na sana ay mabuhay na si Darna kahit naghuhumiyaw na ang liwanag. Hindi siya nabigo sapagkat sa kama, naroon si Rosa del Rosario sa kaniyang Darna costume at halatang ipinapakitang inip na inip na siya sa paghihintay.

“Napatagatag mo naman, Domeng.”

Sa liwanag, lalong kitang-kita ang ganda ng superheroine mula sa poster. Parang ito na mismo ang galing sa screen ng pinanood na Darna noon. Ngunit may kulay na at hindi na mula sa black and white na pelikula.

“Iba pala ‘pag may kulay na.”

Kinindatan siya nito at tinapik ang espasyo sa kama kung saan niya pinapaupo ang lalaki. Hindi naman nakapaghintay si Domeng. Hindi pa man tuluyang nakalalapit kay Darna, agad niyang inilagay ang kamay sa hita ng inip nang superhero. Dinama ng palad ang kinis ng balat at lalo pang naging mapag-anyaya ang mapupungay na mata ni Darna.

“Halikan mo ako,” bulong ng babae.

Wala nang pagdadalawang-isip. Sinibasib ni Domeng ang mga labi ni Darna at sa halip na pumikit at damhin ang sarap na kaniyang nararamdaman, pinanatili niyang mulat ang mga mata upang pagmasdan ang kabuuan ng katalik. Labi sa labi, dila sa dila. Sumunod kaagad ang paninigas ng kaniyang ari. Galit na galit. Ngunit sinikap niyang maging dilat dahil sa hinala niya’y kasabay ng kanyang pagpikit at pag-abot sa rurok ng sarap ay siya namang paglaho ni Darna.



Dinakma ng babae ang ari ni Domeng at sinimulan din itong himasin. Mula sa mabagal ay pabilis nang pabilis ang hagod ni Darna. Bumitaw ito mula sa matinding pakikipaghalikan. Inilipat ang bibig sa galit na galit pa rin niyang pagkabalaki. Hustong binasa ng laway mula ulo hanggang sa pinakakatawan nito. Tinanggal pa ni Darna ang helmet dahil nagiging sagabal na sa pagtaas at pagbaba ng ulo. Napahalinghing sa sarap si Domeng ngunit kagat-labi niyang pinigilan ang pagpikit. Hinawakan niya ang ulo ng superheroine at ginabayan pa ang pagpanhik at pagpanaog ng bibig nito sa kaniyang ari. May marahang pagsabunot dala ng gigil at ng sensasyong hindi niya mailabas sa kaniyang mga mata. Noong una ay mahina't pigil pa ang kaniyang pagmumura subalit bumigay na rin nang maramdaman niyang lalabasan na siya. Hindi na rin niya kayang manatiling mulat. At bago pa man tuluyang pumilandit at tumama sa mukha ni Darna ang kaniyang tamod, ibinuhos ni Domeng ang huling titig ng kaniyang paningin sa mga mata ng tagapagligtas, ang kaniyang paboritong babaeng bayani. Mula sa mapupungay na mga mata ni Darna, ni Rosa del Rosario, ng kaniyang artistang hinangaan mula pagkabata, ang mga luhang hindi niya alam kung saan nagmula. Hanggang sa sumirit na ang kanina pang pinipigilang pagpaparaos. Napapikit siya at nang imulat ang mga mata'y kapiling na lamang niya ang kaniyang katas sa sahig at isang panibagong tanong.



Hindi gaanong nakatulog si Rosa. Magdamag niyang inisip kung ano ang nakain ng kaniyang asawa sa biglaang pagbabago ng pakikitungo nito sa kaniya. Meron na naman kaya siyang ibang kinakalantaray? Pero inamoy na niya ang damit nito at wala naman siyang naamoy na kahina-hinala. Kabisado na niya ang amoy ng damit ng asawa kapag may nakakasama na naman itong iba. O marahil ay pinagtataksilan na siya ng kaniyang kakayahan? Alas singko na at isang oras na lamang ay darating na si Domeng. Ito na ang nakasanayan niyang oras ng pagbangon.

Inihanda na ni Rosa ang kakainin ng asawa. Nauna na rin siyang kumain para magiging lubos ang pag-aasikaso niya kay Domeng, na anumang

sandali ay posible nang dumating galing sa magdamag nitong pagbabantay sa club. Tinakpan niya muna ito para hindi langawin. Pagkatapos ay naupo sa isa sa mga upuang kawayang nasa salas at nagpaspas na rin siya ng abaniko pantaboy sa unti-unti na ring nagpaparamdam na init mula sa papasikat na araw.

Dala na rin marahil ng gaan ng kaniyang umaga, dahil wala ang pananakit ni Domeng ng nakaraang gabi, noon lamang niya napagmasdang mabuti ang kabuuan ng kaniyang bahay. Madilim na ito kumpara sa lumipas na mga taon. Dala na rin ng iba pang mga bahay na umaagaw na ng liwanag na pumapasok sa kanilang bintana. May kumakaway na mga agiw sa sulok-sulok na nagpapaalalang maglinis na siya. Sa ibabaw ng mesa ay may lumang radyo na miminsan na lamang din nila gamitin, at katabi nito ang iilang mga nakakuwadrong larawang nagsasabing minsan ding naging masaya ang kanilang pagsasama.

Binuksan ni Rosa ang radyo kaya naghalu-halo na ang musika, ang dilim, at ang mga alaalang nanumbalik dahil sa mga larawan. Unti-unti, sa gitna ng hiwaga ng umaga, lumawak ang salas at tila mga damong nagsulputan sa sahig ang mga upuan. Naglaho ang rehas ng mga bintanang nilulusutan ng liwanag. Mula rito umusbong ang isang malaking pinilakang tabing. Wala na ang kaniyang salas, wala na ang kaniyang pinakikintab sa sahig. Sa upuan niyang kawayan, naging saksi siya sa pagbabago ng kanilang bahay. Tulad ng Memar, nasambit niya sa hangin. At sa saliw ng “Unchained Melody” ng Righteous Brothers, lumabas sa screen ang samu’t saring imahe ng kaniyang lumipas – ang masayang kabataan sa Bocaue, ang Pagoda, ang takot na dala ng digmaan, ang mga Amerikano, ang mga Hapon, ang kaniyang mga kapatid kasama ang kanilang ama at ina sa luma nilang tahanan, at si Dominador dela Cruz, ang kaniyang Domeng.

Sa Memar niya unang nakilala si Domeng. Lumalabas-labas din kasi ang kaniyang asawa sa mga pelikula bilang ekstra. At kapag ipinapalabas ang mga pelikula nito sa Memar, kasama ito palagi sa mga manonood, pumapalampak kapag nakikita ang sarili sa malaking screen. Minsan niyang nakatabi ito sa panonood, nang ipinalabas ang Darna ni Rosa del Rosario. Sa takot niya sa malalaking ahas na akala niya ay lalabas sa screen, napasigaw siya at nagtago sa sandalan ng upuang nasa kaniyang harapan. Tawa nang

tawa si Domeng. Magkakilala na naman sila bago pa man ang Darna, subalit ang mga ahas sa pelikula pala ang tutuklaw sa kanilang mga puso, na naging lason na sa palagay ni Rosa.

Sa kaniyang harapan, sa gitna ng dilim ng kaniyang salas na naging Memar Theatre, naroon si Domeng na tulad ni Jaime dela Rosa sa Dyesebel at siya ang kawawang sirena, si Edna Luna. Buhat siya ng matipunong lalaki habang ikinakampay niya ang buntot sa hangin. Subalit, dali-dali ring naglaho ang romantikong eksena ng sirena at binata. Napalitan ang imahe ng pagragasa ang mga senaryo ng kaniyang naging buhay sa nakalipas na mga taon. Parang mga rolyo ng film na mabilis na iniikot at nagsabay-sabay na ang mga imahe't eksena – ang kanilang paglabas sa simbahan habang pinapaulanan ng mga butil ng bigas at mga tatulot ng rosas, ang una nilang pagtatalik, ang mga sibasib ng kanilang marubdob na pagmamahalan. Ipinaalala nito ang ligaya ng unang pagniniig, ang ikalawa, ang ikatlo, ang ikaapat, hanggang sumambulat ang lahat ng mga pagtatalik na hindi nagbunga. Sumunod ang mga gabing hindi na niya kapiling ang asawa sa kama, ang mga pambubugbog, ang mga pasa, ang mga nahuhuli niyang pambababae, ang mga tanghalian at hapunang wala siyang kasama. Napahagulgol siya habang walang tigil ang pinilakang tabing sa pagpapaalala ng mga bagay na akala niya'y matagal nang nabaon sa limot. Tumutugtog pa rin ang “Unchained Melody” na nagsilbing background music ng pelikula ng kaniyang buhay. Inilabas niya ang lahat ng pagdurusang inipon niya sa mahabang panahon. Hindi siya tumigil hangga't kaya pa ng kaniyang mga mata na maglabas ng luha, hangga't kaya pa ng garalgal na musikang lunurin ang kaniyang mga mura't palahaw.

---

\* Aliberde - tumutukoy ito sa tawag ng ilang taga-Bocause sa huling palabas sa sinehan. Mas kilala ito ngayon bilang “last full show.”

# JIMMUEL C. NAVAL

Si Jimmuel C. Naval ay isang premyadong kuwentista at nakapaglathala ng dalawang antolohiya ng maikling kuwento. Kasalukuyang nagtuturo ng wika, Rizal, at malikhaing pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman.

## ANG KUWENTO NG KAFIR\*

Muli, ilang buwan din siyang nakatulog at gumising. Pero ngayo'y gising na gising na ang Kafir nang umagang iyon. Madilim pa subalit natatanaw na niya sa silangan mula sa tirahang puno ang madilaw na noo ng araw. Sino na naman kaya ang bisita niya sa ibaba. Mula nang angkinin niya ang punong Balete sa tabing ilog na iyon sa di niya matandaang panahon, naging largabista na siya ng nayon. Bagama't di naman niya iniuulat sa mga katutubo o maging sa umalohokan ng lugar ang pagdating ng kung sino-sinong bisita dahil hindi siya nakikita ng mga ito, batid na rin nila ang mga nagaganap sa paligid mula nang dumami ang mga katutubo sa lupang sumilang mula sa dating puro katubigan. Nabatid na rin marahil ng mga katutubo ang layunin ng mga ito kung bakit sila dumatal sa nayon. Pero higit na detalyado ang alam ng Kafir na matagal na sa itaas ng puno at di na lumisan mula nang nadaig ang apoy sa pusod ng mundo. Narinig niya lahat. Nasubaybayan ang kasaysayan ng lugar hanggang sa makarating siya sa palagay niya ay makabagong mundo na hindi man lang pinanawan ng katandaan. Kung maikukuwento sana ng Kafir sa mga katutubo, na sa tuwing hihithit siya ng sigarilyong sanga ng almasiga at ibubuga mula sa tuktok ng puno ay pirming

may bisitang dumarating, sana napaghandaan ng mga lalang sa lupa ang mga dumaratal sa pampang. Sa tuwi namang bababa siya sa puno para makipaglaro sa mga bata, nagpapanakbuhan ang mga bisitang lalang na animo'y nakikita siya at nahintatakatan.

“Buenas Dias, Senyorita!” Dinig ng Kafir sa itaas matapos humithit ng sigarilyong malaking sanga ng almasiga. Ano raw, sa loob-loob ng Kafir. Bago ngang bisita at may dala-dala pang kahoy na may krokis sa dulo. Mayroon ding iwinawagayway na telang pula. Nang tumingin sa timog ang Kafir, marami pang nagdadatingan na nakasakay sa kabayo. Makulay at nagkikislapang parang sikat ng araw ang kanilang kasuotan. Humithit pa ng isa ang Kafir. Pagkatapos ay unti-unti nang nakatulog ang higanteng maligno. Gabi ang kaniyang umaga at ang bawat pagtulog niya ay katumbas ng isa hanggang sampung dekada depende sa kondisyon ng kaniyang pagkahimbing. Maraming araw at buwan siyang nagigising at muling natutulog. Bisyo na niya ang magsindi ng sigarilyong kahoy pagkagising at ihi sa mga ugat ng puno. Pero walang nakakikita sa kaniya na sinomang lalang maliban sa ilang bata na may natatanging kakayahang gumawa ng mabuti sa kapuwa at sa banwa. Halos lahat ng karanasan niya sa mga bata ay hindi pakinabang ng sinoman kaya marami ay takot at naihi sa salawal kapag binabanggit ang kaniyang pangalan na nakatira sa punong malaki sa gitna ng liwasan.

Pero minsan isang araw, nasaksihan niya ang pagbitay sa tatlong alagad ng malaking simbahan. Malapit lamang ito sa tirahan niyang puno. Kung tutuusin, ilang sundalo ang nagsi-siesta sa paanan ng puno bago gawin ang hatol na kamatayan. May ilan ding bata ang umakyat sa puno upang mapanood ang pagpatay sa tatlong alagad kasama ang isang batang indio na nagtitinda ng baston at pamaypay sa liwasan. Ang batang lalaki na ito ang napansin ng Kafir na mukhang nakakita sa kaniya nang malungkot na araw na iyon. Dahil nang bumagsak ang upos ng sigarilyo ng higante at tumama sa balikat ng bata, bigla itong tumingala at nagtakip ng ilong sabay tingin sa malaking sangang inuupuan ng Kafir. Subalit matapos ang pagpatay, nag-uwian na ang mga katutubo mula sa liwasan. Pero may isang binata ang naiwan na animo'y tuliro at lungkot na lungkot sa nasaksihan. Matagal niyang tinitigan ang aparatong umipit sa ulo ng tatlong alagad na

parang kilala ang mga namatay. Maya-maya pa, may tumawag sa binatilyo. “Kuya!” Tumakbo ito papalapit sa tinawag at may dalang saranggola. Niyakap niya ang kuya sa beywang. Matalim ang mata ng batang yumakap na animo’y nanlilisik. Inilibot niya ang paningin sa paligid hanggang sa magawi sa puno ng Balete na kinaroroonan ng Kafir. Mabilis ang reaksyon nito na parang may nakitang kakaibang lalang. Agad niyang niyaya ang kuya papalayo papuntang hilaga subalit hindi inalisan ng tingin ang kung anong nakita sa itaas ng puno. Umaga nang maganap ang maramihang pagpatay sa liwasan. Mabuti’t napanood pa ito ng Kafir bago siya nakatulog muli.

Muli, ilang araw siyang nakatulog. Isang madaling araw nang muling naalimpungatan ang Kafir dahil sa malakas na pagtunog ng tambol. Dati na naman niya itong naririnig sa liwasang kinaroroonan ng tirahan niyang puno subalit kakaiba ang umagang iyon. Hinawi niya ang mga dahon upang makita ang magaganap sa di kalayuan. May mga pulutong ng sundalo. Ang iba ay nagmamartsa sa saliw ng tambol. Nang tumingin sa bahaging timog ang Kafir, isang grupo ng sundalo ang papalapit. Parang may inaakay silang tao pero may naunang isang alagad ng simbahan. Nang malapit na sa may puno ang mga naglalakad, nakilala ng Kafir ang mamang akay-akay habang nakagapos ang kamay. Siya yung bata na tumitig sa Kafir nang matalim matapos bitayin ang tatlong alagad ng simbahan. Pero nasaan ang isang batang indio na nagbebenta ng baston at pamaypay? Humithit ng sigarilyong kahoy ang Kafir na siyang lumikha ng malaking liwanag sa itaas ng puno. Dahil madilim pa nang umagang iyon napansin ng mamang nakagapos ang pulang baga mula sa sigarilyo ng Kafir. At sa pangalawang pagkakataon nakita niya ang Kafir sa puno. Tinitigan niya ito ng tinging nagpapaalam. Papatulog na ang Kafir nang makarinig siya ng ilang putok kasabay ng sigawan. “Viva España!” “Viva!”

Nakatulog uli ang Kafir at nagising, pero isang oras lamang ito. Ilang pagsabog ang narinig ng Kafir mula sa dagat. Nang umakyat siya sa ituktok ng puno, isang barko ang natanaw niyang naglalagablab. Pero tatlo pa ang papalapit na sa pampang. Nang magbabaan ang mga sundalong sakay nito, agad silang nagtindig ng isang mahabang kahoy at sinabitan ng isang telang kulay asul, pula, at puti na may larawan ng ilang bituin. Nang magsimulang tumugtog ang banda ng musikong sumunod na bumaba mula

sa barko, parang idinuyan ang Kafir at nakatulog ito kaagad.

Muli, ilang araw siyang nakatulog at muling gumising. Isang mestisong mama ang nakita niya na nakasuot ng amerikana na tila nanunumpa sa harapan ng isang malaking gusali na tanaw mula sa kaniyang tirahang puno. Matapos ang panunumpa sa likod ng pamilyar na tela na kulay asul, pula, at puti na may larawan ng ilang bituin, isang malakas na pagmumura ang narinig sa mikropono. “Puñeta! Donde esta mi boligrafo!” Pagkatapos nito, inihit ng pag-ubo ang mamang nanumpa na animo’y mamamatay na sa kauubo. Mula noon ay sinubukan ng Kafir na huwag munang matulog tuwing araw. Gising siya buong araw na iyon habang naninigarilyong walang patlang. Ala-una ng tanghali nang makarinig siya ng mga ugong sa itaas. Tumingala siya upang hanapin kung saan nagmumula ang ugong na iyon. Sinubukan niyang tumayo mula sa ituktok ng puno. Hindi pa man siya nakatitinding ay isang mainit na bagay ang kaniyang nasalo mula sa isang bagay na lumilipad. Agad itong nagliyab subalit mabilis ding naitapon ng Kafir bago sumabog. Sunod-sunod ang pagbagsak ng mainit na bagay sa iba’t ibang gusali kabilang ang gusaling pinanumpaang mamang naka-amerikana kahapon. Nagkaroon ng kaunting takot ang Kafir kaya mabilis siyang bumaba sa daan taon nang tinitirahang puno sa lugar na iyon sa liwasan. Nang makatuntong sa lupa, nagsimula siyang humakbang papalayo sa puno. Nakakatatlong hakbang pa lamang siya nang isang nakayayanig na pagsabog kaniyang narinig. Nahati sa gitna ang punong tirahan ng Kafir. Bagama’t inisip na balikan ang matagal nang tahanan, pinili niyang humakbang papalayo sa takot na baka makatulog siya sa daan dahil isang araw na siyang hindi natutulog.

Lumipas ang tatlong araw nang maalimpungatan ang Kafir. Isang puno pala ang kaniyang inakyat nang umalis siya sa liwasan. Isa itong puno ng acacia sa harapan ng isang papahabang malaking bahay pagkatawid lamang ng malaking ilog. Marami siyang nakikitang gusali rito kung saan labas-masok ang mga bata at kabataang pare-pareho ang kasuotan. Sa bandang silangan, tanaw niya ang binanggit kanina na parang palasyo. Puno ito ng mga guwardiya na parang mahalagang tao ang nakatira. Sa buong gabing gising ang Kafir, kailangan niya ng sigarilyong hihithitin upang manatili ang kaniyang huwiso sa buong magdamag. Sinubukan niyang bumakli ng isang



tuyong sanga sa bago niyang punong tirahan. Subalit di pa gaano katanda ang puno bagama't malaki ito. Puro sariwa ang mga sanga na hindi kaagad magdadaig kapag isinalang sa apoy. Isang putol na lumang poste sa ibaba ang nakita niyang nakahapay. Mukhang pinagpalitan na ito ng isang bago na katatayo lamang. Agad niya itong binunot at hinatak ang mga lumang kawad ng kuryenteng nakagapos dito. Dahil sa komosyong nilikha sa kaniyang pagbaba mula sa puno, ilang grupo ng kabataan na nag-uumpukan sa di kalayuung kalye ang napaligon na parang may naramdamang malaking yabag. Palibhasa'y papadilim na, hindi nila nakita ang Kafir nang bumaba ito ng puno, maliban sa isang babaeng mahaba ang buhok at maikli ang palda. Tinitigan siya nang mabuti ng babae nang lumapit ito sa siga na nagdadaig sa gitna ng mga kabataan para sindihan ang posteng gagawing sigarilyo. Matagal itong tumayo sa harapan ng siga dahil matagal bago nagbaga ang kalahating poste. Dahil ang estudyanteng babae lamang ang nakakikita sa Kafir, tulala itong di makapagsalita kaya pinansin ito ng mga kasamahang estudyante.

“Lorena, ano bang nangyayari sa 'yo? Sino ba ng tinitingnan mo sa siga? Para kang nakakita ng kapre. Hindi pa tayo tapos sa talakayan natin. May malaki tayong pagkilos bukas at dapat handa ang mga kasama sa posibilidad na magaganap dito sa Mendiola. Hindi dapat maulit ang naganap sa Plaza Miranda.” Nang marinig ng isang estudyante ang salitang kapre, tumayo ito at parang biglang nabalisa. Agad isinuot ang kaniyang sandalyas at nagpaalam na iihì. Sinabihan siya ni Lorena na mag-ingat dahil maraming Metrocom na nagmamanman sa kanila. Sa totoo lang, ang gusto niya sanang sabihin ay mag-ingat sa kapre. Pero baka lalong mapaihi sa salawal ang estudyante, at saka mukhang mabait ang kapre na kasalukuyan niyang nakikita.

Nakaakyat na sa puno ang Kafir nang marinig sa ibaba ang awitan ng mga kabataan at estudyante. Sumilip sandali ang Kafir sa ibaba upang tingnan ang pinangmulan ng ingay. Pero iba ang nakita ng higante. Nagpipintura sila sa mga karatula at lumang diyaryo. May mga salita at pariralang isinulat gamit ang pinturang pula: “Itaas ang sahod ng manggagawa!,” “Imperyalismo, Ibagsak!,” “MARCOS, HITLER, DIKTADOR, TUTA!”

Gustong matulog ng Kafir nang gabing iyon para gising siya kinabukasan at mapanood ang sinasabi ng mga kabataan na malaking pagkilos. Pero baka hindi siya antukin dahil gabi nga ang kaniyang araw. At saka baka magising na siya sa ibang panahon at hindi na mapanood ang inaabangan. Matapos mapangalahating hithitin ang sigarilyong poste, kailangan niya muling bumaba ng puno para maghanap ulit ng reserbang hihithitin. Pero natatakot siya na may mga bagong bisitang darating at sasama sa mga kabataan at estudyante sa ibaba. Tiyak na may isang makakikita sa kaniya o maaaring lahat na sila na galing sa kanayunan ng Gitnang Luzon at Timog Katagalugan. Dahil maaaring may mga kabataan dito na may kakayahang gumawa ng mabuti sa kapuwa at sa banwa. Malinaw ito sa mensahe ng kanilang mga inaawit at mga salitang ipinipinta nila sa mga pader at karatula. Pero hindi na nga bumaba ang Kafir. Nakuntento na lamang siya sa usapan at awitan ng mga kabataan sa ibaba sa harap ng naglalagablab na siga. Dahil sa mga narinig niya, parang oyayi itong naghele sa Kafir. Pero pinaglabanan niya ang antok.

Mag-a-alas singko na ng umaga nang marinig ang daluyong ng mas maraming kabataan at estudyante. May mga dala silang plakard at sumisigaw nang paulit-ulit. Pero higit na mas marami ang mga militar na nasa palibot ng palasyo. Kagabi pa sila rito at dala-dala ng mga nasa unang hanay ang kalasag na ratan at panghampas na batuta. Armado ng baril ang ikalawang hanay. Samantala, kitang-kitang ng Kafir ang paparating pa na mga estudyante mula sa sangandaan sa paanan ng isang tulay na tila lulusob sa lugar ng punong kinaroroonan ng Kafir. Pero hindi, mukhang sa palasyo sila patungo at sasamahan ang ilang grupong naroon na kagabi. Maingay sa paligid. Sigawan, tunog ng sirena, at mayroon ding tinig ng mga reporter na nag-uulat para sa radyo. Kulay pula ito. Kasuotan, plakard, at bandilang pula na patuloy na iwinawagayway. Habang patuloy na tumataas ang araw, gayon din ang tensiyon sa pagitan ng mga estudyante at militar na nakaharang sa kalye patungo sa palasyo. Nakikita itong lahat ng Kafir at mukhang muli na naman siyang kinakapitan ng kaba tulad nang naganap dati sa liwasan. Tanong ng Kafir sa sarili, bakit ba ang gulo-gulo ng mga lalang na tao? Kung naligayahan ang Kafir sa ipinakita ng talakayan at awitan kagabi ng mga kabataan, bakit ngayon ay parang nakikita niya at muling nauulit ang mga

nasaksihan niyang pangyayari sa islang ito na tinitirahan niya? Pero hindi naman siguro masasabugan ang punong tinitirahan niya upang maghanap muli ng iba?

Hapon na at maya-maya ay sasapit na ang dilim. Gising pa rin ang Kafir. Di yata siya makakatulog sa nakikita niya sa kalye ng Mendiola. Bagama't hindi napasok ang palasyo, nagkalat naman ang mga patay at sugatang mga estudyante. Tsinelas, sandalyas, sapatos, wasak na plakard, at punit na bandilang pula. Marahil, iniisip ng Kafir, hindi ganito ang kalat nang maglaro ang mga bata noong panahong wala pa ang mga sundalong nakasakay sa kabayo at may dalang banderang may korona at leon. Gayon din, noong panahon ng batang nagtitinda ng baston at pamaypay, lalo na noong panahon ng mga sundalong may bitbit na libro at may bandilang estralyado. Bawal maglaro sa lansangan noon, at sa halip ay itinuturo ang pagbabasa at pagsasaulo ng dala-dala nilang libro. Dapat sana'y itinulog na lang ng Kafir ang lahat para hindi na niya nasaksihan ang lahat at nang makarating siya sa ibang pang daigdig ng mga lalang.

Mukhang nagkakatotoo nga ang hiling ng Kafir. Agad siyang nakatulog nang marinig niya ang sunod-sunod pang putok sa kalsadang nagkalat ang bala at patak ng dugo. Dalawang araw siyang nakatulog. Isang pamilyar na eksena ang kaniyang nasaksihan sa paanan ng punong acacia nang siya ay magising. Nauulit yata ang kinatulugan niyang pangyayari. Isang karagatan ng tao ang papalusob sa palasyo nang gabing iyon. Pero sa pagkakataong ito, mangilan-ngilang estudyante at kabataan ang kanyang nakita. Karamiha'y batak ang katawan at sunog ang balat. Bumaba siya para maghanap ng siga na pagsisindihan ng natira niyang posteng sigarilyo. Walang nakita kahit maliit na apoy ang Kafir. Sinagasaan siya ng mga taong palusob sa palasyo. Tumagos ang lahat sa kaniyang binti at ni isa sa kanila'y di nakita o nasaling man lang ang higanteng maligno. Sino ang mga lumulusob na ito, sa loob-loob niya. Nasaan na ang estudyanteng babae na nakakita sa kaniya at iba pa nilang kasama? Maaaring tumanda na sila ngayon, pero nagbago na kaya ang kanilang paniniwala at ideolohiya? Muli siyang umakyat sa puno upang tingnan sa bandang silangan ang nagaganap sa palasyo. Napasok na nga. Subalit nasaan kaya ang nakatira sa loob? Bumaling siya sa kanluran, doon niya nakita ang mga pamilyar na mukha ng

dating mga kabataan. Tumanda na ang kanilang mukha pero may mensahe pa rin sila na nakasulat na ngayon sa isang puting tela. Kulay pula pa rin ang panletra. Hindi sila natitinag sa sangandaang iyon, sa ibaba ng tulay na iyon habang ang karamihan ay gigil na gigil na makapasok sa palasyong matagal nang isinara sa mga lalang na tao.

Ilang sandali pa, ilang trak ng sundalo ang nagdatingan. Pinigil nila ang mga nagpipilit pa ring pumasok sa loob ng bakuran ng palasyo habang hinuhuli naman ang papalabas na may bitbit na kung ano-anong bagay na galing sa loob. May ilang buhat-buhat ang silya, larawang nakapinta, sako ng bigas, at larawan ng isang babaeng nakapusod ang buhok bagama't tinusok ang dalawang mata nito. Hindi maintindihan ng Kafir ang nagaganap. Ngayon niya lang ito nakita sa buong panahon niyang pananatili sa isla mula sa maraming pagtulog at paggising. Maya-maya pa, isang pang pamilyar na pangyayari ang nasaksihan ng Kafir. May umuugong sa himpapawid pero hindi ito katulad ng nakita niya sa liwasan noon na nagbabagsak ng bakal na sumasabog. Isang malaking tutubing banayad ang tunog ang bumaba sa likod ng palasyo. Naaliw ang Kafir dito lalo pa't may kumikislap itong ilaw na pula. Kaya bumaba siya ng punong acacia at tinungo ang likod ng palasyo. Matapos ang ilang minuto, muli itong lumipad at di inabot ng malaking kamay ng higante. Hindi na bumalik sa puno sa labas ng palasyo ang Kafir. Isang puno ng balete, na orihinal niyang tirahan na nasa tabi ng isang malapad na ilog, ang nakita ng Kafir at awtomatikong hinatak siya ng mga baging nito na parang nawawalang anak. Sa punong ito, hindi na kailangang maghanap ng sigarilyo. Dahil ito nga ang talagang tirahan ng Kafir, lagi't laging may nakatagong sigarilyo na almasiga sa punong ito. Buong magdamag na pinanood ng Kafir ang naganap sa looban ng palasyo. Dahil malaki ang mga bintana nito sa terasa, nasisilip niya ang nangyayari sa loob. Pamilyar siya sa nakita sa loob dahil mayroon din nito sa ilalim ng lupa ng mga lalang na kaniyang pinanggalingan. Mga ginto at pilak na nagkikintaban na nasa loob ng nakabukas na baul; mga kumukuti-kutitap na palamuti na nakakuwadro; at kaban-kabang salapi ng mga lalang na kulay ube at luntian. Pero bakit inilalagay sa malapad na kumot at pagkatapos ay ibubuhol, papasanin ng mga nakaunipormeng sundalo at isasakay sa naghihintay na bangka na nakaabang sa ilog. Maraming paghakot at pagbalik ng bangka ang naganap

agabro

hanggang sa makatulagan na muli ito ng Kafir.

Muli, ilang oras siyang nakatulog at nagising nang isang hapon. Papalubog na ang araw pero bakit puro dilaw ang nakikita niya sa paligid. Maraming halaman na may bulaklak na dilaw, at kulay dilaw rin ang pintura ng buong palasyo. Nang sumilip siya sa loob, dilaw rin ang kasuotan ng tila nagpupulong na mga lalang, lalo na ang nasa harapan na babaeng nakasalamin. Inihaba ng Kafir ang kaniyang leeg para higit na makita ang laman ng loob ng gusali. Subalit hindi nakaya ng sangang kinakapitan ng Kafir ang kaniyang bigat kung kaya bumagsak siya sa terasa ng palasyo. Malaking ingay ang idinulot nito dahil may mga nabasag na salamin. Pero wala ni isang nakarinig o nakaramdam ng paglagabog ng Kafir sa labas. Tanging ang babaeng nakadilaw na siyang nagsasalita sa pulong ang nakaramdam.

“Lumilindol ba Mr. Executive Secretary?” tanong niya sa katabi. “Parang may nabasag sa beranda ng hall na ito.” Nagtinginan ang lahat ng nasa pulong. Ang iba ay tumango na parang pigil ang pagtawa.

Lagi’t laging ganoon na lang ang nasasaksihan ng Kafir sa tuwing sumisilip siya sa loob. Nasisilaw sa dilaw, pero nang lumaon ay di na sa kulay na ito nasisilaw ang higanteng maligno kundi sa mga paring laging kabuntot ng babaeng nakadilaw. Halos araw-araw ay may misa sa palasyo kaya minsan nananatili na lamang ang Kafir sa puno at naninigarilyo habang pinapanood ang mga namamangka sa ilog.

Nang minsang naidlip ang Kafir, iba na ang tumatayong lider sa mga pulong. Nag-isip tuloy ng iba ang Kafir na baka kamag-anak niya ang bagong may-ari ng palasyo. Lagi kasi itong may supa-supang tabako na mabango ang aroma batay sa reaksiyon ng Kafir nang masinghot niya ang usok nito. Pero dahil lagi naman itong may kabuntot na ministro o pastor, nasilaw din ang higante sa mga asta nito at mga mensahe. Di tulad ng babaeng lider na nakadilaw, wala ni isang opisyal, bisita, at empleyado sa palasyo ang nakaramdam sa Kafir sa buong palasyo.

Pag-alis ng mamang nakatabako, mas lalong walang nakapansin sa Kafir sa lider na pumalit maging sa kaniyang mga empleyado. Sa totoo lang, kamuntik na ngang hindi ito makita ng Kafir. Umidlip lang siya sandali, at paggising, nasa paanan na ito ng punong balete at papasakay na ng bangka

habang nagpapaalam. Ang sumunod ay kinagiliwan ng Kafir. Siguro dahil akala niya, iisa ang kanilang nuno. Taong lalang ang sumunod na tumao sa palasyo at hindi ang inaakala ng Kafir na isang ansisit. Maliit kasi ito at may kalakihan ang ngipin sa harapan. Ang lider na ito ang pinakamatagal na tumira sa palasyo pero wala ni isa sa kaniyang mga kaalyado at mga bisita ang nakaramdam na may namumugad na kakaibang lalang sa likod ng palasyo. Ibig sabihin, mula pa noong panahon ng nakadilaw na babaeng tumira sa palasyo, wala pang lider ang may mabuting puso at may kakayahang maglingkod sa kapuwa at sa banwa.

Nang pumalit ang anak ng babaeng nakadilaw bilang bagong residente ng palasyo, malaki ang posibilidad na mayroon nang makapapansin sa Kafir. Marami kasi sa mga kasamahan nito ang malinis ang karanasan sa paglilingkod. Pero nang lumaon, lumabas ang kanilang pangil at kaliskis na kinainisan rin ng Kafir. Natural kasama ring kinainisan ang lider na lagi ring nakakamisidentro na kulay dilaw. Nang minsan kasing nag-oberba ang higante sa mga ginagawa ng lider sa mga pulong, pumosisyon pa rin siya sa tapat ng terasa upang makita ang loob ng palasyo. Pero sa pagkakataong ito, kumapit siya nang mabuti sa sanga upang hindi mahulog. Supa-supang niya ang kaniyang sigarilyo kaya mapapansin ng sinumang may malinis na puso ang baga ng kaniyang sigarilyo. Humihithit at bumubuga ang Kafir habang nakamasid sa loob. Ilang sandali pa, itinigil ng lider ang pulong at nagpasama sa dalawang tauhan niya na lumabas muna sila sa terasa. Umatras nang kaunti ang Kafir sa pag-aakalang nakita siya ng lider. Nang makalabas sa terasa, biglang naglabas ng sigarilyong pangtao ang isang tauhan ng lider. Lahat sila ay nagsindi at sinimulan ang sesiyon sa labas. Masakit sa mata at masangsang sa ilong ng Kafir ang sigarilyo ng tao kaya nag-uubo ito at nagsimulang magkusot ng mata. Dahil sa daming usok sa terasa na direktang pumupunta sa puno ng balete, hindi nakayanan ng Kafir ang pagsalo sa ibinubuga ng tatlo. Naiinis na bumaba muna ng puno ang higante kahit inaantok na siya. Kung hindi siguro nakalaro ng Kafir ang dalawang bata na pamangkin ng lider, malamang na may ginawa itong di mabuti sa lalang dahil sa pagbuga nila ng usok ng sigarilyo sa higante. Pero kahit papaano ay napasaya siya ng dalawang bata, lalo na ang mas malaki na sinasabi nilang hindi nakapagsasalita. Tiyak ang Kafir na nakikita siya nito

agabro

dahil kapag siya ang kausap, madaldal ito at napakatalino. Samantala, ang isa pang batang maliit ay sige lamang ang laro at animo'y walang nakikita kahit ang kapatid niyang panganay.

Kakaiba at pambihira ang sumunod na nagmay-ari ng palasyo. Pakiramdam ng Kafir ito na ang tunay niyang kamag-anak. Tulog kasi ito sa araw at gising sa gabi. Matabil ang bibig at walang galang sa buhay ng kapuwa lalang lalo na sa mga kababaihan. Dati itong nakatira sa malayong isla kung saan marami ring Kafir. Totoo nga ang hinuha ng Kafir na baka kamag-anak niya sa ibabaw ng lupa ang lider na ito. Maaaring may kakayahan siyang maglingkod sa kapuwa at sa bayan tulad ng sinasabi niyang nagawa sa bayang kaniyang pinagmulan. Pero kung kalinisan ng budhi ang pag-uusapan, wala siyang pagkakaiba sa mga tikbalang, batibat, bungisngis, at sigbin. Sa tuwing sisilip ang Kafir sa bawat pulong, totoong marami rin siyang nakikitang malalayong kamag-anak. Magkakamukha ang mga ito, may supa-supang sigarilyo, wika ng timog ang sinasalita, at normal lamang ang pagmumura. Hindi sila dapat marinig ng mga bata o makasalamuha man lang. Lalo na siguro ng mga batang unang nakakita sa Kafir, lalo na ang batang indio na nagtitinda ng baston at pamaypay, ang batang may dalang saranggola na umiyak nang patayin ang tatlong pari, at ang batang babaeng mahaba ang buhok at naka-mini skirt at nag-rally sa Mendiola.

Sandali pa lang sa palasyo ang bagong lider na ito at mukhang magtatagal pa siya rito. Marami na siyang binago sa bayan. Hindi lang ang mga batas at kautusan. Maging ang punong balete na tirahan ng Kafir, balak niyang ipaputol dahil pinamumugaran daw ng mga maligno. Pero ang totoo, gusto nilang palaparin ang ilog sa likod ng palasyo para madaanan ng mga barkong magpapasok ng produktong galing Tsina. Pero hindi papayag ang Kafir. Hindi na siya aalis sa puno mula ngayon. Hindi na siya bababa kahit naihi siya. At hindi siya matutulog kahit gabi at araw. Maninigarilyo siya hanggang sa mapuno ng upos ang terasa ng palasyo. Babantayan niya ang bawat kilos ng bagong lider. Hindi siya dapat magtagal sa palasyo. Marami pang gustong gawin ang Kafir pero hindi niya mapigilan ang antok dahil dalawang taon na siyang hindi natutulog simula nang dumating ang bagong may-ari ng palasyo. Kaya naman inihanda ng Kafir ang sarili sa isang mahabang pagtulog. Pero hindi niya napansin na nakatulog siya sa

isang duyan na itinali ng isang sundalo sa itaas ng balete. Dahil sa likha at kaparaanan ng taong lalang ang dinaanan ng Kafir sa kaniyang pagtulog, maaaring may magbago sa kaniyang muling paggising.



Muli, ilang buwan din siyang nakatulog at gumising. Pero ngayo'y gising na gising na ang Kafir nang umagang iyon. Madilim pa subalit natatanaw na niya sa silangan mula sa tirahang puno ang madilaw na noo ng araw. Sino na naman kaya ang bisita niya sa ibaba. Mula nang angkinin niya ang punong Balete sa tabing ilog na iyon sa di niya matandaang panahon, naging largabista na siya ng nayon. Bagama't di naman niya iniuulat sa mga katutubo o maging sa umalohokan ng lugar ang pagdating ng kung sino-sinong bisita dahil hindi siya nakikita ng mga ito, batid na rin nila ang mga nagaganap sa paligid simula nang dumami ang mga katutubo sa lupang sumilang mula sa dating puro katubigan. Nabatid na rin nila marahil ang layunin ng mga ito kung bakit sila dumatal sa nayon. Pero higit na detalyado ang alam ng Kafir na matagal na sa itaas ng puno at di na lumisan mula nang nadaig ang apoy sa pusod ng mundo. Narinig niya lahat. Nasubaybayan ang kasaysayan ng lugar hanggang sa makarating siya sa palagay niya ay makabagong mundo at muling nagbalik na hindi man lang pinanawan ng katandaan. Kung maikukuwento sana ng Kafir sa mga katutubo, na sa tuwing hihithit siya ng sigarilyong sanga ng almasiga at ibubuga mula sa ituktok ng puno ay pirming may bisitang dumarating, sana napaghandaan ng mga katutubo sa lupa ang mga dumaratal sa pampang. Sa tuwi namang bababa siya sa puno para makipaglaro sa mga bata, nagpapanakbuhan ang mga paslit na lalang na animo'y nakikita siya at nahintatakutan.

Pero nang bumaba siya mula sa punong balete matapos ang isang buwang pagkatulog sa likod ng palasyo, isang batang indio na nakakita sa maligno ang agad lumapit. Walang takot itong nagtanong kung ano ang event at bakit naka-cosplay ang nilapitan. Hindi sinagot ng higanteng maligno ang tanong na di naman talaga niya naiintindihan. Sa halip, yumuko siya at idinikit ang bibig sa tainga ng bata. May ibinulong ang Kafir sa bata. Pagkatapos ay iniabot niya ang baston, pamaypay, saranggola, at plakard



na iniuwi mula sa nakaraan sabay buga ng usok sa mukha ng paslit mula sa hinithit na sigarilyong almasiga. Pinagdikit ng Kafir ang dalawa niyang palad at inilagay ito sa dibdib na animo'y lubos ang pasasalamat. Iligtas mo ang inyong isla sa paparating na bagong mananakop, bulong ng Kafir. At unti-unti itong umatras papalayo at di na muling bumalik sa punong sinilangan at pinaglahuan ng iba pang higanteng maligno sa mundo.

---

\*Kafir - ito ang pinagbatayan ng salitang kapre sa Pilipinas. Isa itong maitim na higante sa mga kuwentong bayan at karaniwang nakikitang nakaupo sa itaas ng puno ng balete habang nananabako. Nakapagbabago ito ng laki at anyo na kadalasa'y hayop tulad ng kabayo. Ang salitang kafir ay sinasabing dala ng mga mangangalakal na Arabe bago pa dumating ang mga Espanyol, na ang ibig sabihin ay isang taong hindi naniniwala sa sa Islam, o mula rin sa salitang kafari, multo ng isang pinatay na Negro.

# JOHN LEIHMAR C. TOLEDO

Si John Leihmar C. Toledo ay Assistant Professor sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Nagtuturo siya ng ARTS 1 (Critical Perspectives in the Arts), creative nonfiction, mitolohiya, at teoryang pampanitikan. Nagtapos siya ng BA English Studies: Anglo-American Literature sa UP Departamento ng Ingles at Komparatibong Panitikan (cum laude, 2013) at MA Malikhaing Pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas (2018) sa kaparehong institusyon. Nalathala ang kanyang tatlong dagli sa antolohiyang Saanman: Mga Kuwento Mula sa Biyahe, Bagahe, at Balikbayan Box (Pagejump Folio, 2018). Kasalukuyan din siyang Bise-Presidente para sa Edukasyon ng Kataga, isang samahan ng mga manunulat na nagsusulong ng malikhaing pagsulat sa Filipino. Naisama rin ang kanyang mga pananaliksik at malikhaing akda sa *Sexualization, Media and Society* (2015) ng SAGE UK, *TEAM Magazine* (2017), *Kabig Folio ng Kataga*, Samahan ng mga Manunulat, Inc. (2018), *Pinili: 15 Years of Lamiraw ng Katig Publications* (2019), *Daluyan Journal* (2019) at *Diliman Gender Review* (2019). Naging fellow siya sa *Lamiraw Writers Workshop*, *Ateneo National Writers Workshop*, at *Nueva Ecija Personal Essay Writing Workshop*.

# ANG MGA BULONG-BULONGAN

Ibinulong ni Tom ang mga salita sa kaniyang tainga nung nakahiga na sila sa kama at nakadikit na ang kanilang mga ulo sa unan nitong madaling araw.

Hindi mapakali si Miko. Hindi niya alam kung ano ang isasagot sa ibinulong ni Tom. Nalulunod ang gabing iyon sa alingawngaw ng hangin sa labas, ang tahol ng mga aso, at ang huni ng mga traysikel na bumiyahе ng madaling araw. Ipinikit niya ang kaniyang mga mata at hinayaang makinig sa mga tunog ng mga bagay na nasa kanilang kuwarto. May lumilipad na ibon, mga tawag ng tuko, at mga butiking humuhuli ng mga insekto. Nanginginig ang kaniyang loob ngunit pilit niyang kinokontrol ang sarili at baka may masabi siyang masakit sa kaniyang live-in partner. Siguro, kung kapatid niya ang nagsabi nito, pagagalitan niya o sisipain sa tiyan. Pero hindi niya ito kapatid. Hindi niya kaya. Kaibigan niya ito, o ka-ibigan, na pinili niyang makasama anuman ang mangyari sa kanila. Nanginginig siya. Siguro dahil sa lamig, napakapit na siya sa kumot na nagtataklob sa kanilang dalawa. Hindi niya maintindihan ang pakiramdam na ito. Gusto niyang lumuha pero walang luhang lumalabas. Gusto niyang sumigaw pero di niya kayang isigaw ang mga bagay na gusto niyang sabihin. Gusto niyang halikan si Tom, pero

nawalan na siya ng gana. Nakahahawa kaya ang laway niya? Sandali pa't sinalat ni Miko ang kaniyang palad.

“Hindi ko alam ang isasagot. Bakit ngayon mo lang ‘to sinabi?” Napabangon siya sa higaan. “Tom, saan mo nakuha?”

Nakatingin lang sa kaniya si Tom. Walang imik. Hindi niya batid kung lumiligid na ba ang luha sa kaniyang mata o sadyang pagod na siyang tumingin sa kaniya.

Nagtataka si Miko kung saan kaya nakuha ng kaniyang boyfriend ang mga bagay na kaniyang sinasabi. Bente-sais anyos pa lang siya, ang bumubulong sa isipan ni Miko. “Sagot!”

Ngunit wala pa ring imik si Tom. Mukhang natakot siya kay Miko kaya bumangon na rin siya sa higaan.

“Miko... Sorry!” at sumabog na ang mga iyak nito sa loob ng kuwarto.

Napabuntong-hininga si Miko sa dami ng iniisip, ng mga posibilidad, ng mga dapat nilang gawin bukas. Inipon niya ang lahat ng lakas na sagutin ang lalaking matagal na niyang minamahal. “Tom, kailan pa? Bakit di mo sinabi sa akin? Sinong tumira sa iyo? Sagot!”

“Three months ago, may nakilala ako sa Grindr! Putang ina!” at humagulgol pa siya ulit. Nagulat na ang mga tao sa kabilang bahay at bumukas ang mga ilaw sa kanilang kapitbahay. Sumisilip-silip sa bintana kung saan galing ang eskandalo.

Napatayo si Miko. Hindi niya kaya ang nangyayari. Nagsuot siya ng tsinelas at lumabas ng kuwarto. Naglupasay sa kama si Tom sa sobrang lungkot. Hindi niya alam paano gigising bukas. Gusto na niyang magpatiwakal ng sandaling iyon. Nakita niya ang lubid at ang kutsilyo sa dilim. Nanginginig siya sa takot. Nagdadalawang-isip. Matagal niyang pinagmasdan ang mga bagay na iyon.

Sa gabing iyon, dalawang taon na silang nagsasama ni Miko sa kanilang inuupahang kuwarto, at dalawang taon na rin mula noong lumayas siya sa kaniyang pamilya.

Hindi mapakali si Miko. Naglakad siya sa kung saan siya dalhin ng kaniyang mga paa – sa may puno ng balete, dumaan sa harap ng simbahan, sa may gate ng sementeryo, sa malalawak na sakahan, at sa highway na

sa madaling araw ay tila isang aparisyon. Lahat ng dumadaang liwanag ay mula sa mga rumaragasang trak at bus. Tumigil siya nang sandali sa may gilid at pinagmasdan ang mga dumadaang kotse. Unti-unti siyang huminahon habang dumadaan ang mga kotse. Napapabuntong-hininga siya sa gitna ng malamig na daanan. Naalala niya ang mga white lady na nagpapakita sa daanang iyon. Paano ba sila namatay? Sa isip niya, may mga babaeng nawalan na ng pag-asa sa buhay at sadyang tumawid na lamang sa daan. Hindi niya maintindihan si Tom. Si Tom? Sandali, bulong niya sa sarili. Naaalala niya nang minsang mag-joke si Tom. “Masarap itong itali sa leeg ko,” ang sinasabi nito sa tuwing itatali ang alambre ng napipigtas nilang sampayan sa kuwarto. Napakaripas siya nang takbo pabalik sa kuwarto.

Nadatnan niya itong ginagawa ang malagim na pagpapatiwakal. Nakatali na sa leeg nito ang alambre. Hiniwa pa niya ang sarili para umagos ang dugo sa kama. Hindi niya kinaya ang nakita. Agad niyang pinigilan si Tom, hinila paalis ang nakataling alambre sa leeg nito. Nang mailatag niya siya sa kama, itinali niya ang kumot sa dalawa nitong pulso para pigilan ang agos ng dugo. Sinugod niya ito sa ospital. Wala nang oras pa. Bahala na. Tumawag siya ng traysikel at agad-agad silang dinala sa emergency room sa munisipiyo. Naiwan siya sa may pintuan ng emergency room. Dinala ng mga nars at doktor ang nalupaypay na’t namumutlang katawan ni Tom sa surgery. Pinaupo siya ng nars sa gilid. Sinamahan muna siya nito para huminga nang sandali. Natulala siya sa kaputian ng buong emergency room. Bigla siyang nakaamoy ng malansa. Pagtingin niya sa kaniyang damit, napaliguan na siya ng dugo ni Tom. Natulala siya sa nakita. Hinagkan niya itong tshirt na para bang si Tom at unti-unting naglupasay sa tabi ng nars. “Miss, HIV positive siya!” Nagulat ang nars at pinapunta agad siya sa isang ward. Paano niya haharapin si Tom bukas at titibayan ang loob? Kailangan niyang pumili ng mga salita. Hindi niya alam ang gagawin. Nahimatay siya.

Paggising niya’y umaga na at nakahiga sa gitna ng isang kama sa emergency room. Bumangon siya at hinawi ang mga nakaharang na kurtina. Nasa tabi niya si Tom. Nilapitan niya ito at iginilid na ang ulo sa may katabing unan. Pinagmasdan niya itong mahimbing na natutulog. Sinuklay ng kaniyang mga daliri ang buhok nito. Dumulas ang kaniyang mga daliri sa pisngi nito. Napagtanto niyang wala na siyang ibang iibigin pa. Bigla itong

bumulong. “Miko...” mahinang tugon niya sa paggising.

Niyakap niya ito nang mahigpit na mahigpit. “Tom! Huwag na huwag mo nang gagawin ulit iyon! Patawarin mo ako.”

Pumasok ang doktor para sa kaniyang rounds.

“Mukhang gising na kayo parehas,” aniya. “Sorry to speak to you at this time. Based on the lab results, we have found that Mr. Tom Centeno has been diagnosed with HIV. Parang hindi na kayo gulat?”

“We know, sir,” sabi ni Miko.

“Kaano-ano niyo po ang pasyente sir?”

“Partner ko po siya.”

“Are you having active sexual intercourse with him?”

“Yes, doc.”

“Protected?”

“Hindi po.”

“Based on my findings on your blood test, too, Mr. Miko Villalobos, you also tested positive for HIV. It is best that we begin taking Anti-Retroviral drugs. I will be prescribing to you medicines that you both need to take. Also, you have to change your lifestyles...”

Tumahimik ang buong kuwarto kay Miko. Nalunod siya sa kadiliman at sa katahimikang ito. Binalot ang kanilang katawan ng espasyong ito. May hindi mapakali sa kalooban niya. Tumitibok ito nang mabilis sa kaniyang dibdib. Ipinikit niya ang mga mata at hinayaang lamunin ng hangin ang mga salita ng doktor.

Paggising niya, nasa tabi na siya ni Tom sa kanilang kama, sa kanilang inuupahang kuwarto sa Santa Rosa, habang hinehele siya ng hilik ni Tom, ng kinig mula sa mga umaalong dahon ng puno, at ng mga pumipitong kuliglig sa may bintana. Ayaw na niyang gumising pa.

Nang makauwi silang dalawa ni Tom, dalawang araw lang ang makalilipas, nag-away ulit sila ni Miko. Gusto na niyang lumayas noong gabing ‘yon. Ang dami-daming reklamo ni Tom tungkol sa kanilang inuupahang kuwarto sa Santa Rosa – gawa sa pawid, maliit, at masikip. Hindi inasahan ni Miko na magiging ganito na ang kanilang sitwasyon dalawang taon pagkatapos nilang maglayas mula sa Maynila. Akala niya’y gustong-gusto ni Tom na magsama sila sa hirap at ginhawa.

*agosto*

Kulob ang kuwarto at umaalingasaw ang mga pawis nilang patuloy na humahalo sa hangin. “Ano ba ‘yan, ang init!” sabi ni Tom. Bumangon ito nung gabi at itinaas ang electric fan sa number 3. Pero hindi mapakali si Tom. Nasanay siyang may aircon sa bahay kaya ilang sandali lang ay hindi pa rin mahulasan ang mga kili-kili, leeg, at likod niya. Nagkasya na silang sumiksik sa isang gilid kung saan isiniksik ang foam na dinamitan ng kumot.

“Kung di mo kaya, aalis ako. Umuwi ka na sa mga magulang mo. Bumalik ka dun. Ginulo mo lang ang buhay ko,” ani Miko na sa galit ay bumangon at akmang mag-aalsa balutan na. Kung hindi lang inakap ni Tom si Miko ay tuluyan na itong lalayas sa kanilang tinutuluyan.

“Huwag mo akong iiwan,” pagmamakaawa ni Tom.

Lumuhod siya sa sahig at sinabi, “Parang awa mo na Miko. Kaya pa nating ayusin ito.”

“Umuwi ka na sa mga magulang mo. Doon maaalagaan ka nila. Hindi ko kaya na ganito tayo pareho!”

Kumalas si Miko. Kinuha ang mga damit at bag. Ngunit tumalon si Tom sa sahig at hinila siya. Pilit man niyang pigilan si Miko, nagpumiglas ito, sinampal siya nang malutong, at itinapon papalayo sa sahig.

“Tama na. Tama na!” sigaw niya at bumangon ulit. Niyakap niya nang mahigpit si Miko mula sa likod.

Eto na naman sila, nag-aaway na naman, ang minsang tsismis ng mga babaeng nakatira sa kabilang kuwarto. Kung tutuusin, mga bahay silang nagdikit-dikit sa tabi ng isang ilog. Sa kanilang harapan, ang isang malaking talahiban. Malayo sa sinuman nilang kakilala, pinili nina Tom at Miko na dito na magtanan. Walang pamilya na makahahapan sa kanila rito. Ngunit kilala na sila ng mga kapitbahay. Laging naririnig ang kanilang mga sigaw sa gabi. Minsan pa nga’y bumubungisngis ang mga kababaihan kapag napapadaan silang dalawa tuwing hapon o Linggo. Ngunit dahil mabilis ang pakpak ng balita, talagang umuusbong ang mga kuwento, umiikot, at nagbabago-bago. Kumalat nung ibang gabi ang mga tsismis na sinasaktan daw ni Miko si Tom. At siyempre, nalaman ng mga kapitbahay na may HIV sila. Kumalat ang kuwentong nagkakat sa mga sakit sa mga lalaking callboy at hinahada ang mga kabataan para mahawaan ng AIDS. Hindi lingid sa kaalaman ng mga kapitbahay na minsang lumabas si Tom para pumasok sa

trabaho na may maitim na bilog sa kaniyang pisngi, may rashes sa braso at noo, nalalagas ang mga buhok, at may mga pasa sa braso.

“Kailan pa?” tanong niya kay Tom.

“Ano?”

“Kailan mo pa ginagawa ito? Kailan ka nahawa?”

“Mula noong sinimulan mo akong saktan.”

“Pero ang tagal na nu’n, a. Hindi ba’t humingi na ako ng tawad sa iyo?” hindi mapigilan ni Miko ang lumuha. Nanginginig ang boses niya sa kaniyang sinasabi kay Tom.

“Gusto kong malaman mo. Hindi ko na kaya pang itago sa iyo. Matagal ko na itong kinimkim sa loob ko, Miko,” ani Tom.

Kinuyom ni Miko ang kaniyang mga palad. Tumingin siya sa labas ng bintana. Naroon ang kahel na liwanag mula sa poste ng ilaw at ang mga anino ng dumadaang kuwago. Natahimik siya nang sandali sa buong narinig. Naririnig niya ang kuliglig sa malayo.

Sinuntok niya ang pader. Sa lakas nito, nahulog mula sa mesa ang mga condom at lubricant na dala nila mula sa Health Clinic.

“Reactive,” ang sabi ng babaeng health worker kay Tom kaninang umaga. Bumuhos ang luha ni Miko. Sabay silang nagpakuha ng dugo ngunit “Reactive” ang lumabas na resulta. Naaalala pa niya nang tinusok ng isang maliit na karayom ang kaniyang palasingsingan at parang kagat ng langgam ang pagpasok nito sa kaniyang balat. Dumaloy ang dugo sa isang maliit na test tube. Itinusok ito sa isang clay. Sinabi sa kanilang maghintay ng 30 minuto bago sila tawagin ng nars. Nang lumabas ang nars dala ang mga resulta, kumapit si Miko kay Tom. Kinakabahan sa magiging resulta. Wala naman siyang ibang katalik maliban kay Tom bago sila tumigil, dalawang buwan na ang nakalilipas.

Buti at maaga pa lang, naagapan na nila, sabi ng health worker. Iniabot nito ang mga botelya ng gamot na kailangan nilang inumin araw-araw para bumaba ang viral load. Ibinigay din ng health worker ang isang brochure na naglalaman ng mga bagay na kailangan niyang gawin at mga contact number ng mga support group na maaari niyang puntahan. Inabutan niya ng tissue si Miko. Bago sila umalis, pinayuhan ng health worker ang dalawa.

*abro*



“Masakit sa simula. Ngunit hindi ibig sabihin nito, tapos na ang buhay ng partner mo,” sabi niya kay Miko. “May mga bagay na kailangang harapin. Mapalad kang hindi nahawaan ng sakit. Ang sa akin lang ay huwag ka na sana dumagdag sa bilang. Magtulungan kayo. Gabayan mo si Tom. Kung masipag lang na iinumina ni Tom ang mga gamot niya, kakain, at matutulog sa tamang oras, may posibilidad na humaba ang kaniyang buhay tulad ng normal na lifespan ng isang tao. Hindi ito kamatayan kung hindi isang bagong buhay.”

Mga isang oras din ang tinagal ng dyip sa daan bago sila makauwi dahil sa mahabang trapik sa highway. Sa gitna ng tag-init at ng usok ng mga dyip, biglang bumuhos ang malakas na ulan. Umubo nang malalim at malakas si Tom. Sa lakas nito, napahawak si Miko sa kaniya at hinimas-himas nito ang likod. Wala silang dalang tubig. Kinailangang alalayan ni Miko si Tom hanggang sa sila’y makarating sa bahay.

Hindi umiyak si Tom nung gabing iyon ngunit may lumbay sa kaniyang mga mata habang pinagmamasdan si Miko na ipinapasok ang mga damit sa maleta. Sa dami ng lalaking kaniyang nakilala, hindi na niya maalala kung sino ang nakahawa sa kaniya. Pinulot niya ang mga nahulog na condom at lubricant.

“Miko.”

“Ano?”

“Naaalala mo pa?”

“Ang alin?”

At ibinulong muli ni Tom sa kaniyang tainga ang mga kataga.

Naalala ni Miko noong dalawang gabing makalipas nang huminahon siya sa galit at umupo muli sa kama. Bigla-bigla na lang, niyakap siya ni Tom nang napakahigpit at bumulong. Hindi niya alam na ‘yun na pala ang mga palatandaan nitong paparating na pagsubok sa kanilang dalawa. Hindi niya maintindihan kung papaano sila umabot sa ganito. Nang mahimasmasan si Miko, pinunasan ni Tom ang mga mata niyang basang-basa hanggang sa pisngi at hinalikan niya ang kaniyang noo.

“Tama ka. Kasalanan ko ‘to,” bigla niyang sinabi.

“Hindi Tom. Kasalanan ko,” mariing sabi ni Miko at natigil sa pag-impake.

“Kasalanan ko ‘to, Miko. Matigas ang ulo ko. Hindi na kita nirespeto.”

“Wala na rin namang saysay kung mag-aaway pa tayo nang ganito. Parehas lang tayong may sala rito.”

Tu-ko. Tu-ko. Tu-ko... Sinasabi ng mga matatanda sa Santa Rosa na masuwerte raw ang mga tuko. Kung makakakita ka nito’y sigurado ang dating ng mabubuting bagay sa iyong buhay.

“Kakayanin ba natin?” tanong ni Tom.

“Basta hindi magiging matigas ang ulo mo! Ang landi mo kasi e,” sagot ni Miko at kinutusan sa ulo si Tom. Tatawa silang dalawa at pinulot ang iba pang gamit na nahulog sa sahig. Hindi man nila inamin, nagsisimula nang manibago si Miko kay Tom. Sa loob ni Miko, hindi niya sigurado kung hanggang kailan niya kayang kumapit kay Tom. Hinayaan niyang malibang sa pagpulot ng mga gamit. Inalis niya sa isipan ang masasamang mangyayari kung iiwan niya ang taong minahal niya ng dalawang taon.

Sinimulan nilang matulog nang maaga at gumising nang maaga noong Linggo.

Inayos ni Tom ang kama at isinalansan ang mga kumot at unan sa isang gilid. Tinawag ni Miko si Tom at kumain sila ng sinangag, kamatis, at daing sa umaga. Iniabot din ni Miko ang isang tasa ng kape na mainit-init pa. Tahimik silang kumain.

“Miko, sorry,” binasag ni Tom ang katahimikan.

“O bakit ka nagso-sorry? Ang ganda ng umaga. Ang sarap ng pagkain.”

“Ayoko lang maging pabigat sa iyo. Ngayong alam mo na...” Idinampi ni Miko ang palad nito sa kamay ni Tom.

“Walang problema sa akin. Nariyan na iyan. Hindi na natin kailangan pang iwasan ‘yan.”

“Ngunit paano ang Mama sa Maynila? Tingin mo ba kailangan na nila malaman?”

“Nasa sa iyo. Anong pasya mo?”

“Natatakot pa ako.”

“Kapag handa ka na.”

“Sige.”

Ayaw nila parehas mabunyag sa kanilang mga pamilya at mga kaibigan ang kanilang mga sikreto. Nangako sila sa isa't isa na hihintayin ang tamang panahon para sabihin sa kanilang mga kamag-anak ang nangyayari sa kanila. Bago lumabas ng bahay, iniabot ni Miko ang mga gamot ni Tom.

Sa labas, magkahawak ang kanilang mga kamay at malayang ipinakikita ito sa mga ale at manong na dumadaan sa kanilang harapan. Nakaporma silang dalawa ngayong umaga. Hapit ang mga damit sa kanilang bisig at nakapantalong masisikip. Isinuot ni Tom ang paborito niyang pulang tshirt na may print na "Love Wins." Samantala, nakaputing polo shirt naman si Miko. Palakad sila papunta sa Kapilya ng Minamahal na Birhen ng Santa Rosa. Minsan kakapit si Tom sa bisig ni Miko. Lalakad sila na tila mga hari ng daanan.

May isang binatilyong dumaan sa kanilang harapan. Mapapatingin si Tom mula ulo hanggang sa suot nitong sapatos. Sisikuhin niya si Miko. Ituturo ang binatang dumaan.

"Puwede na?" tanong ni Tom. Walang sagot si Miko. Nakatingin lang ito nang malalim kay Tom.

"Ano? Bakit ganyan ka tumingin? Ano na namang ginawa ko sa 'yo?"

At sasabog silang dalawa sa tawa.

"Gaga ka. Nakuha mo pang lumandi sa sitwasyon nating 'to?" tanong ni Miko at sa pang-aasar, biglang kukurutin niya si Tom sa braso.

Nang kumanta ng Ama Namin, mahigpit silang naghawak-kamay. Mataimtim na pumikit si Miko habang pinagmamasdan siya ni Tom. Saglit itong tumitingin sa kaniya, nagtataka kung ano kaya ang dasal niya ngayon. Nang mag-Peace Be With You, nagnakaw ng halik si Tom.

"Huy! Nasa simbahan tayo!" ang mahinang bulalas ni Miko.

"E, ano naman? Wala namang problema kay God 'yun, a?" sagot niya.

"Magdasal ka na nga dyan. Daming sinasabi." Iismid si Tom at babalik sa pagdadasal.

Pagkatapos ng misa, kumain sila sa isang karinderya na malapit sa simbahan. Libre ni Miko ang tanghalian nila, isang platong adobo, gulay, pansit, at sinigang.

Habang kumakain, pinagmamasdan niya itong kumagat ng laman. Sa tuwing kumakagat si Tom, nakikita niya ang unang beses nitong kagatin ang kaniyang labi.

Naaalala pa niya noong hindi siya mapakali noong una silang magkita ni Tom sa Starbucks sa Maynila. Nagkakape lamang si Miko noon nang magkatinginan silang dalawa sa magkabilang table. Hindi man lang sila dumaan sa simpleng ligawan. Biglang lumapit si Tom sa kaniya.

“Ang cute mo. Gusto ko ang labi mo,” ani Tom sa kaniya. “Kung puwede lang kagatin yan.”

Tumawa lang si Miko. Hindi naman siya laging tumatambay sa Starbucks.

“Ang ganda ng mga mata mo,” ani Miko. “Anong kulay niyan?”

“Dark brown. Sabi nga nila, maraming natutuwa sa kinang nito,” at tila mahihiya nang kaunti si Tom sa mga sinabi ni Miko. Mapapaurong ito nang sandali sa upuan.

Mula doon, nagsimula na ang mahabang kuwento ng pag-iibigan nilang dalawa. Nag-check in sila sa isang kuwerto. Doon niya nakilala si Tom.

“Puwede mo ba akong tirahin?” tanong ni Tom sa kaniya.

Natigilan si Miko. Parang umurong ang kaniyang alaga.

“May condom ka ba?”

“Wala, e.”

“Paano ‘yan? Hindi ako tumitira nang walang condom at lube.”

“Sige na. Okay lang ako.”

“Hindi. Ngayon lang kita nakilala.”

“Sige na.”

“Hindi nga.”

“Okay.”

Sa unang beses pa lang nila, napansin na ni Miko ang ganitong ugali ni Tom. Wala naman siyang problema doon kung safe lang silang magtatalik. Hindi niya pinayagan si Tom. Ginawa nila ang ibang bagay at nang muling rumagasa ang nag-iinit nilang mga balat, gumapang ang mga daliri ni Tom sa kaniyang dibdib. Gumulong sila sa isa’t isa, kinain at kinagat ang mga bahaging hindi pa nila natitikman, at sumabog ang kanilang mga

abro

katawan, nangingig, umungol, at naghalikang muli.

Nang makahiga na ulit sila at kinumutan ang isa't isa, naalala ni Miko ang unang pagkagat ni Tom sa kaniyang mga labi. Namula ito at dumugo. Tila malalambot na kamatis. Hindi siya nagalit o sumigaw.

“May kakaiba sa iyo,” aniya.

“Ano yun Miko?” sagot ni Tom habang tinatangka niyang sumiksik sa kili-kili ni Miko.

“Wala kang arte.”

“Weh. Di nga? Baka bola mo lang ‘yan, a.”

Bigla siyang kiniliti ni Tom at naghalakhakan sila hanggang sa datnan na sila ng antok. Inakap ni Miko nang mahigpit ang estrangherong kaniyang nakilala lang ngayong araw na ito.

Bumuhos ang ulan sa labas. Hindi na makakauwi si Tom. Ayaw daw niyang umuwi. Doon na sila nagpalipas ng gabi.

Hindi na nagtagal at naulit muli ang kanilang pagkikita. Unti-unti niyang nakilala ang estrangherong ito. Nagkuwento si Tom tungkol sa kaniyang pamilya. Gusto nang lumayas ni Tom sa kanilang bahay. Ayaw na niyang umuwi. Laging umiyyak ang kaniyang Mama, Tito, at Lola. Binaril kasi ang kaniyang tito sa isang engkuwentro sa Iloilo. Ayon sa mga kapitbahay, nadawit lang ang kaniyang tito. Hindi raw ito totoong drug dealer. Bago pa man ito nakapagsalita, binaril na raw ito ng mga pulis. Nanlaban daw, sabi sa balita. Tumawag ang kaniyang Mama at sinabing umuwi na raw siya at samahan sila sa burol. Doon na raw sa probinsya ike-cremate ang bangkay ng tito niya at ibabarko na lamang nila ang mga abo sa Maynila. Hindi kaya ni Tom harapin ang kaniyang pamilya, ni makita ang urn ng kaniyang tito, at ni maranasan pa ang mga mangyayari sa susunod na mga araw sa kanilang bahay. Nagiging madalas ang alitan ng matatanda sa kung ano ang gagawin sa naiwang lupa ngayong patay na ang kaniyang tito... Isang hapon nang pauwi na sila ni Miko, tinanong niya ito, “Magtanan na kaya tayo? Umalis na tayo rito. Iwanan natin itong lahat.”

“Handa ka ba? Kakayanin mo ba?” ang sagot ni Miko na tila may pag-aalinlangan sa kaniyang boses.

Matagal bago naisip ni Tom ang mga bagay-bagay.

“Kaya naman natin maghanap ng trabaho sa ibang lugar. Ayoko na

rito, ang gulo ng buong Maynila, ang gulo rin sa bahay,” sagot niya.

“Sige. Gusto rin kitang makasama. Bukas na bukas din aalis tayo. May kakilala ako sa Santa Rosa na puwede nating lipatan,” ani Miko. Nag-alsa balutan ang dalawa noong gabing walang nakakaalam. Kinabukasan, magugulat na lang ang mga magulang ni Tom na wala na siya sa kanilang bahay. Kumalat ang kuwento sa buong angkan ni Miko. May nakakita ritong may kinakasamang lalaki. Hindi na nagulat ang mga kamag-anak niya.

Bigla-bigla na lang susulpot sa Facebook messenger ni Tom ang mga tanong ng kaniyang Mama: “Kumusta ka na diyan?” Shit. Alam na nila, ang tanging sasabihin sa kaniyang sarili. Ma, okay naman, at isasara na niya ang phone, o iiwasan ang mga mensahe. Hindi pa niya kayang makipag-usap sa kanila.

“Masarap ba?” tanong ni Miko kay Tom. Nag-order pa ulit siya ng extra rice dahil mukhang kukulangin sa kanilang dalawa.

“Oo naman. Libre mo pa ‘to, e. Naks! Laki na siguro ng suweldo mo,” sabi ni Tom at kikindatan pa siya bago sumubo. Matatawa siya sa lalaking kaniyang minahal nang dalawang taon. Ilang beses na nga ba niyang tinangkang iwan ‘to? Pero hindi ito pumalag.

Pagkauwi, mahihiga silang dalawa sa kama at magpapahinga. Ganito ang buhay tuwing Linggo. Tutunganga silang dalawa at makikinig sa paghinga ng bawat isa.

“Naihi ako,” paalam ni Tom at pupunta sa common CR ng kanilang tinitirhan.

Naiwang nakabukas ang kaniyang phone. Mapapansin ni Miko ang isang mensahe:

“hi”

Sumunod pa ang isa.

“wanna come over?”

At ang isa pa.

“can you host?”

Mula lahat sa Grindr. Binuksan niya ang phone.

Nanlaki ang mga mata niya sa mga nabasa. Mga dick pics, cropped na litrato ng mga nakahubad na lalaki, mga pic ng nakabukakang mga binata na may emoji ng araw, bituin, at unggoy, at mga mensahe tungkol sa location

ng mga lalaking ito na malapit lang sa Santa Rosa. Nang marinig niyang bumuhos na ang toilet, ibinalik niya ang phone sa dati nitong puwesto.

Pumasok si Tom si kuwarto, walang laman ang mukha ni Miko. Hindi siya makapagsalita.

“O, bakit ganyan ang mukha mo?” tanong ni Tom.

“Magsabi ka nga ng totoo,” biglang bumangon si Miko. “Bakit may Grindr ka pa rin sa phone? Naka-sex mo ba ang mga taong ito?”

Laking gulat ni Tom. Hindi niya inaasahan ang tanong ni Miko. Hindi niya alam ang isasagot.

“Sagutin mo!” sigaw ni Miko.

“Sorry, hindi ko nasabi sa iyo,” yuyuko si Tom sa kahihyan.

“Hindi lang isang beses na nangyari ito? Putang ina, Tom! Parehas na tayong may HIV, ganyan ka pa!”

Matagal ang katahimikan. Tila kinain silang dalawa nito. May humarurot na traysikel sa labas. Tumango si Tom. Tumingin siya kay Miko nang may pagmamakaawa.

“Miko, sasabihin ko naman dapat sa iyo...” inabot niya ang kamay nito. Pumiglas si Miko. Galit sa sitwasyon nilang dalawa.

“Na ano? Ang galing mo talagang sumira ng buhay,” bulalas ni Miko.

“Miko, anong gusto mong gawin ko? Magpakamatay? Ano? Tatal mamamatay na rin naman ako, e, unahan ko na!” tumataas na rin ang boses ni Tom.

“Itigil na natin ito,” biglang pigil ni Miko.

Natahimik si Tom. Tila hanging dumaplis lamang ang mga salitang ito. Narinig niya ang tuko. Tu-ko. Tu-ko... mula sa labas.

Nagsimulang mag-alsa balutan si Miko. Tinipon niya ang mga damit, ang mga gamit na naipon sa mahabang panahon. Hindi makagalaw si Tom sa kinauupuan. Inipon niya ang mga sasabihin. Paano niya maisasalba ang relasyong ito?

“Sandali, Miko,” pigil ni Tom.

Nagpatuloy lang itong ipunin ang mga gamit sa isang bag.

“Pakinggan mo naman ako. Bigyan mo ako ng pagkakataon. Parang awa mo na,” at sa pagkakataong ito lumuhod si Tom sa kaniyang harapan.

Ngunit nagpatuloy lang si Miko na tila walang ibang tao sa kanilang kuwarto. Hinawakan ni Tom ang kaniyang braso ngunit sinuwag lang ito ng lalaking ngayo'y hindi na niya makilala.

“Ayokong masira itong meron tayo. Nawalan ka ng gana sa akin. Paano naman ako? Paano naman tayo? Hinanap ko sa iba yung kalinga na ‘yun. Miko, lagi mo akong sinasaktan noong mga nakaraang buwan. Lagi mo akong sinisigawan. Wala na ba? Ide-delete ko na ‘tong Grindr. Parang awa mo na, ‘wag mo lang akong iwan!”

Nagpatigil si Miko nang sandali. Mahigpit na kinuyom ang mga kamay. Napakagat siya ng labi. Pinakinggan ang boses ni Tom.

“Tom, mahal kita. Pero...”

“Pero?”

“Ayoko na. Maghiwalay na tayo.”

Hindi malinaw kung bumukas ang bibig ni Miko. Sadyang nakapagtataka ang nasa isipan at imahinasyon ng taong ito. Ngunit kung ibinulong man ito ni Miko kay Tom, hindi na ito narinig ni Tom. Ibinaba na lamang ni Tom ang lahat ng hawak niya at hinalikan si Miko na tila walang katapusan, sa labi, sa leeg, sa mukha, sa lahat. Akala ng mga kapitbahay, nagbabatuhan ng gamit ang dalawa. At naging bulong-bulongan na naman ng mga tsismoso’t tsismosa: Eto na naman ang dalawang ito, nag-away na naman! E, cariño brutal!

“Mamahalin kitang puta ka. Wag mo lang akong iwan,” ani Tom sa kaniya na para bang ang hawak ay isang santo. Ngunit hindi siya pinakinggan nito. Patuloy lang itong nag-impake at pumiglas sa hawak ni Tom.

“Bahala ka na sa bahay na ito.”

“Miko!”

At iyon na ang huling araw. Ngunit hindi natakot si Tom. Ibinato niya ang phone sa malayo. Ipinukol niya kay Miko na naglalakad sa gitna ng highway pero hindi pa rin ito tumama sa kaniya. Hindi na niya pinulot ang phone. Bumalik si Tom sa bahay at pinatay ang ilaw.


Habang nasa bus pabalik ng Maynila, tinext ni Miko ang kaniyang pinsan: “Pre, maki2log muna ako diyan sa inyo. Nagkaproblema dito.”

Nakatulog siya sa bus at ang mahabang biyaheng ito’y dinala siya pabalik sa alaala ni Tom. Siya naman ngayon ang bumubulong. Ibinulong

abro



niyang muli sa tainga ni Tom ang mga kataga na una niyang ibinulong noong isang madaling araw. At niyakap siya nito nang mahigpit na mahigpit. At ibinulong din pabalik ni Miko ang mga katagang iyon sa tainga ni Tom, ngunit mahimbing na itong natutulog. Bukas, ikukuwento ni Miko kay Tom ang kaniyang napanaginipan. Masaya silang tumatambay sa isang hardin. Nakahiga siya sa mga hita ni Tom habang umuulan ng mga talulot ng dilaw na mirasol at mapupulang rosas na kasingkulay ng dugo. Nagbubulungan ng mga kuwento at biro, na tila walang takot na gumising sa umagang wala na si Tom sa kaniyang tabi.





*Sanaysay*

# *FERDINAND PISIGAN JARIN*

Si Ferdinand Pisigan Jarin ay ang awtor ng *Anim na Sabado ng Beyblade* at *Iba Pang Sanaysay*. Siya ay nagtuturo sa Division of Humanities ng College of Arts and Science sa University of the Philippines Visayas - Miag-ao.

# DUGYOT

Magtatapos ako sa elementarya noong 1988 na hindi pa rin uso ang uniporme sa Candelaria Central Elementary School.

Sa pagkakatanda ko'y kahit saang eskuwelahang pang-elementarya noon, sa bawat barangay ng Candelaria, ganito ang sitwasyon. Tanging ang mga estudyante ng hayskul sa Poblacion ang pumapasok na naka-uniporme. Magkapares na pantalong maong at puting T-shirt na may nakatatak na logo ng Saint Vincent's Academy sa harapan ang disenyo ng uniporme nila noon. Minamana ko bilang pambahay ang mga napaglliitang T-shirt na uniporme ni Tito Genie noon. Pribado ang eskuwelahan at pinatatakbo ng mga Katolikong pari at madre. Noong masyado pang prestihiyoso ang tingin sa anumang pribadong eskuwelahan, puwedeng sabihing eto ang pangunahing eskuwelahang pang-hayskul sa Candelaria. Susunod lang ang Pamibian Barangay High School at ang Luis Barangay High School para sa mga mag-aaral ng pampublikong eskuwelahan (na mas marami).

Bandang Dekada '90 na yata maipakikilala ang pag-uuniporme sa mga eskuwelahan ng aming bayan. Pero sa mas maraming pagkakataon noon, lagpas pa sa pagkakaroon ng uniporme, hindi ko maiiwasan ang

mapunitan ng dibdib ng mga palihim na panunukso ng ilang kaklase. Lalo iyong mga kaklaseng laging may bagong damit at gamit na naipasisikat sa tuwing sasapit ang unang araw ng pasukan.

Dugyot daw ako, sabi ng ilan sa kanila.

Isang kaklaseng may damit na marungis at laging amoy-pawis. Paulit-ulit pa raw ang suot kong damit. Minsanan lang daw ako kung maligo.

‘Yong pag-uulit ng damit, totoo. Talagang limitado lang ang damit ko noon. Kung may ipasasalubong mang bagong damit si Mama, nangyayari lang ito kung nalalapit na ang kaarawan ko o ang pasko. Madagdagan man ang mga ito, tiyak na hindi bago. Mga pinaglumaan sigurado ng nakaririwasang mga pinsan kong nakatira sa Maynila. Madalas mula kina Kuya Ricky at Ate Amy. ‘Yong minsanan lang kung maligo, hindi totoo. Peksman, naliligo ako bago pumasok. Hindi makapapayag si Nanay na pumapasok nang hindi naliligo ang mga apo. Matiyaga ang Ilokana kong Lola tungkol dito. Pero dahil sa hilig kong makipaglaro ng habulan o paunahan sa takbuhan sa ilang “dugyot” ding kaklase tuwing recess, sa loob man ng klasrum at sa mga pasilyo hanggang sa malupang bakuran ng eskuwelahan, hindi kakayanin ng may strong, not mild, detergent scent (di pa uso ang paglalagay ng floral o perfume scent noon) ng regular naming sabong-panligong Ajax o Superwheel (bilang batas ng rehimen ng minamahal naming si Nanay Floring). May mas malakas na aroma ito kesa sa bagong-lagang kape. Malakas na pinasingaw ng nagsanib na alikabok at pawis na natuyo sa aking anit. Mas mainit pa sa pinakuluang-tubig ng kape. Sa sobrang init, kayang magpasabog ng amoy na tila “tupon” (tuyong sipon), o kapag mas minalas, amoy na tila “sonata” (sunog na tae).

Nagiging sentro man ako noon ng panunukso at pambabalewala (minsang layuan ng kinakausap na kaklase, kunwari’y hindi narinig ang aking mga sinasabi, o hindi piliing isama sa mga larong may kampihan), hindi nito pipigilang magkaroon ako ng gusto sa isang kaklaseng laging nangunguna noon sa amin sa katalinuhan.

Magugustuhan ko ang parang laging bumubulong na boses ni Gay, ang buhok niyang madalas pinipigilang umalagwa ng mga laso, ang mukha niyang may laki na parang kayang sakupin ng kahit isang palad lamang ng aming guro, lalo na ang kaniyang mga matang madalas mag-close-open

habang nakatitig sa kinakausap.

Dahil isa siya sa mga nakakausap ko noon na di-nagparamdam na mas mataas pa sa akin ang walis-tambo namin sa klasrum, unang beses ko ring naramdaman na parang naging mas mabilis pa ang tibok ng batang-puso ko noon kesa sa mga pagkurap ng mga mata niya.

Isang araw, noong Grade 2 kami, tanda kong pinauso niya ang palmistry sa klase. Natutunan niya siguro sa pagbabasa o sa turo ng ilang matatanda sa pamilya nila. Nakita ko kung paano niya kunwari nababasa ang mga sinasabi ng mga guhit ng palad ukol sa kinabukasan ng aking mga kaklaseng may nakabukang palad, na nakapatong naman sa kaliwa niyang palad, habang ang kaniyang kanang hintuturo ay di-nagmamadaling naglalakbay sa mga guhit na binabasa.

Hindi man ako nakapagpabasa sa kaniya ng mga guhit ng aking palad dahil may kahabaan ang pila noong araw na simulan niya ang pagpapalm reading, unang beses ko namang nakita ang magiging “kapalaran” ng aking kinabukasan. At ito’y maganda.

Kinabukasan, habang nagre-recess ang ilan (si Gay, busog pa yata sa inalmusal; ako, gaya nang dati, palipas- gutom), nangyari ang nauna ko nang nakitang magandang “kapalaran.”

Sa ikalawang baitang bago sumapit ang pinakatuktok ng malapad at sementadong hagdan ng gusaling may disenyong Gabaldon, sa tapat ng solido at malaking pintuang kahoy ng aming klasrum noong kami’y nasa Grade 2, sa isang di-maipaliwanag na pagkakataon, tanging ako lamang ang lumapit kay Gay para magpabasa ng guhit ng aking mga palad.

Nagsasalita siyang wala naman akong tinatandaan. Kahit isang salita mula sa kaniyang mga naging interpretasyon sa sinasabi raw ng guhit ng mga palad ko, wala akong maalala. Hindi ko talaga napakinggan ang mga ito, kasi di ko naman talaga pinakinggan. ‘Yong ilang pagkakataong inilalapit ko ang tenga ko para mas marinig kunwari ang mahina niyang boses ay para talaga sa ilong ko na pakiramdam ko’y naging halimaw na may malalaking butas nang mga sandaling ‘yon. Nagkaroon ito ng sariling-buhay dahil may bago siyang naamoy. Mabangong amoy na malayong-malayo sa salitang amoy-tupon o sonata o mix ng kinakabitang katawan. Gustong-gusto nitong singhutin nang buo si Gay.

Pakiramdam ko'y unang beses din akong naging masamang bata noong araw na iyon. Dahil unang beses din akong nambalewala ng mga sinasabi ng kumakausap sa akin, matupad lamang ang aking "maitim na balak," este, nakita ko nang "kapalaran."

Biningi ako ng bango ni Gay na mas matamis pa sa amoy ng moradong bunga ng aming punong kaymito sa likod-bahay sa Quinabuangan. Pinamaga ng kaniyang patungang-palad, na mas malambot pa sa paborito kong tinapay na Pan de Leche, ang aking mga tenga. Para akong nagkaroon ng naghahabulang marurungis na mga Grade 2 sa loob ng aking dibdib na naging sanhi ng pagkaparalisa ng mga ugat ng aking mga mata, para di na nito makuhang kumurap nang kahit man lang isa, habang nilalakbay at sinasaliksik ng tingin ng mga ito ang heograpiya ng maliit na daigdig na nasa mukha ni Gay.

Pero di yata talaga nagtatagal ang magagandang kapalaran sa buhay ng isang batang nagkaroon ng "maitim na balak." Bigla kong narinig ang tunog ng kamay kong walang-sabi-sabing binitawan ni Gay mula sa pagkakapatong sa kaniyang palad. Kung kelan naman wala nang nagsasalitang Gay sa aking harapan, saka naman biglang bumalik ang pandinig ko. Pinili ko mang huwag pakinggan ang mga sinasabi ni Gay, wala namang nagawa ang nagbibingi-bingihan kong tenga nang dumagundong ang tunog ng kamay ko na humampas sa hangin, nang bigla niya itong bitawan. Kasinlakas ng tunog ng katawan ng isang batang lumagabog sa kahoy na sahig, nang mawalan ito ng balanse dahil bigla ring gumalaw ang tinutuntungang upuan.

Pero di tulad ng upuan na napalayo lamang sa bata dahil sa dikta ng puwersa ng kung anumang sitwasyong hindi napaghandaan ng bata, si Gay mismo ang biglang lumayo sa akin, kahit hindi pa man niya narinig ang sigaw ng aming guro para ideklarang tapos na ang recess.

Hindi ako nagkaroon, kahit minsan, ng lakas ng loob na tanungin si Gay kumbakit niya ako biglang nilayuan nang araw na 'yon. Pero may maririnig akong isang kongkretong sagot, kahit di ko naman pinangarap malaman ng sinuman sa aking mga kaklase ang pinangarap kong itanong kay Gay.

abro



Ikukuwento ito ni Edward sa akin nang sarilinan. Ang matangkad at may apelyidong intsik na kaklase kong si Edward. Aniya, di raw sinasadyang marinig niyang sinabi ni Gay sa ilang kaklase naming babae na noong mapatingin siya nang may katagalan sa aking mukha habang binabasa ang mga guhit ng palad ko, bigla raw nagmukhang monamon (dilis) ang itsura nito. Narinig daw ni Edward ito nang mapalapit siya sa umpukan nila Gay, na noong mga oras na iyon ay nakabilog na nakaupo habang nagbubunot ng mga ligaw na damo sa likurang bahagi ng bakuran ng aming eskuwelahan.

Kahit ang mga mamimili, di-nagtatagal sa bahagi ng palengke na hilera ng mga itinitindang isda. Nagmamadali ang mas marami sa kanilang mamili ng isda para mabilis ding maalisan ang lugar. Mahirap makapitan ng malansang amoy. Uuwi silang may malansang balat at damit. Kasalanan ng mga isda. Tulad ng monamon.

Mukhang monamon equals amoy monamon. Malansa ang amoy ng monamon equals malansa ang amoy ko. Mas biglang nagpapalayo ng tao na mas mabilis pa sa pambabalewala ng mga taong naamoy ka bilang sonata o tupon.

Totoo man ang kuwento o hindi, di pa rin ako nagkaroon ng lakas ng loob na itanong din ang katotohanan nito kay Gay. Lilipas ang panahon ng aming Grade 2 na sumasaglit sa batang puso ko noon ang kuwento ng pagtangi sa isang kaklase habang madalas pa ring makipaglaro ng habulan sa iba pa. Dahil nang maturuan akong magtangi ng tao noong Grade 2, natuto rin itong kumilala ng sakit dahil hindi pala lahat ng pagtatangi ay matutumbasan ng pagtatangi.

At maluwag nga itong pinapasok ng aking dibdib noon, na katulad ng maraming bata, ay may pusong di pa mapagdududahan ang katapatan ng pagtibok. Kaya mararamdaman ng aking batang dibdib ang sakit noon, na mas malakas pa sa iniinda ko ring sakit ng sikhura tuwing recess, nang mga sumunod pang mga araw ng taong iyon.

Mas nagtagal ang pagtambay ng uri ng kirot nito kesa sa kirot ng katawan na naramdaman ng isang batang lumagabog sa sahi. Hindi tulad ng kanya, hindi kayang tanggalin ng anumang uri ng hilot ang naging kapalaran ng isang pagtatanging lumagabog sa hangin.

Hindi ko na ipatitingin pa sa iba ang aking palad mula noon. O mismong maniwala na ang kapalaran ay makikita sa mga guhit ng palad. Talagang kailangang sumugal tayong “tumayo sa upuan” kesehodang kabahan tayo na biglang ma-out of balance at lumagapak paulit-ulit, maabot lang ang mga itinalaga nating abutin. Hindi rin naman ako huminto na magtangi ng tao. Sa kalayuan man o sa mas pinakamalapit na distansiya nito. Mas naniniwala pa rin kasi ako ngayon na may mas malaking pag-asang ibinibigay ang pag-asam ng mga pinapangarap kapag di tumitigil ang tao, lalo na sa pagtanda na ng kaniyang puso, na magtangi ng kapuwa tao. Na magmahal ng kapuwa tao. Bagong-ligo man siya o hindi pa naliligo. Kahit amoy-ajax pa siya, sonata, o tupon.

A vertical, handwritten signature in black ink, appearing to be the name 'Arjo'.

# JASON POZON

Si Jason F. Pozon ay nagtapos sa PNU ng kursong Batsilyer sa Pansekondaryang Edukasyon medyor sa Filipino noong 2014 at nagkamit ng KADIPAN Leadership Award at Francisco Balagtas Special Award. Kasalukuyang tinatapos ang MA Malikhaing Pagsulat sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa UP Diliman. Guro sa Filipino ng UP Rural High School sa UP Los Baños. Naging fellow ng 6th Cordillera Creative Writing Workshop noong 2018 sa UP Baguio, Ika-12 Palihang Rogelio Sicat noong 2019 sa UPLB, at Ika-4 na Palihang Bienvenido Lumbera sa Salin ng Likhaan, UP Institute of Creative Writing. Patuloy na nagtatangka sa pagsusulat ng sanaysay at dulang pantanghalan na umuugnay sa wika, panitikan at bayan.

# KALAPATI

Maalinsangan ang buong silid na nahihilamusan ng puting pintura at napalilibutan ng mga bintanang kung hindi basag ang salamin, palinghado naman ang pagkakalagay. Bawat bintana, may sinasabi, may ipinapakita. Ngunit iisa lamang ang mensahe ng mga ito: ang buhay ay isang malaking arena, kailangang makipaglaban at kailangang lumaban.

Dinig na dinig ang busina at ang pagpapabalik-balik ng mga sasakyan sa labas. Nakasanayan na maging pampatulog ang ingay ng mga motorista na bahagyang nawawala kung lumalalim na ang gabi.

Hindi maitatago ang bitak-bitak na pader na nagpapatunay kung ilang kalamidad na ang napagtagumpayan nito. Ang bawat tuklap na vinyl sa sahig ay tanda ng dahan-dahang paglalaho ng dating ganda ng gusali.

Labas-masok ang mga tao. Iba't ibang klase ng tao. May nagtatawanan sa isang sulok, tawanan na maya-maya'y mapapalitan ng katahimikan. May nananahimik na wari mo'y nagdarasal, humihiling, nakikiusap, at piping dumadaing ng hirap. May natutulog, mahimbing sa pagkakatulog at 'di alintana ang pamamaluktot sa nag-iisang plastik na bangko sa saliw ng taimtim na musika ng mga 'di mapakaling kaluluwa

sa ritmo't pagitan ng mga buntong-hininga. May ilan na nagbabasa ng peryodiko, Our Daily Bread, minsan pa nga ay Mabuting Balita Bibliya. Ang iba naman ay 'di maihi na tila may hinahanap, may inaalala, kinakabahan.

Makikita ko na lamang ang aking sarili na nakaupo sa gilid ng reclining bed na nilatagan ng kulay asul na panapin. Nakalubog ang kaniyang ulo sa iisang unan na may bahagyang nabubura na tatak: "Rizal Medical Center." Nakaramdam ako ng awa, ng lungkot, ng inis, at ng galit. Maraming tanong na gumugulo sa 'kin. Mga tanong na marahil hindi na naghihintay ng tugon, mga tanong na walang sagot.

Mahirap pala talagang maging mahirap. Gasgas na pero totoong-totoo. Siksikan sa ward ng PCSO department at walang makina o aparato. Wala pang isang dipa ang pagitan ng mga higaan na may tig-iisang bangkito sa tabi para sa magbabantay. Siksikan, tila isang malaking koral, hawla ng mga ibong walang layang mabuhay.

Walang libreng gamot at may botika sa unang palapag na doble ang presyo ng mga gamot. Kung wala kang pera, wala kang karapatang magkasakit. Ang salitang "pagkakasakit" ay nasa bokabularyo lamang ng mga maykaya, ng mayayaman.

Suntok sa buwan ang pagbisita ng mga doktor at minsan lamang ang pagsipat ng mga nars. Buti pa ang Sto. Niñong naiilawan ng dalawang kulay pulang kandila, nakikiramay, nakikisama ngunit walang magawa, walang masabi, walang maitulong.

Ilang beses ding nagparoo't parito ang mga nars na hindi man lang marunong magpaambon ng ngiti. Marahil ay dala ito ng pagod. Halos dalawa lang silang lumilibot sa apat na PCSO charity wards sa buong maghapon. Sabayan pa ng makukulit na pasyente at palautos na ilang dalaw o kaanak na nagsisiksikan sa maliliit na pagitan ng mga reclining bed.

Napag-isip-isip ko, paano nila kinakaya ang buong maghapon na halos salita at walang pahinga na tumitingin sa mga pasyente sa kalunos-lunos na kalagayan ng mga ward na ito? Ano ang pinagkaiba ng ibang wards sa ward namin? Dahil ba nasa charity ward kami, charity na lang din ang pagtugon sa mga pangangailangan namin? Nandidir ba sila? Namimili? O talagang wala lang silang amor sa mga tulad naming maralita? Kaya't pati serbisyo ay matumal. Mga 'tang ina nila!

Pamatay ang init at baktirya ng halo-halong singaw ng mga taong maysakit. Sa mga susunod na kama mula sa aking kinauupuan, makikita ang iniindang hapdi ng mga pasyente. Ungol at abot-abot na paghinga ang tanging lunas upang maibsan kahit papaano ang kanilang paghihirap. Araw-araw na pagtitiis, araw-araw na pagdurusa. Survival of the fittest ang labanan.

Kaya kahit 'di nakapagsasalita ang mga nasa malubhang kalagayan, tiyak kong dalawa lang ang ipinapanalangin nila: una, sana'y may milagro na mag-ahon sa kanila sa kumunoy ng karamdaman; at ikalawa, sana isang umaga ay hindi na sila magising pa para matuldukan na ang lahat. Kung totoo nga ang pagpapalagay kong ito, ano kaya ang panalangin ni Tatay Mel?

Halos magtatatlong araw nang hindi umiimik at nagsasalita si Tatay Mel. Hirap siyang igalaw ang kaniyang katawan na para bang namamanhid at nababalda. Mamamalayan ko na lang na nakadilat siya at nakatingin sa kisame. Tulala, may gustong ibulong, iparating.

Malayong-malayo ang kaniyang anyo noong mga araw na malakas pa siya sa kalabaw. Ang dating malusog na pangangatawan at malalaking biyas ay wala nang lakas, ni hindi maigalaw o maiangat.

Sinubukan kong pindutin ang kaniyang mga bisig, ang kaniyang mga kamay na dati-rati ay nag-aabot ng sampumpiso sa akin tuwing igagarahe niya ang pampasadang jeep na agad ko namang itatakbo sa tindahan para bumili ng Zest-o at ilang putol na Stick-O. Ang matitirang barya ay iipunin hanggang makabili ng kalapati. Walang reaksyon, walang puwersa, nakalahad lamang ang kaniyang mga palad. Manhid.

Halos walang sariwang hangin sa buong malaking silid at tirik na tirik pa rin ang araw sa labas kahit panahon ng tag-ulan. Isabay pa ang polusyon ng mga nagdaraang sasakyan.

Ang mabibilog niyang mga mata na dati-rati'y laging nakangiti ay nag-iba na ngayon. Walang buhay, walang laman at walang ngiti. Tumatagos sa akin ang mga titig niya, tumatagos sa kaluluwa, tumatagos sa pagkatao.

Ni hindi makapagsalita si Tatay Mel. Tanging impit na tunog, ungol at malalim na paghinga ang aking nakukuhang tugon mula sa kaniya kapag kinakausap ko siya. Lagi kong marahang dinadampian ng basang tuwalya

abon

ang kaniyang nagbabalat na mga labi.

Kapag sunod-sunod na ang kaniyang pag-ungol ay kinakabahan ako dahil hindi ko alam ang gusto niya hanggang sa patakbo akong tatawag sa nurse station para tulungan kami.

Lilipas ang buong maghapon ng paghihintay, ng pag-asa na magiging si Tatay Mel mula sa pagkakaratay niya sa sakit na iniinyakan ng aking tiyahin, ng aming pamilya, ng aming balsa.

Bago kumagat ang dilim, uuwi ako ng bahay upang magpahinga at patulugin ni Lola. Marahil alam niya na wala pa akong pahinga mula sa pagbabantay sa ospital dahil walang ibang aasahang magbabantay kay Tatay Mel.

Bakante. Nag-iisa sa higaan na dating tagpuan ng mga kaluluwang iniwan, nangungulila at naghihintay. Nakatitig sa kisame, bahagyang pumikit, huminga nang malalim. Amoy na amoy ko si Tatay Mel.

Amoy alak, amoy pawis siya. Wala naman itong kaso dahil mas mahalaga ang nararamdaman kaysa sa naaamoy o nakikita.

Mahilig si tatay sa puting brief. Ang linis tingnan, ang bango, at aninag na aninag kahit madilim. Maraming beses ko na rin siyang nakitang nakahubad. Wala namang kaibahan, mas malaki lang ang kaniya. Siguro kapag kasinlaki na rin ako ni tatay, magkasinlaki na rin kami ng pagkabalaki. Mas nasisiyahan ako kapag natutulong lang siyang nakahubad dahil sa kalasingan. Yayakap siya nang mahigpit at mararamdaman ko ang gumagapang na init sa katawan niya, mula sa hininga, sa leeg pababa sa kalamnan. Hanggang sa mararamdaman kong may tumutusok sa puwetan ko. Pero tulad ng sinabi ko, walang malisya.

Nakatulugan ko na ang pangangarap ng gising at maaalimpungatan sa ingay ng mga gutom na kalapati ni Tatay Mel na tila hinihintay rin ang kaniyang pagbabalik. Sinipat ko mula mata patungo sa tuka hanggang sa abuhing pakpak ang mga kalapati. Maraming alaala ang sumisingit sa aking isipan. Mga alaalang nagmulat sa akin sa napakaraming bagay.

Noong panahong iyon, pito hanggang walong taong gulang pa lamang ako, mahilig ang aking kakambal na si Jovan na mag-alaga ng kalapati dahil ito ang uso na libangan ng mga batang lalaki noon. Dali-dali kaming tatakbo sa pet shop ni Ka Ruben at bibilhin ang mga kalapating tila

sabik na sabik makawala at hinihintay talaga kami sa aming pagdating. Hindi na namin sisipatin pa, basta buhay at kayang makalipad ay okay na. Tuloy ang ligaya. Tuloy ang paglipad.

Kakaripas kami ng takbo pauwi. Pagdating sa bahay, patago namin itong iaakyat sa bubong upang 'di makita ni lola, dahil kapag nakita niya, patay kang bata ka! Sermon ang aabutin namin, ang aabutin ni tatay. Ayaw ni lola ng kalapati, naiinis siya tuwing malalaman niyang si tatay ang nagbibigay sa amin ng pera upang makabili nito. Takot si lolang magkahika kami, mabalahibo raw ang mga kalapati at madaling maglagas.

May mataba, may payat, may purong puti, at 'yung iba ay may batik na abuhing kulay. Nakaeengganyo talagang pagmasdan ang mga kalapati kapag sama-sama sila at akala mo ay may mga pinag-uusapan at talagang nagkakaintindihan. Matiyaga namin silang aalagaan, pakakainin, paiinum, lilinis ang mga dumi at minsang babasain upang mapreskuhan sila. Masaya na kaming makita silang ligtas at malakas. Sobrang saya.

Kampante kami na hindi makakawala ang mga kalapating ito sa bahay na ginawa sa kanila ni tatay noong sama-sama pa kami sa iisang bubong, noong buo pa kami, isang pamilya. Siguro may dalawang dipa ang haba at kalahati naman ang lapad. Ang mga basyo ng mga plastik na bote na hinati upang maging lalagyan ng patuka at sisidlan ng tubig tuwing tanghaling tapat. Matibay ang bubong ng kanilang bahay. Walang bagyo't unos na makasisira.

Makalipas ang isang linggo, alam ko na baka hindi ko na makita ang iba sa mga kalapating halos napalapit na sa aking kalooban. At bilang tanda ng aking musmos na pagmamahal, at kabaklaan na rin, ay paglalalagyan ko ng lipstick na pula ang kanilang mga tuka. 'Yung pulang-pula, kitang-kita ang kurba ng tuka, matingkad, at nagmumura. Sabay tatawa ang aking kakambal habang nalilibang ako sa aking ginagawa. Welcome to J&J Animal Beauty Salon!

Hangang-hanga sa akin ang aking kakambal kung paano ko nakukuha ang lipstick ni tita mula sa matangkad na tokador na ilang surot na lang ang pipirma ay puwede nang ipanggatong. Ilang araw at linggo ko rin silang paglalaruan, magiging kagalakan, hanggang dumating ang araw ng pagwawakas. Wala talagang pangmatagalan, even birds do come and



go.

Bago pa pumutok ang araw, dala-dala namin ang mga kalapati na nakasilid sa malaking kahon ng mga noodles na binutasan ng maliliit. Binili namin sa halagang tatlong piso kay Bobo. Oo, Bobo. Bobo ang tawag namin sa may-ari ng malaking tindahan sa kanto dahil mali-mali ito magsukli lalo na't sabay-sabay ang mga bumibili.

Madilim pa sa labas, hindi pa tumatalon ang mga demonyo sa impiyerno. Kailangang kalsuhan ang mga talukap ng mata. Sa 'di kalayuan, mag-aabang, sasakay kami ng dyip na biyaheng Quiapo. Hindi ko na matandaan kung saan kami bumababa basta ang alam ko ay mahaba-haba ang lakarin para marating ang maliit na tulay na kasalukuyang isinasaayos at malapit sa kinatitirikan ng SM Manila. Hihintayin namin na kumulimlim ang langit at sumilip ang araw, at pagkatapos ay isa-isa naming pakakawalan ang mga kalapati.

Nakararamdam ako ng kakaibang tuwa kapag nakikita ko na sama-sama silang lumilipad na akala mo ay nagpaparada sa lawak ng kalangitan. Tinalo ang sagala ng mga bakla kapag Mayo at aswang kapag Nobyembre. Ngunit may lungkot at pangungulila dahil hahanap-hanapin ko sila. Pero hindi ako nawawalan ng pag-asa na babalik din sila dahil may kakayahan ang mga kalapati na alalahanin ang isang lugar kung saan sila naglalagi. Tiyak na magbabalik sila. Hindi man lahat, nakasisiguro akong may babalik.

Nakatutulong ang mga lipstick upang makilala ko silang muli at makilala nila ako na nagbigay ng kulay at kagandahan sa kanila. Ang lipstick bilang tanda ng pagmamay-ari, tanda ng pagiging tapat sa sarili.

Bilang bata, wala pa naman ako gaanong maitutulong noon. Kabi-kabila ang panghihiram at paghingi ng tulong kung kani-kanino. Kaya naman kailangan ko nang bumalik sa ospital dahil sa sandaling iyon, wala pa akong magagawa kung hindi tingnan si Tatay na nakaratay sa kama ng karamdaman.

Kapag pinalad na makapasok, pagdating ko galing sa eskuwela, sa ospital agad ang aking tuloy. Naka-uniporme pa ako at walang ingay kong isasalansan ang aking bag sa ilalim ng kama niya. Susulyapan ko ang kanyang mga paa pataas sa kaniyang binti, hita, tiyan, dibdib, leeg hanggang ulo. Nakapanghihina, nakawawala ng lakas ang pagtitig sa kaniya.

Wala pa rin siyang malay, bahagyang nakabukas ang kaniyang bibig. Malalalim ang hugot ng hininga. Dama ko ang lalim ng kalungkutang matagal-tagal din niyang itinago sa akin, sa amin. Nakaaantok ang simoy ng hangin na nagduduyan sa pagod kong katawang lupa, batang isip, at kaluluwa. Marahan akong yuyuko at makaiidlip hanggang sa abutan ako ng pagdilim sa labas. Sa mga araw na ito, walang Zest-o, Stick-O, at lalong walang pambili ng mga kalapati.

Isang hapon noon, sa katabing kama ni tatay ay nakita ko na dinudulutan ang lalaking nakaratay ng mainit na sabaw ng isang babae na sa tingin ko ay 'di nagkakalayo ng edad. Naisip ko si nanay, nasaan kaya siya? Alam kaya niya na may sakit si tatay? Ano kaya ang ginagawa niya sa mga panahong iyon?

Matagal na rin noong huli kaming magkita ni nanay. Maulan iyon at nagbabadya ang isang malakas na bagyo. Dala-dala ni nanay ang mga gamit niya habang umiiyak. Nagsisigawan sila at nagsasakitan. Matalas ang bawat salita, bumabaon sa pagkatao.

Nakaramdam ako ng takot at hindi ko lubos na maunawaan ang mga nangyayari. Habang lumalaki ako, unti-unting nabubuo ang maraming tanong sa 'king isipan. Bakit kailangan na maghiwalay? Hindi ba sila magbabati para sa 'kin o alang-alang sa mga kapatid ko?

Kadulu-duluhan, ako lang ang naiwang kasama ng aking tatay. Bakit ako naiwan? Hindi ko na matandaan.

Aaminin ko na may tampo ako sa nanay ko noong mga panahon na iyon dahil iniwan niya kami. Nagpapakalunod sa alak si tatay at ang kaniyang mga pag-iyak sa akin ay hindi ko pa maunawaan noon. Lahat ay palaisipan. Lahat ng nabubuo sa aking musmos na isipan. Walang iba kundi mga tanong at mga tanong.

Nagdaan ang mga buwan at taon, hindi ko na nakita ang aking ina pati ang aking mga kapatid. Nabalitaan ko na lamang na may boyfriend daw siya at buntis. Pagkatapos manganak ng babae, iniwan din siya ng kaniyang kinakasama. Kaya, may kaisa-isa akong kapatid na babae.

Kapag tinatanong ng aking guro at sa mga papel na aking sinasagutan ang trabaho ng aking ina, ang inilalagay ko ay "deceased." Pinanindigan ko ang paniniwalang ito.

Patuloy kong pinaninindigan. Hanggang kailan? Hangga't kaya ko! Hangga't may hininga. Sa totoo lang, wala naman na talagang babalik na nanay. Sanay na ako.

Sinisisi ko ang aking ina. Bakit hindi pa siya mamatay? Bakit siya pa ang aking naging nanay? Sana may karapatan tayong pumili ng magulang bago tayo ipanganak sa mundong ito.

Habang nagkakaisip ako, hindi naman kami nagkikita sa loob ng maraming taon, masasabi kong humupa na ang galit ko sa kaniya. Wala na lang akong maramdaman. Ilang beses na kaming nagkita ng pasko kapag dumadalaw sila ng aking mga kapatid sa lola ko. Walang emosyon, kaswal masyado, walang manipis na linyang nagdudugtong sa amin.

Maraming pagkakataon na nagkukwento ang mga kapatid ko tungkol sa kaniya. Tahimik lang akong nakikinig. Hindi naman ako sarado sa muli naming pagbabati. Minsan, gusto ko rin marinig ang mga dahilan niya kung bakit niya ako iniwan, bakit niya niloko ang tatay ko. Inihahanda ko pa ang aking sarili. Ang alam ko lang, matagal pa iyon.

Bumalik ang aking ulirat mula sa pagkakatatig ko sa katabi naming kama nang kalabitin ako ng nars upang tingnan si tatay. May bahagyang ngiti na gumuhit sa aking mga labi nang sabihin ng nars na gagaling si tatay at makakapagkulitan muli kami.

Kinagabihan, lahat kami ay nagmamadaling bumalik sa ospital. Hindi ko maipaliwanag ang magiging reaksyon ko sa mga sinabi ng doktor at nars. Dalawang salita lang ang tumatak sa aking isipan: vital at sign.

Isang doktor at isang nars na pamilyar ang mukha ang dahan-dahang nag-pump kay Tatay Mel. Itinagilid nila ito, hanggang bumulwak ang dugo mula sa ilong, sa bibig ni tatay. Internal hemorrhage daw ang dahilan ng pagkamatay. Maraming naipon at namuong dugo sa kaniyang utak epekto ng pagsabog ng mga ugat niya na hindi ko pa gaanong maintindihan noon.

Humahagulgol si tita habang pinagmamasdan ko ang pulang-pulang lipstick niya na minsang idinampi ko sa mga tuka ng kalapati namin ng kakambal ko. Unti-unting tumalikod ang aking mga kapatid habang niyakap ako nang mahigpit ni lola.

Hindi ko alam kung makikiyak ba ako o magtatanong ako kung bakit sila umiiyak. Muli, nakadama ako ng kurot sa aking puso at ng malalim na kalungkutan tulad ng pagkawala ng mga kalapati na inalagaan at masasabi kong naging bahagi na ng aking kamusmusan.

Walang nagbago kay tatay sa mga sandaling iyon. Lapat na lapat pa rin ang kaniyang likod sa kalawanging kama. Payapa pa rin siyang natutulog. Walang tigil ang mga luha mula sa aking mga mata. Hindi siya puwedeng mamatay. Paano na lamang ako? Paano na ang kanta? Paano na ang ever? Matitikman ko kaya ulit ang luto sa karinderya ni Babsie? Wala na akong sampung piso, wala na akong Zest-o at wala na akong Stick-O. Wala na ang mga gabing nagmulat sa akin sa napakaraming bagay.

Kasabay ng kaniyang paglisan, ipinabaon ko ang masasamang alaala, pinalaya ko ang aking sarili. Malayang nilalakbay ang asul na kalangitan tulad ng mga kalapati. Malayang-malaya.



# RAYMUND REYES

Si Raymund P. Reyes ay kasalukuyang nakatira sa Ottawa kung saan siya ay nagtuturo ng English sa Algonquin College. Ang kaniyang mga akda ay kasama sa mga antolohiyang Philippine Speculative Fiction X, Science Fiction: Filipino Fiction for Young Adults, On the Back of a Motorbike: Stories and Poems from Southeast Asia, Baklas: Antolohiya ng mga Radikal na Kuwentong Pambata, at Mga Piling Dula Mula sa Virgin Labfest: Ikatlong Antolohiya.

## ISANG ARAW SA MRT

Laking tuwa ko nang makahanap ako ng bagong trabaho sa Ortigas, ilang metro lamang ang layo mula sa estasyon ng MRT. Sa isip ko, dahil sasakay ako ng tren pagpasok at pag-uwi araw-araw, hindi ko na kailangang mag-alala sa trapik. Walang trapik sa tren. May sariling riles itong tinatahak sa kahabaan ng kalye ng EDSA. Sa bandang Intramuros ako dating namamasukan kung saan animo'y naglalakad ang dyip kapag binabagtas na nito ang España Boulevard at Quiapo tuwing rush hour o oras ng pasukan ng mga estudyante at empleyado sa umaga at uwian tuwing hapon. Pero kapag MRT ang sasakyan ko, mahaba na ang tatlung minuto at nasa opisina na ako.

Isang Lunes ng Mayo ang unang araw ng aking pasukan. Linggo pa lamang ay nagpunta na ako sa estasyon ng MRT para bumili ng Beep card, iyong access card na ginagamit pang-swipe para makapasok sa sakayan ng tren. Sabi ko sa sarili, kung araw-araw din lang akong sasakay ng tren, mas mainam nang meron ako nitong card nang sa ganoon ay hindi ko na kailangang pumila para magbayad ng pamasaha sa tuwing bago ako sasakay ng tren. Mas makatitipid ako ng oras. Iyong ilang minuto na ipampipila ko sa

pagbili ng tiket, maidadagdag ko sa oras ng tulog ko.

Alas nuwebe ang oras ng pasukan dito sa bago kong trabaho, medyo atrasado na kung ikukumpara sa dati kong alas siyete ng umaga. Sa katunayan, isa ito sa mga dahilan kung bakit ko tinanggap ang trabaho. Hirap akong matulog nang maaga sa gabi at karagdagang parusa ang paggising nang mas maaga pa sa tandang. May mga araw na pakiramdam ko isa akong zombie na ang tanging iniisip sa trabaho ay mairaos ang araw para makauwi na at makatulog. Hikab ako nang hikab maghapon. Pero sa bago kong trabaho, hindi ko na kailangang gumising nang maaga. Hindi na ako makikisabay sa pasukan ng nakararami, hindi pa susuong sa gitgitang trapik ang aking sasakyan.

Dahil unang araw, naisipan kong pumasok nang maaga at magpa-impress sa aking magiging boss—kahit pa man alam kong dadalo lang naman ako sa isang maghaponing orientation kasabay ng iba pang mga bagong empleyado ng kumpanya. Alas-otso ng umaga nang dumating ako sa bungad ng North Avenue Station ng MRT. Laking gulat ko nang tumambad sa akin ang isang napakahabang pila na ilang metro ang haba sa gilid ng bangketa na nang sundan ko ng tingin ay papasok at paakyat ng hagdan, hanggang sa taas na apat na palapag ng gusali kung nasaan ang mismong sakayan ng tren. Pinili kong sa North Edsa Station sumakay kahit mas malapit ang aking tinitirhan sa Quezon Avenue Station dahil akala ko mas madaling makasakay kapag doon ka papanhik sa pinakaunang estasyon ng tren kung saan walang laman at magsisimula pa lamang ang tren sa biyahe nito. Pero mukhang lahat ng pasahero ay katulad ko ang inisip. Hindi lamang iisa ang ga-anaconda na pila kundi apat! Dalawang pila ang nagmumula sa sakayan sa itaas, pababa ng hagdan, hanggang sa pinakaunang palapag, at abot sa bangketa palabas ng bungad ng estasyon. May dalawa pang pila sa tapat ng kalsada kung saan may pasukan rin paakyat ng estasyon. Silang apat, kilo-kilometro ang haba kung pagsasama-samahin. Libo-libong pasaherong nakapila at naghihintay. Parang pila sa takilya ng tumabong pelikula. Ang mas mainam lamang sa sinehan, eksayted kang pumipila dahil gusto mong mapanood ang pelikula o iyong iniidolo mong artista. Pero sa MRT, hindi mo ninanais na mag-antay at pumila para lang makasakay ng tren. Pandagdag pa sa hirap ang mainit na araw lalo na sa bandang walang lilim. May mga pasaherong nakabukas ang

payong. May mga pinapaypayan ang sarili o tinatakpan ang mukha gamit ang dalang bag o notebook. May iba namang tila nasanay nang nakabilad sa araw umagang-umaga at hindi na alintana ang tagaktak ng pawis sa noo o namamasang likuran at kili-kili. Ako man ay pinagpapawisan na noon. Bilasa na ang pakiramdam hindi pa man nakapagsisimula sa trabaho. May libreng pa-wifi ang MRT kaya abala ang marami sa kanilang cellphone. Ganun pa man, hindi sulit sa aking palagay ang libreng wifi kapalit ng nasasayang na oras sa pila na ipinandagdag ko na lang sana sa aking tulog.

Hindi sa wala akong kaalam-alam sa mga pagdurusa ng mga sumasakay ng MRT. Nababasa sa diyaryo at napapanood ko rin sa TV ang tungkol sa mga reklamo ng mga pasahero ng tren. Pero matagal-tagal na bago ako huling nakasakay ng MRT. Nadadako lamang ako sa bandang EDSA kapag kinakailangang magpunta ng mall, at dyip o taxi ang sinasakyan ko sa mga pagkakataong iyon. Naiisip ko pa lang kasi ang taas ng aakyating hagdan para makarating sa estasyon, mas ninanais ko na lamang ang maghintay sa labas ng bahay at magpapara sa dadaang dyip o taxi. At kapag hindi ka mismo sumasakay ng tren at hindi ka biktima ng mga abala at kunsumisyong dulot nito, medyo wala kang pakialam. Pagkatiklop ng diyaryo at pagkapatay ng telebisyon ay tila naglalaho na rin ang mga karanasan sa balitang iyo lamang nabasa o napanood. Nagiging totoo at dama ang masasamang balita sa diyaryo at telebisyon kapag sa iyo mismo nangyayari ang mga ito.

Mabilis namang umuusad ang pila kapag may tren na dumarating at nagbubukas para pasakayin ang mga pasahero, pero parang hindi rin ito maramdaman dahil sa laksa ng mga bagong pasahero na patuloy na nagsisidatingan. Mas marami pa yata ang dumarating kesa nababawas sa tuwing may bagong tren na nagpapasakay. Siguro, katulad ko, ang mga taong ito ay niloloko rin ang mga sarili na mas mainam ang sumakay ng MRT dahil walang trapik at mas mabilis silang makararating sa kanilang paroroonan.

Apatnapung minuto ang ipinag-antay ko mula sa pagpila hanggang tuluyang makapasok sa tren. Labinlimang minuto naman ang itinagal ng biyahe ko hanggang makarating ng Ortigas Station. Pakiramdam ko nagoyo ako. Parang noong pumila ako ng halos isang oras para makasakay sa roller

abao



coaster sa Disneyland pero hindi naman umabot ng sampung minuto ang buong karanasan ng pagsakay. Pero may hatid naman na tuwa ang roller coaster sa Disneyland. Ang MRT, wala. Maiinis ka lang. Hindi pa ako nakaupo. Mala-sardinas kasi ang siksikan sa loob. Hindi umandar ang tren hangga't mahuhulugan pa ng karayom ang espasyo sa loob ng bagon. Ilipin mo pa ang mga babae, matatanda, o may kapansanan na nakikihalubilo kahit pa man may sariling bagon doon sa unahan na sadyang nakalaan para sa kanila. Pero naisip ko rin, siguro dahil siksikan din sila roon at hindi rin sila makapuwesto lalo na kung hindi ka pa masyadong matanda o hindi masyadong halata ang iyong kapansanan. Siguro ang mga pasahero doon may parang kumpetensiya kung sino ang mas matanda, mas mahina, o mas may malalang karamdaman para magkaroon ng karapatang maupo.

Sa sobrang siksikan sa loob ng tren, hindi mo na kailangang humawak sa rehas na nakakabit sa kisame. Hindi ka matutumba o mabubuwal sa galaw at alog ng umaandar na sasakyan dahil tiyak mayroong sasalo o masasandalan na kapwa pasahero. Ang init pa sa loob. Mukhang may aircon naman pero hindi lang ramdam dahil sa kapal ng tao. Kung nawalan ka na ng pakialam sa basang likod dahil sa pawis kaninang pumipila ka lamang, nawawalan ka na rin ng pakialam sa nagugusot mong damit sa loob ng tren. Ito siguro ang dahilan kung bakit ang ibang pasahero ay nakapambahay o nakapanloob na suot lamang. Pagdating sa kanilang opisina ay saka na lang sila magbibihis. At habang humihinto ang tren sa bawat estasyon ng ruta nito, hindi na rin ako makaramdam ng habag sa mga nakapila sa labas ng estasyon na abot hanggang sa bangketa, sa mga umaasang makapapasok para lamang madismaya dahil wala na ngang espasyo pa sa loob para pagkasyahin ang lahat ng gustong sumakay.

Nang tumigil ang tren sa Cubao Station at magbukas ang pintuan, tulakan ang mga pasahero. May isang mamang nagpupuputok ang butsi nang makapasok na sa loob dahil tinulak daw siya nung ale na kasunod niya sa pila. Ang depensa naman ng babae, kaya daw niya naitulak iyong mama dahil nakakapit daw ang huli sa pintuan ng tren. Sadyang hinaharangan daw ng lalaki ang pintuan para hindi na makapasok iyong iba. Ang sagot naman ng mama, kapag hindi raw siya kumapit, matutumba siya sa tindi ng tulakan sa likod niya. Pero humirit ulit ang ale. Iyong lalaki raw ang mali.

Dapat daw hindi hinarangan ng mama iyong pintuan dahil maghihintay na naman silang mga naiwan sa susunod na tren na kaytagal pa naman kung dumating. Dagdag pa niya, dapat pinagbibigyan ang babaeng may edad na katulad niya bilang respeto na lamang. Pero nagkamali ang ale sa akalang mapapahiya niya ang lalaki sa kaniyang sinabi. Ang sagot ng lalaki, dapat daw nag-taxi na lang iyong maarteng babae kung hindi rin naman nito kayang makipaggitgan sa MRT.

Umabot ng mga limang minuto at palakas nang palakas ang boses ng dalawa habang patuloy ang takbo ng tren. Kundi dedma ay napangiti na lamang sa sagutan ng dalawa ang mga pasaherong kasama ko. Manhid na rin yata sila sa ganitong drama. Iba't ibang eksenang ganito ang kanilang nasasaksihan sa loob ng sasakyan sa buong buhay nila bilang pasahero ng MRT. Ako naman, nai-stress na hindi pa man nagsisimula ang una kong araw sa trabaho.

Hindi ako nahuli sa oras ng pasukan—ng dalawang minuto (at iyon ay dahil pa sa tinakbo ko na mula sa estasyon ng tren papuntang opisina).

Kung akala ko na sukbulan na ang makipagbuno sa MRT sa rush hour tuwing umaga, mas malala pa pala sa uwian. Imbes na dumiretso sa estasyon ng tren pagkauwian ko ng alas sais, nagliwaliw na muna ako ng konti sa mall. Katuwiran ko, kapag alas-siyete na ako sumakay, nakauwi nang lahat ng mga nag-oopisina. Hindi na masyadong siksikan. Mali ulit ako sa aking hinuha.

Ang Ortigas Station ay nasa kalagitnaan ng ruta ng MRT. Ibig sabihin, bago pa makarating ang tren sa aking estasyon, marami na itong dinaanan, katulad na lamang ng Ayala Station kung saan libo-libong mga nagtatrabaho sa Makati ang pauwi papuntang dakong hilaga ng Kamaynilaan. Sumasakay ang mga ito ng MRT para makarating ng North EDSA kung saan sasakay ulit sila ng bus, dyip, o FX bago tuluyang makarating sa kani-kanilang paroroonan. Samakatuwid, pagdating ng Ortigas Station, puno na ang tren, iilan lamang ang bababa, na ang ibig sabihin, konti lamang ang makasasakay. At ang haba pa nga rin ng pila ng pasahero pagdating ko ng bandang alas siyete ng gabi, na lalo pang humahaba dahil kokonti lang ang nababawasan sa pagdating ng bawat tren. Dagdag pa ang matagal na pagitan ng bawat tren: mga sampu hanggang labinlimang minuto.

*abro*

Habang patuloy na humahaba ang pila at oras ng paghihintay, nararamdaman ko ang bagot ng mga pasahero sa kanilang pagkakatayong hindi mapakali, mga buntong-hininga ng pagkakunsumi, madalas na pagtingin sa orasan, at paghaba ng leeg habang dinudungaw ang dakong-paroon kung saan lumiliko ang riles, na para bang sa pagtitig nang matalim sa malayo, mapalilitaw nila ang tren. Abala man ang iba sa pagkalikot ng kanilang cellphone o pakikipag-usap sa mga kasama, alisto ang lahat sa posibilidad na paparating na ang susunod na tren, lalo na iyong mga nasa unahan na ng pila. Parang isang kumpetisyon din kasi ang pagsakay ng tren. Kahit nasa unahan ka na ng pila, hindi ito garantiya na pasok ka na sa susunod na biyahe. Maaari kang maunahan ng katabing pila, malusutan ng nasa likuran mo, o maitulak sa tabi dahil lalamya-lamya ka. Kaya't habang nasa pila, kinakailangang alerto ang pasahero, handang manulak o matulak, at matutong manindigan sa kaniyang lugar sa pila.

Sa hapong iyon, tatlumpung minuto ang inabot bago ako tuluyang nakasakay ng tren. Nakapasok lang din ako dahil tinulak ako ng nasa likuran ko. Nag-atubili kasi muna akong humakbang papasok ng pintuan dahil walang bumaba at wala akong makitang espasyo para ipagsiksikan ko ang aking sarili. Himalang napagkasiya rin ako at may tatlo pa ang nakapasok maliban sa akin.

Pero habang ako ay nasa loob na, nakita ko ang isang babae na hindi pinalad makapasok. Nagsisisigaw siya, may pinabababang pasahero. Naagawan daw siya ng puwesto noong isang pasahero. Isang mama ang biktima ng kaniyang pagngingitngit, nakatayo sa gilid ng pintuan at mahigpit na nakakapit sa kisame ng tren dahil kapag bumitaw siya ay matitilapon siya palabas. Dumagdag pa sa kaniyang nakahihiyang kalagayan ang panawagan sa public address system. Maaantala raw ang biyahe dahil nagkaroon ng kaunting aberya sa susunod na estasyon iyong naunang tren at hindi pa nakaaalis. Kaya patuloy ang ale sa pagkastigo sa pobreng mama.

Pero mukhang nawawalan (o nababawasan) ka na ng hiya kapag ikaw ay regular nang sumasakay ng MRT. Walang pasahero na sumaway sa babae o nagtanong sa lalaki kung ano ang masasabi nito sa akusasyon ng aleng kaharap at nagngangalit. Mayroong nangingiti sa ma-eskandalong

babae. Ang iba naman ay nakabaling ang atensyon sa kanilang cellphone. Siguro iniintindi na lamang nila ang nararamdaman ng sino man sa dalawa: iyong nang-agaw at inagawan. Siguro minsan sa buhay nila bilang pasahero ng MRT, naranasan na rin nilang maging iyong ale na naagawan ng pagkakataong makauwi nang mas maaga, at iyong mama na nakuhang mang-isa ng kapwa dulot ng desperasyon na makauwi nang mas maaga.

Hindi lamang hiya, nawawalan na rin ng dignidad ang isang indibidwal kapag nasa loob na siya ng tren. Sa gitna ng gitgitan, nadidikit ang iba't ibang parte ng aking katawan sa ibang mga pasahero. Sa bawat uga, liko, akyat, baba, at antal ng tren, nararamdaman ko ang mga puson, puwet, hita, tuhod, beywang, balakang, siko, at braso. At kung hindi man nadidikit, nararamdaman ko ang init mula sa mga balat, naamoy ang mga hininga, natuyong pawis o pabango, at naririnig maging tibok ng mga puso. Ganun katindi ang siksikan sa loob. Ang mga pasahero ng MRT, nabuburo sa malansang hangin ng hininga at pawis.

Ang MRT ay hindi para sa mahihina ang puso. Kapag ikaw ay nakatayo sa sakayan sa gilid ng riles at nakaabang sa pintong magbubukas, para kang tagabantay ng goal sa larong soccer, handang ipaglaban ang iyong posisyon dahil ang lahat ng nakapaligid sa iyo ay handa kang unahan — maaaring ipinagdarasal pa ng iba ang iyong pagkabigong makasakay. Ang MRT ay hindi para sa maaarte at may claustrophobia o takot sa masisikip na lugar. Masikip sa loob ng tren. Maaari kang pumikit at magkunwaring nasa ibang lugar na mas malawak at kaaya-aya, o upang maibaling ang pansin, magsimulang magbilang mula nang ika'y sumakay hanggang sa makababa ka sa iyong paroroonan at makalaya sa iyong pagkakakulong sa gitna ng naggigitgitang mga katawan ng tao. Pero hindi mo maikakatwa ang mga balikat, siko, balakang, at iba pang bahagi ng katawan na dadampi o didiin sa iyo habang patuloy na gumagalaw ang tren, at ang makapal na hangin sa loob na nagpapahirap sa iyong huminga nang maayos.

Nakapaskil sa loob ng tren na magbigay-daan daw sa mga pasaherong may edad, may kapansanan, buntis, at may dala-dalang bata. Pero ang MRT ay hindi para sa sinuman sa mga ito. Maging sila ay kailangang maghintay sa pila sa elevator paakyat. May pagkakataon pang nasisira ang elevator kung kaya't pipilitin pa rin ng sinumang matapang o may kakayanan

pa sa mga taong nabanggit na akyatin ang ilang palapag ng hagdanan makasakay lamang sa tren. Isa pa, mukhang may mga pasaherong wala namang kapansanan ang natutong dumiskarte at abusihin ang pribilehiyo. Habang nakatayo sa pila ay napansin ko ang ilang pasaherong dumidiretso na lamang sa security guard. May ipinapakitang ID o kapirasong papel, tsaka papapasukin na agad sa loob ng sakayan. Tinanong ko iyong security guard kung ano iyong ipinapakita ng mga espesyal na pasaherong hindi naman matanda o buntis pero hindi na kinailangang pumila katulad naming karaniwang pasahero. Ang sabi niya, iyong papel daw ay pirmado ng doktor na nagpapatunay na may karamdaman o permanenteng kapansanan iyong tao – hindi nga lang obyus dahil nakaakyat pa naman sila ng hagdan nang walang kahirap-hirap – kung kaya't hindi kakayanin ng mga ito na pumila. Inamin niyang hindi naman siya nakasisiguro na tunay ang bawat dokumento na ipinakikita sa kaniya at maaaring peke nga iyong iba. Naniniwala ako kay mamang security guard. Kasama sa mga kilalang talento ng mga Pilipino ang mameke. Nabibili sa Recto ang kahit anong uri ng katibayan, papeles, at ID. Pero siyempre, hindi sulit at wala siyang oras na pag-aksayahan pa ng panahong kilatisin ang bawat ID o dokumento na ipinapakita sa kaniya. Siya pa ang maaaring malagot kapag inutusan niya ang pasaherong pinaghihinalaan na patunayan ang karamdaman o kapansanan maliban sa pagkakasaad lamang nito sa isang piraso ng papel. Mamaya totoo nga palang may karamdaman iyong inireklamo.

Higit sa lahat, ang MRT ay hindi para sa mga kabataan, lalo na iyong mga nasa elementarya pa lamang. Napakamura pa ng kanilang mga isipan para masaksihan kung paanong maaaring mag-asal hayop ang ilan sa kanilang mga nakatatanda, maging parang asong ulol na tumatakbo o nakikipagsikuhan kapag nakakita na ng pintuan ng tren na nagbubukas, o nakikipagmurahan kapag nauunahan sa puwesto o nasasagi sa loob ng tren.

Sabi ng mga bagong kasamahan ko sa trabaho na kinuwentuhan ko ng nangyari sa akin sa MRT sa unang araw ng aking pasok, hindi naman daw laging ganun kalala sa tren. May mga araw na medyo siksikan lamang sa loob at hindi iyong tipong hindi ka na makahinga sa pagkakaipit sa dami ng pasahero. May mga araw daw na matatapat ka sa aircon na totoong may lamig na lumalabas at magbibigay ng konting ginhawa. May mga umaga

na habang nakapila ka sa bangketa, magtatago ang araw sa makakapal na ulap at malamig ang simoy ng hangin. May mga pagkakataon din na walang gaanong pila. Maganda rin daw na sumakay ng MRT kapag linggo o Mahal na Araw dahil kokonti ang sumasakay.

Sa sumunod na araw, sumakay ako ng bus. Gusto kong malaman kung saan ang mas mainam sakyan. Punuan din sa bus pero hindi gaanong siksikan, hindi gaya sa tren. Nakaupo pa nga ako. Nahuli nga lamang ako ng pasok dahil sa sobrang lala ng trapik sa kalsada na nagpabagal sa biyahe. Panay tigil pa ang bus para magbaba at mag-akyat ng pasahero, kahit sa mga parte ng kalye na may nakasulat na bawal magbaba o magsakay. Ang kaibahan lamang sa bus, pakiramdam mo ay umuusad ka, kahit mabagal, papunta sa iyong paroroonan dahil patuloy ang pag-andar ng sasakyan. Sa MRT mas matagal ka sa pila kesa sa sasakyan. Pero katulad nang ika'y nag-aalala na mahuli sa trabaho habang nakatayo sa pila ng MRT, nandun din iyong pakiramdam ng pagkasuya o pag-aalala kapag tumitigil ang bus at hindi makausad dahil sa kapal nga ng mga sasakyan sa kalsada. At kapag tumitigil ang bus, hindi mo alam kung kailan aandar ulit. Iyong MRT, pagkapanhik-baba ng mga pasahero sa isang estasyon, aandar ulit ito at didiretso sa susunod na estasyon. Iyong bus, depende sa kasalukuyang dami ng sasakyan sa highway, mga nakaharang sa kalsada katulad ng mga manlalako o nagbangaang sasakyan, dami ng pasaherong umaakyat at bumababa, at kung nagmamadali ba o hindi ang konduktor at drayber. Mas bumabagal din ang bus kapag umuulan at basa ang kalsada o may baha.

Nang sumunod na mga araw at linggo, pinili ko na ang sumakay ng MRT kesa sa bus. Kahit pagod na ang pakiramdam ko pagdating sa opisina sa umaga, ang mahalaga ay hindi maging atrasado sa pasok dahil masama ang magiging repleksyon sa aking ebalwasyon bilang empleyado kapag mapadalas ang dating ko nang lagpas ng alas nuwebe ng umaga.

Tiyak kong maganda ang layunin ng pamahalaan nang naisipan nitong gumawa ng tren na babagtas sa isa sa mga kalsadang may pinakamasikip ang daloy ng trapiko sa Maynila, kundi man sa buong bansa. Palatandaan ng maunlad na lungsod kapag mayroon siyang tren na layong bigyan ng konting ginhawa ang mamamayan dahil nagpapabilis ito sa kanilang biyahe papunta sa saanmang parte ng siyudad sa murang

halaga. Nais din nitong ibsan ang sikip ng trapiko sa pangunahing kalsada sa pamamagitan ng pagbibigay ng alternatibong paraan ng transportasyon na pangmaramihan ang naseserbisyuhan sa kada biyahe. Ganito ang epekto ng tren sa ibang malalaking siyudad sa mundo na napuntahan ko. Sa kasamaang palad, dito sa Pilipinas, hindi ganito ang naging dulot ng tren. Maaaring masabing isang repleksyon ang MRT sa uri ng gobyernong mayroon sa bansa at mamamayang naninirahan dito sa pangunahing siyudad ng Pilipinas. Sa panig ng pamahalaan, hindi nito matugunan nang maayos ang mismong mga dahilan kung bakit itinayo ang tren ilang dekada na ang nakararaan. Nababalutan pa ang kaniyang pamamahala at pagpapanatili sa operasyon ng mga kahina-hinalang mga negosasyon at pangungurakot ng mga kinauukulan. Sumisimbolo ang tren sa mga pangakong napako ng mga pulitikong ibinoto at iniluklok sa posisyon. Ang MRT ay parang iyong mga walang-kamatayang problema sa bansa katulad ng kahirapan, pang-aabuso sa mga karapatang pantao, iligal na droga, polusyon, at korupsiyon sa gobyerno. Katulad ng tinurang mga suliraning panlipunan, lumalala ang sitwasyon dahil laging may kasangkot na pulitika ang anumang mabuti sanang adhikain para maresolbahan ang problema. Nang itayo ang MRT ay tipong nagdagdag ang Metro Manila ng karagdagang tumor sa kaniyang sakit na kanser.

Sa panig ng mga mamamayang pasahero, inilalarawan ng mga tagpong masasaksihan sa estasyon at sa loob ng tren mismo ang masahol sa tao, ang likas niyang kahayupan, na lumalabas kapag nasisikil, nadidismaya, o nasa bingit ng desperasyon. Hindi naman lahat ng mga pasahero ng MRT ay nagiging agresibo o nagiging hayop dahil sa kanilang karanasan sa tren. Nakaiinggit nga itong ibang sobrang haba ng pasensya, nakapagtitimpi sa pila, at nakakayanang tanggapin nang tahimik ang kahit anumang pahirap na danasin sa araw-araw na pagsakay sa MRT. Ang iba siguro, ipinasasa-Diyos na lamang ang kanilang kapalaran. Ang iba naman, baka kumakapit sa pag-asang hindi habambuhay na ganito. Pero ang tiyak ko, gaano man kabait at mapagtimpi ng pasahero, walang may gusto sa mga karanasang kaniyang sinusuong araw-araw sa pagsakay ng MRT.

Ganunpaman, hindi naman imposibleng maayos pa ang kalagayan ng tren. Kailangan lamang nito ng bagong mamamahala. Iyong totoong may

malasakit sa mga pasahero at mamamayan at hindi iniisip kung paanong kikita sa bawat bagong kontrata na may kinalaman sa pag-aayos sa mga sira at pagpapanitili sa maayos na biyahe ng mga tren. Siguro pagkatapos ng susunod na eleksyon, kung mapalitan na ang kasalukuyang mga namumuno sa pamahalaan at mga ahensiya nito. Sana ang pumalit ay mga opisyal at pinuno na tunay na may malasakit sa mga pasahero. Iyong tututukan ang paghahanap ng solusyon sa mga problema at hindi aalalahanin kung magkano ang kikitain ng sariling bulsa sa bawat maiisip na solusyon. Kapag dumating ang panahong iyon, kapag maging tunay na maaliwalas at kahanga-hanga ang karanasan sa pagsakay ng MRT sa Maynila, tiyak na mas magiging makatao ang bawat pasahero sa kaniyang kapwa, at hindi na iiral ang kultura ng balyahan at isahan. Pagsakay mo ng MRT at pagbaba sa estasyong paroroonan, hindi ka pawisan, hindi gusot ang suot mo, at higit sa lahat, hindi nabahiran sa karanasan ng pagsakay ng tren ang iyong dignidad.





# ELYRAH L. SALANGA- TORRALBA

Si Elyrah L. Salanga-Torralba ay nagtuturo ng Panitikan, Kulturang Popular, at Malikhaing Pagsulat sa UP Diliman. Nagwagi ang kaniyang mga akda sa Gawad Rogelio Sicat, Palanca, Talaang Ginto, Gawad Collantes, at NCCA Writers' Prize para sa tula at sanaysay. Ang kanyang mga akda ay nailimbag sa iba't ibang antolohiya tulad ng Kuwentong Siyudad, Ani, at Kuwentong Paspasan. Co-awtor siya ng librong Malikhaing Sanaysay: Antolohiya, Anyo at Kasaysayan kasama sina Eugene Evasco at Will Ortiz.

# PAGTUTUOS

## ANG HANGAL

Magsisimula na ang ritwal.

Sinindihan ni Mama ang kandila sa may altar. Umalingasaw ang amoy ng pag-iisang dibdib ng kandila, usok, at apoy. Sunod niyang sinindihan ang pitong insenso at kumawala ang lakas ng amoy nito. Sumagi sa isipan ko ang amoy ng mga nalalanta nang bulaklak, at nanahan sa tungki ng aking ilong ang mga amoy nito. Pagkaraan ng pagsindi sa kandila at insenso, tangan na niya ang mga insenso na tila isang bungkos ng mga bulaklak sa kasal. Itinanim niya ang mga ito sa kahel niyang palayok na noong panahong iyon ay matingkad pa ang pagkapula nito. Nag-uumapaw na sa abo ng mga nagdaang insenso ang palayok ni Mama. Pabigat na nang pabigat ang palayok pag binubuhat sa pag-usad ng panahon. Pagkatapos ng pagtanim ng insenso ay buong-galang siyang yumuko nang pitong beses at pagkaraa'y umusal ng dasal sa sarili at nag-antanda.

Mula sa altar, umupo na siya sa may bilog na mesa at pinakiusapan akong tanggalin ang relo. Ibinilin na bawal ang mga gamit na gawa sa metal.



THE FOOL.

Nakaistorbo daw ito sa enerhiya ng pagbasa. Sunod niyang ipinakilala sa akin ang kaniyang mga baraha. Nakabalot ito sa loob ng makinang niyang scarf. Magkahalong kulay ito ng ginto at itim. Matagal ko nang nakikita ito. Unti-unting tinalupan ni Mama ang scarf na nakabalot na tila bang nagtatalop lang ng balat ng saging bago kainin. Dahan-dahan niyang binuksan ang scarf at paunti-unti nang sumisilip ang kahon ng mga baraha.

Ginamit niya bilang higaan ng mga baraha ang tinanggal na scarf. Para hindi raw marumihan. Nagsimula siyang magbalasa nang pinalaya niya mula sa sinapupunang kahon ang mga baraha. Habang pinagmamasdan ko ang pagbabalasa ni Mama, inihalintulad ko ang imaheng ito sa pag-uunat pagkatapos makatulog ang kalamnan. Mabilisan ang pagbabalasang ginawa ni Mama at pagkatapos nito'y ibinaba niya ang mga ito sa mesa at inilagay sa gitna.

Inanyayahan niya akong mag-isip ng bilang mula isa hanggang sampu. Ito aniya ang magsisilbing bilang ng pagbalasa at sa pakanang pagpihit ng mga ito. Nang matapos gawin ang minsanang pagbabalasa't pagpihit, ipinaliwanag ni Mama na kailangan itong gawin para makilala ng baraha ang nagpapabasa. Ito ang aming paraan ng pangungumusta bilang nagpapabasa at ng kaniyang mga baraha.

Sinabihan niya akong hatiin sa tatlong tumpok ang mga baraha. Bahala na daw akong magpasya kung gaano kanipis o kakapal ang barahang ililipat o hahatiin sa mga tumpok. Pagkaraa'y isa-isa niyang iniharap ang mga ito at tumambad sa akin ang mukha ng barahang nanahan sa ilalim. Ang tatlong mukhang ito ayon kay Mama ang siyang naglalarawan sa enerhiyang pumapasok na dala-dala ng nagpapabasa. Ipinagtapat niya sa akin ang kahulugan ng buhay ng bawat baraha. Mula rito, sinabihan niya akong pagsama-samahin ang mga baraha para bumuo ng iisang tumpok na lamang.

Hinanap at natunton niya ang apat na representasyon ng Reyna. Inihwalay niya ang Queen of Swords, Queen of Wands, Queen of Pentacles, at Queen of Cups. Nakataob ang mga mukha nito habang isinasalansan. Inilatag niya ang apat sa gitna. Gamit ang aking 'di dominanteng kamay, inimitahan niyang pakiramdaman ang bawat baraha. Kung ano ang makikipag-usap sa akin, ito ang magiging signficator ko. Ito ako bilang bida

sa kuwento ng mga barahang inilatag ni Mama.

Hindi ko naaaninag si Mama noong bata pa kaming magkakapatid. Hindi nagpapaunlak ang aking katwiran noon na hanapin siya. Nakasanayan lang naming magkakapatid na si Daddy lang ang nakikita ng mga tao. Siya ang katwiran na hinahanap ng mga taong dumadalaw sa aming bahay sa Mabuhay Street. Kalasag ni Daddy ang kaniyang propesyon: isa siyang kilalang manunulat.

Nabubuhay si Daddy sa kaniyang kasikatan noong mga panahong ito. At si Mama ay isa lamang sa mga silahis ng kasikatan niyang ito. Sa kaniyang mga bisita't kaibigan, si Mama ang maybahay ni Daddy. Asawa ng isang kilalang manunulat. Hindi ko sinasabing walang naging kaibigan si Mama. Hindi lang siya ang hinahanap ng mga tao.

Sa amin, kilala lang namin si Mama bilang, 'yun nga, si Mama. Nasanay lang kami na siya ang nag-aalaga sa amin. Nariyan na kahit hindi pa dumadaing. Paborito niyang ikuwento sa amin na madalas siyang mapagkamalang kasambahay ni Daddy. Tagatanggap ng mga imbitasyon na wala ang kaniyang pangalan. Inutusan para sa mga bilin para sa kanyang sariling asawa. Tatawanan lang ito ni Mama. Kung maalala ito ni Mama, aakalain mong naalala lang niya ang isang birong nagtatawag ng malutong na halakhak. Ang tunay na kasiyahan na kahit mangiyak-ngiyak ka sa katatawa ay hindi mo pagsisisihan. Hindi alam ni Mama na kilala rin namin siya. Habang malutong lang niyang tinatawanan ang mga kuwentong tulad nito, nakikita ko rin ang pagyugyog ng kaniyang balikat, sumasabay ito sa ibang saliw ng musika ng hinanakit at kalungkutan. Hindi ko alam kung nakikita ni Mama ang kaniyang sarili sa tuwing nagkukuwento siya sa amin ng mga pinagdaanan niya sa buhay. Kung may pagkakataon na makita niya lamang ang kaniyang sarili, makikita niya kaya ang nakikita ko: kung papaano pilit na umaagapay ang kaniyang kasiyahan sa nanlulumong pasanin ng kanyang kalungkutan.

Sa uniberso ni Daddy, bibihira lang nakikilala ang mukha ng maybahay ng isang manunulat. Madalas lamang nakikita sila sa mga okasyon o piling piging ng kani-kanilang mga karera. Mga anino ng kanilang mga asawa. Kasama kumain kapag may book launching. Kakuwentuhan ng mga maybahay ng mga kaibigan ni Daddy. Kabiruan sa mga nakatutuwa o

nakatatawang mga anekdota tungkol sa pagiging manunulat ng mga mister.

Regalo sa akin ng nanay ko ang aking unang sesyon. “Ito na ang regalo ko sa debut mo. Pasensya na, ha. Purita tayo.” Pasulyap-sulyap lang ang kaya kong gawin noon. Ligaw-tingin para sa akin ang mga ganitong eksena. Noon pa man, batid ko na ang panunulay ng konsepto ng “respeto” sa pagbabasa ng mga baraha.

Malaking bagay para kay Mama ang pagbibigay-galang. Madalas niyang binabanggit sa aming magkakapatid noon na sa pagbabasa niya, binabasa niya rin ang kuwento ng buhay ng kanyang mga kliyente. Sa tuwing may sesyon, bawal na kami sa lugar ng pagbasa niya. Kahit magpalipat-lipat kami ng bahay, sa kusina sa may antigong mesang bilog niya ito gagawin. Naging saksi na sa maraming kuwentuhan at yugto ng buhay ng aking pamilya ang mesang bilog na ito. Ito ang paboritong mesang gamitin ni Mama kahit pa mayroon namang ibang mesa sa bahay.

Isa-isa kong sinalat ang mga nakataob na baraha. Sinunod ko ang aking pakiramdam na humihikayat sa aking piliin ito. Sa disenyo ng paglatag ni Mama, inilagay niya sa gitna ang napiling signficator. Mula sa tumpok ng mga baraha, pinalaya sa akin ang isang card. Ang card ay hindi maaaring nakaharap sa akin at kay Mama. Tago ang mukha’t kahulugan nito, tago rin ang pagpwesto nito: nasa ilalim ito ng signficator card.

At sa isang iglap, kapuwa kami naging hangal ni Mama. Siya na walang kamalay-malay sa magiging pagbabago sa ideyal na kuwentong nakasanayan na niya, at ako, na wala ring kamuwang-muwang sa magiging epekto sa pagbabagong ito sa aming buhay.

Sa mga panahong ito, Mama lang talaga ang tingin ko sa aking nanay. Mama subalit matapang. Gerilya sa aming paningin. Kapag nagalit na si Mama, natatakot na kami kasi alam namin na gumagawa siya ng kaniyang sariling mahika. Nananalaytay ang mahika sa kaniyang kaibuturan, sa kabuuan ng kaniyang danas. Halimbawa, kaya niyang palitawin ang nawawalang kubyertos. Palitan ang kulay nito mula sa asul tungo sa kulay pink. Lagi niyang ipinapaliwanag sa amin ang famous line niya noon na “It’s just magic.” Pinalaki kami sa paniniwala na ang pantasya ay bahagi ng aming realidad.

abro

Ang mga kuwentong ada ang naging himlayan ng aming mga pangarap at pantasya habang lumalaki kaming magkakapatid. Naniwala kami sa ideyal na pakikipagsapalaran ng tao sa buhay. Kapag nasadlak sa kalunos-lunos na sitwasyon, giginhawa ang buhay dahil lamang sa mahika ng isa ada. Makukuha ang iniibig dahil maganda. Ang totoo, nanghihilakbot akong isipin na ganito ang aming naging paniniwala noon. Ano ang magagawa ko, hindi pangkaraniwan ang pagpapalaki sa amin.

Nasa aming paanan ang lambot ng lupa't halaman sa aming hardin. May sariling indayog ang aming mga laro noon kasabay ang mga nagsisilakihang mga tanim ng bulaklak na yellow bell at rosal. Kalaro namin ang mga ito. Tinuruan kami ng mga talulot ng gumamela kung paano likhain ang bula. Tinuruan kami ng hangin kung ano ang sangandaan na patutunguhan ng mga bulang kumawala sa bilog na tingting na hawak-hawak namin. Tinuruan kami ng pagmamahal ng aking mga magulang nang buhatin nila kami at ipakilala sa amin na oo, hindi kami nag-iisa sa aming hardin.

"Magical" kung ilarawan ni Daddy ang bahay namin noon. Tampulan ito ng biro at ng mga kuwento mula sa mga intuitive na nakakikita o nakararamdam. May white lady daw sa amin. Maraming multo. Maraming ada. Maraming duwende. Maraming lamang-lupa. May kung anong batubalani ang aming bahay sa mga elemental at sa mga hindi maipaliwanag. Bahagi ng aming laro noon ang kausapin ang mga duwende na naninirahan sa puno. Magmukhang tanga sa pagsigaw sa kawalan para hanapin ang mga lumilipad na mga ada o tititigan nang matagal ang puno ng mangga sa gitna ng aming hardin. Ipagdasal na lumabas na ang mga brownie o pixie na nakatira sa loob ng puno. Ito kasi ang nababasa namin sa mga kuwento ng aming kabataan. Ito rin ang kuwento sa amin ng aming nanay.

Nahuhumaling ako sa mga ganitong kuwento noon. Hindi ko maipaliwanag kung bakit. Sa library ni Daddy, natisod ko ang libro ni Jaime Licaucó tungkol sa mga duwende. Sa edad na walong taong gulang, tumimo sa aking isipan noon ang halaga ng asukal. Dumadating ang mga duwende kapag tinatawag sila ng tamis ng kanilang ngalan. Nasa libro noon na kung nanaisin ng tao na kaibiganin ang mga duwende, kailangan niyang mag-alay ng asukal.

Dinibdib ko ang payo niyang ito. Sa loob-loob ko, nariyan lang ang mga duwende sa aming bahay. Hindi lang nila naririnig ang aking pagsamyo ng kanilang ngalan. Itinuro ko pa sa aking kaklase noon sa isang summer enrichment class. Ayaw maniwala. Hindi raw totoo ang mga duwende-duwende. Patago niyang sinunod ang payo ko. Nagalit siya sa akin kinabukasan. Bakit walang duwendeng nagpakita sa kanya?

## TIBAY

Mayroong limang seksyon ang paglatag ni Mama. Nakaharap madalas ang mga baraha o ang point of reference nito sa nagbabasa. Tatlo sa ulunan ng signficator. Tatlo sa kaliwa ng signficator. Tatlo sa ilalim ng signficator. Tatlo sa kanan ng signficator. Sa hiwalay na seksyon, sa tabi ng mala-krus na paglatag ng mga baraha, nakalatag rin ang hilera ng mga natitirang baraha.

“What crowns your mind right now,” ang paliwanag sa akin ni Mama noon. Nasa ulunan ito ng signficator card. Ito aniya ang kamalayan ng tao, kung ano ang malay at ‘di-malay na iniisip sa puntong nagpapabasa siya batay sa lumabas na baraha. Ang nasa kaliwa naman ang kasalukuyang pinagdadaan ng nagpapabasa. Ang nasa ilalim ang nakaraan ng kliyente. Ang nasa kanan ay ang kaniyang kagyat na hinaharap sa loob ng tatlo hanggang limang buwan. At ang hilera ng mga baraha sa gilid ay ang exit. Ito aniya ang mga opsyon at aral na maaaring pagdaanan at matutuhan ng nagpapabasa.

Unang babasahin ni Mama ang mga baraha na nasa ulunan ng aking signficator. Isusunod na ang nasa kasalukuyan at nakaraan, ang kagyat na hinaharap, at ihuhuli ang exit. Mahalaga ang pag-alam sa exit para kay Mama dahil naitatahi nito kadalasan ang hinihiling, katanungan, o agam-agam ng nagpapabasa.

Sino ako sa aking simula at kung sino ako sa aking pagwawakas ang isasalaysay sa akin ng mga baraha ni Mama.

Namuhay kami noon sa isang hibang na paniniwala para sa iilan. Nang mamatay si Daddy, hindi na mapusyaw sa aking paningin si Mama.



VIII



**STRENGTH.**

Para siyang naalimpungatan mula sa himbing ng kaniyang pagtulog nang sa gayo'y magkaroon muli ng panibagong lakas, ng panibagong sigla. Hindi na siya ang dating si Mama na asawa ng isang manunulat. Siya lang si Mama. Ginampanan ni Mama ang papel bilang tatay at nanay. Sinikap magkaroon ng magandang relasyon ang nag-uumpugang bato ng pagiging magulang at pagiging balo. Sa mga panahong ito, iisa lang ang pagturing namin sa kanya: sandalan namin sa unos. Isang gerilya pa rin ngunit pasanin ang tatlong batang hindi pa nakapagtapos ng pag-aaral sa elementarya. Pasanin niya rin ang tungkulin kung papaano kami palakihin nang maayos, matiwasay sa paningin ng mga tao. Marangal sa pananaw ng mga kaibigan ni Daddy. Nasa ibang bansa noon ang aming Ate at ako na ang hinirang na maging saksi sa kaniyang paghihirap. Masaksihan ang pagbabalanse ng mga bagay-bagay na wala man lang kasiguraduhan kung siya'y mahuhulog o mabubuwal.

Masakit ito para sa akin. Hindi ko siya matitigan na hindi nababanaag sa aking mukha ang pagkahabag ko sa kanya. Hindi niya alam noon na nahuhuli ko siyang umiiyak sa gabi. Nahirapan siyang bumangon sa umaga ngunit hinihila siya ng kaniyang mga paa para gawin ito. Ginigising siya ng kaniyang diwa. Sapagkat bago pa man siya maging balo ng isang manunulat, siya muna ang nanay ng mga anak ng isang manunulat. Isinisiwalat sa akin ang ritwal kung paano magpang-abot ang pagal na katawan at ang pagdaramdam ng diwa ng aking nanay. Naalala ko noon, gusto naming kumain ng pagkain sa McDonald's. Tinanggihan kami ng dating sekretarya ni Daddy. Hindi na kami namumuhay tulad nang dati. Kinakapos na kami. Lumantad ang pagiging single parent ni Mama nang gawan niya ng paraan na makakain kami ng burger sa McDonald's. Nauunawaan ko na may magbabago. Kung bakit ang dating maaari ay nagiging imposible. Kung bakit ang dating simple lamang ay komplikado na.

Nagbago na rin ang pakikitungo sa amin ni Mama. Tumanda na siya nang husto. Mayroong kung anong mahika na nakapagpanibago sa kanya. Matagal bago ko naunawaan na mahika ito ng lungkot, ng pag-iisa na lamang sa buhay. Mahika ng kawalan na ng katuwang sa buhay. Nakapanlulumong isipin ngunit ganoon nga ang nangyari. Binigo rin ako ng aking ideyal na paniniwala noon. Ito ang realidad ng aming buhay. Wala nang mga supernatural o pa-tweetum na mga elemental ng aking kabataan.

Walang magawa si Mama kundi bumaling sa sarili niyang mahika.

Nasa hayskul na ako nang malaman ko na nanghuhula si Mama. Kay liksi ng kaniyang mga daliri kung galugarin niya ang mga baraha. Sa tuwing nakikita ko kung papaano niya ito ibalasa, o ilipat ng pwesto, para lamang siya nagbabaliktad ng piniritong ulam. Kay dali-dali lamang niya itong gawin. Naging lunsaran ng tawanan at kuwentuhan ang sesyon nila kay Mama. Naisasambit ang ikinukubli ng dila. At naihayag ang mga nangingilag na damdamin. Literal na nakikipagkuwentuhan ang mga baraha sa kanila. Nang lumaon, nagkaroon na ng kagyat na pagbabago ang pagbasa ni Mama. Tumanda na rin ang kaniyang mga baraha. Marupok na rin ang mga ito at maputla na rin ang kulay. Nag-mature na rin ang kaniyang mga baraha. Pinanday na ng sarili nilang karunungan. Hindi na maaaring hanggang kuwentuhan na lamang ito ng nararamdaman ng tao. Nagmimistula na itong isang palitan ng kuro-kuro at payo.

Pinagdaanan rin namin ang hirap ng buhay. Naalala ko pa noon, kasalo na namin araw-araw ang sardinas at kimchi na gawa ni Mama. Tumatagal ito nang ilang linggo. Sa mga ganitong panahon ko naunawaan ang bisa ng pagbabasa o ng panghuhula bilang ikabubuhay namin. Ito ang aming pantawid-buhay.

Hindi lamang siya manghuhula. Isa rin siyang magulang. May mga panahon na gusto kong kalkalin ang isipan niya sa tuwing nagbabasa siya. Alugin ito. Mukha ba naming magkakapatid ang nakikita niya sa kaniyang mga baraha? O mukha ba niya bilang magulang ang nakikita niya? At naisip ko rin: kung papaanong hindi niya nakikita ang sarili niyang kapalaran. Kung nakikita ba niya kung papaano ihanda nang mag-isa ng mga ulam ang kanilang mga sarili para handa na ang almusal namin kinabukasan. Ganito rin kaya ang pagbasa niya sa kanyang mga baraha? Alam ko lang noon, walang kinabukasan sa pagbasa niya bilang isang single parent. Ang pagbasa niya ay mula sa aming kasalukuyan: kung ano ang kulang sa ngayon, ano ang kailangan sa ngayon. Ito ang kanyang lakas, ang kanyang kapangyarihan.


## KAPALARAN

Sa ganitong paraan inihihwalay at pinipili ang mga baraha: itinitihaya niya ang unang baraha mula sa bulto at ilalagay sa ulunan ng signficator. Nakaharap ang mukha ng mga baraha sa paglatag. Bago ang paglatag sa ikalawang baraha, kukuha siya ng tatlong baraha at itatatabi ang mga ito. Hindi isasama ang tatlong ibinukod na baraha. Ang ikaapat na baraha ang siyang ilalagay sa seksyon ng kasalukuyan. Muling magbubukod ng tatlo at ang ikaapat ang siyang ilalagay sa nakaraan. Magbubukod muli ng tatlo at ang ikaapat sa kagyat na hinaharap. Uulitin ang proseso ng pagbubukod na may ganitong sistema: kamalayan-kasalukuyan-nakaraan. Titigil hanggang sa makumpleto ang tatlong baraha sa bawat set. Gagawin rin ang proseso ng pagpili't pagbubukod sa mga baraha sa exit. Kung sa ibang nagbabasa, nakataob ang mga mukha ng kanilang mga baraha sa paglatag, nakatambad ang mga mukha nito sa paglatag ni Mama.

Nakikita ko kung gaano kahirap mamuhay sa kasalukuyan lamang. Na hindi muna iisipin ang kinabukasan. Pero ganito ang nangyari sa aking Mama. Pambaon ba 'ka mo, kakapalan ang mukha makautang lamang. Hindi nag-aalinlangan ang single parent. Hindi nangangamba ang isang magulang. Malayo sa hinagap ng kanilang bokabularyo ito.

Mabigat sa dibdib sa tuwing nakaririnig kami ng mga akusasyon laban kay Mama. Gawa raw ito ng demonyo. Inbokasyon sa pagtawag sa kadiliman. Mapangahas pa nga ang ilan. Walang patumangga itong sasabihin. Ang masaklap, mula sa bibig mismo ng aming kamag-anak manggagaling. Sa pananaw nila, si Mama ang tukso na dapat lubayan ng mga inosente. Sa kaso ng aming mga kamag-anak, sila, ayon sa kanilang pananalita, ang mga tunay na anak ng Diyos. Ako ang naggingitngit nang husto. Si Mama, tatawa lang, hihigupin ang kape at bubugahan sila ng usok mula sa kaniyang sigarilyo. Kalmadong-kalmado na tila dagat kung maaliwalas ang panahon. Nang tanungin ko kung bakit, lagi niyang sasabihin, higit pa ang pinagdaanan niya noon.

Hindi ko matanggap. Dumapo't nanahan ang poot sa aking kaibuturan dahil sa mga akusasyong ito. Ayoko kasi na marinig ito ng ibang



WHEEL OF FORTUNE.

tao. Ayokong isipin nila na masama si Mama, na kampon siya ni Satanas. Lumaki kami na ang biyaya ng dilim ay lagusan ng aming liwanag. Itong biyaya ang siyang dahilan para magkaroon kami ng makakain araw-araw, makapagtapos, mamuhay nang marangal kahit paano. Ito ang alam ko.

Ito ang alam ko. Noon pa man, batid ko na ang panunulay ng konsepto ng respeto sa panghuhula. Malaking bagay para kay Mama ang pagbibigay-galang. Ito talaga ang alam ko. Kaya nanggigigil ako sa mga panahong binabalewala nila si Mama dahil sa kanyang pagbababasa. Hindi nila lubos na nauunawaan kung ano ang hirap na pinagdaanan ni Mama bilang manghuhula. Hindi nila nakikita ang mga panahong gutom si Mama. Tulog ang kalamnan ngunit gising ang kaibuturan. Hindi magkandaugaga sa ano ang uunahin para sa pamilya. Hindi, hindi nila ito nakikita. Hindi rin ito nakikita ng kaniyang mga kliyente. Sa pananaw nila, isa lamang siyang manghuhula. Isa lamang manghuhula. Isang manghuhula na maaaring hindi pakitunguhan nang maayos.

Noong 1993, isang daan ang singil ni Mama sa kaniyang mga sesyon. Barkada silang dumating. Tatlong kotse ang pumarada sa makitid naming eskinita. Binilang naming magpinsan ang posibleng kikitain ni Mama. Magdamag silang binasahan ni Mama. Wala siyang nakuha ni isang kusing mula sa kanila. Naiyak kami ni Mama. “Hayaan mo na sila. Bahala na ang Diyos sa kanila.” Nagkimkim ako ng galit. Nagalit ako sa Diyos. Sa loob-loob ko, e si Mama, sino na ang bahala sa kanya?

May isang kliyente rin na puro prutas lang ang ibinibigay. Pinaringgalan ko na nang ilang ulit. Hanggang sa pagalitan na nga ako ni Mama. Hanggang sa magalit na rin sa akin si Mama. Huwag na daw ako makialam. Umiyak ako noon. Nainis ako kay Mama. Nainis ako sa kaniyang kliyente. Hindi ko maunawaan kung bakit hindi nakikita ng kliyente ang nakikita ko, ang nakikita namin: ito ang aming ikinabubuhay. Kung nakikita niya lang sana ang nakikita ko, hindi ganito ang pagturing niya kay Mama.

Ipinanganak sa taon ng Ox si Mama. Kakambal niyang isinilang si hinagpis at si pagtitiis. Kakayanin niya hanggang sa mismong katawan na niya ang magsasabing, “Awat na. Pagod na ako.” Pinapatnubayan ng pagiging magulang ng isang manghuhula ang pagmamahal na higit pa sa kaniyang sarili.

agabro

Kumpare niya ang nag-alok sa kanyang magbasa sa Dreams Café. Nakahimlay na ang mga pinggan ng pinagkanaan namin sa hapunan ang oras ng kaniyang pag-alis. Maghahalungkat na siya sa pitaka ng pang-taxi niya. Magbibilin sa akin na ako na ang bahala sa aking mga kapatid. Pumapagitna sa aming mag-iina ang seguridad lamang ng kinandadong pinto.

Matutulog kami nang mahimbing pero si Mama gising bitbit ang pangamba. Noong mga unang pag-alis niya, kinakabahan kaming magkakapatid. Gabi na. Baka mapano siya. Baka mapagod. Puro baka, baka. Walang kasiguraduhan. Malinaw kay Mama ang kaniyang motibasyon para sumuong sa gabi: pagmamahal sa amin. Ito ang kanyang seguridad. Tangan niya ito hanggang sa pagdating niya sa Dreams Café.

Humahangos si Mama sa 'di mabilang na mga kliyenteng nagpapabasa sa kanya. Madaling araw siyang uuwi. Wala pang tulog. Ibababa lamang niya ang kaniyang shoulder bag at magsisimula nang maghanda para sa aming almusal. Nagsikalat pa ang mga pinagkanaan sa mesa, magmamadaling ibibilin na sa amin ang kinita niya mula sa café. O, baon nyo ang sasabihin sa amin. Ang anumang matitira ay mapupunta sa mga gastusin sa bahay.

Sa pamamagitan ng pagsasalin ng gunita tungo sa salita nakilala si Mama. Marami sa mga kaibigan o naging kabigan ni Daddy ang nagulat nang malaman ito. Karaniwan nang maririnig mula sa kanila ang ganitong obserbasyon: "I didn't know Alice can read cards." Magpapalaya lamang ng sigla ng tawa si Mama. Nakasanayan kasi ng mga tao na si Daddy lamang ang kanilang nakikita.

Napanagimpan ko noong 2015 na nasa kabaong si Mama. Hindi ko sinabi sa kanya. Naalala ko ang bilin niya sa akin noon, lalong humahaba ang buhay ng tao kapag napapanaginipan mo ang kanyang kamatayan. Napanatag ako. Hinayaan na mauwi sa limot ang panaginip. Nakararamdam ako ng kaba sa tuwing nananaginip ako. Madalas itong nagkakatotoo. Matalik na kaibigan ang turing ko sa aking intuition, ang aking kutob. Bibihira akong magkamali. Lagi akong sinasabihan ni Mama noon na mataas ang aking intuition. Hindi ko maunawaan kung paano sinusukat ng tao kung gaano kataas o kababa ang intuition ng isang tao. Lampas-tao ba ang

intuition ng isang tao? Mataas ang intuition ko kapag napatunayan ko kay Mama na tama nga ako. Tama nga ba ako dahil sa aking intuition o tama ako dahil alam ko ito ang nararapat at dapat mangyari?

Ito na nga, nangyari na. Napanaginipan ko siya sa loob ng kabaong. Kinabahan talaga ako nang husto. Itinuturing ko siya na parang isang nakahihiyang pangyayari na gusto mong malimutan subalit kayhirap gawin. Laging mangangalabit, laging mangungumusta. Noong natanggap ni Mama ang regalo namin noong Pasko, muli na naman akong kinutuban. Ang lakas ng kaba ko noon. Ayokong maging salarin na pumatay sa diwa ng Pasko. Hindi ko maipaliwanag. Batid ko na ito na ang huling Pasko niya sa amin. Tumahimik lang ako. Ako ang tila batang nakakita ng multo ngunit ayaw maging dahilan ng katatakutan sa pamilya. Pinutol ko ang aking dila nang sa gayo'y hindi matanaw ng manghuhula ang kaniyang kapalaran.

## ANG MANGHUHULA

Ang pinakahuling isisiwalat ay ang lihim na baraha sa ilalim ng significator. Bago pa man ang pagbubunyag, tinanong niya sa akin kung mayroon pang tanong o paglilinaw sa kaniyang paglatag. “Wala na,” ang sabi ko sa kanya. Ipinadausdos ko sa aking mga daliri ang nahihiyang baraha na nakatago sa ilalim ng aking significator. Naramdaman ko ang kaba naming dalawa: siya dahil literal na hawak niya ang kasagutan ng aking mga hiling, at ako, dahil sa pagharap ko sa rebelasyong ito. Mananahan ang baraha sa itaas ng significator. Sa mga sandaling ito, pakiramdam ko, ito na ang aming panahon ng pagtutuos.

Mataas ang aking inutiion subalit hindi ko alam kung papaano ito isasalin sa isang paraang magagamit o makatutulong sa akin. Regular na kliyente ako ni Mama, lalo na kung panahon na ng resulta sa mga kontes na sinasalihan ko. Kapag buwan na ng Agosto, alam na niya kung bakit ako magpapabasa. Iisa lang ang tanong ko noon: mananalo ba ako sa Palanca? Minsan, ibalik niya sa akin ang tanong. Ano ba ang sinasabi ng aking intuition? Sasabihin ko, mas malinaw sa akin kung baraha ang gagamitin





THE HIGH PRIESTESS

namin.

Isang beses ko lang hinulaan o binasahan si Mama. Basahan ko raw siya. Kilalang-kilala ko na ang kaniyang mga baraha. May personal na ugnayan na kami. Lagi kasi ako nagpapabasa. Oo, isa akong adik sa mga sesyon ni Mama. Magkakilala na kami nang husto ng kaniyang mga baraha. Alam ko kung ano ang ibig sabihin ng mga indibidwal na baraha subalit nang basahin ko siya na magkakatabi, hindi na malinaw sa akin ang kanilang kuwento.

Aaminin ko, nakaramdam ako ng matinding pressure. Nakarating sa akin ang balita na may mga nagagalingan kay Mama. Sa mga sandaling iyon, lampas-titig ang mga barahang ito sa akin. Nagmistulang mga estranghero sa isa't isa. Pinilit kong buuin ang kuwento. Buuin muli sa aking isipan ang kuwento ng kanilang kahulugan, ang kuwento ng kanilang halaga sa akin. Mahirap. Napakahirap. Gusto kong sabihan ang mga baraha noon na, "Sige na, tulungan n'yo ako." Wala. Hinihintay ni Mama kung ano na ang nababasa ko. Isa siyang encouraging teacher. "Sige lang. Sige lang. Trust your intuition." Sinabi ko sa kaniya kung ano ang alam ko. Kung ano ang pamilyar sa akin, kung ano ang komportable sa akin. Kung ano ang maalala kong kahulugan, iyon ang sinasabi ko. Nakita ko ang Eight of Wands, "Ah, may good news na darating, Ma." Automatic piloting ang ginawa ko. Gusto kong ma-impress sa akin si Mama. Patunayan sa kanya, na oo nga, mataas nga ang aking intuition. Hanggang sa sumuko na lang ako. Sinabihan ko si Mama na hindi ko kaya.

Hindi ko na siya binasahan mula noon. Naroon pa rin ang pagbasa niya sa mga kliyente pero dumalang na ang mga ito nang magkasakit siya. May mga trabaho na kasi kami. Hindi na siya nagbabasa para sa aming pang-araw-araw. Nagbabasa siya dahil gusto niya pa ring makatulong. Nagbabasa dahil enjoy na enjoy siya sa kaniyang ginagawa. Nawala na ang pressure sa kaniya. Hindi na isang lifeline ang pagbabasa niya. Extra income lang pero hindi na ito ang puno't dulo ng kaniyang kairalan para sa kaniyang pakikipagsapalaran.

Pinanghihinayangan ko nang husto na hindi ako nagseryoso sa kaniyang mga payo tungkol sa panghuhula. Malay ako sa kaniyang mga ritwal pero hindi kasinglalim na nais niyang matutuhan ko. Kaya pakiramdam

agabro

ko isa akong traydor sa pagkakaalala niya sa akin. Naroon ang pakiramdam na binigo ko siya nang mag-aral ako magbasa ng tarot mula pa sa ibang tao, sa isang institusyon.

Comfort zone ko ang magbasa o manghula. Sa klase namin, ang turo sa amin, kayang himukin ng tarot ang kaisipan ng tao. Naalala ko noon ang laging sinasabi ni Mama: nakikilala ng tao ang sarili dahil sa tarot. Sinubukan kong hanapin ang aking sarili sa loob ng anim na linggong pag-aaral. Kilala ako ng mga kaklase bilang anak ng isang manghuhula pero hanggang doon na lamang iyon.

Nang unti-unti nang itinuturo sa amin ang mga kahulugan ng bawat suite, unti-unti ko na rin pinapalaya ang pagkagapos ng mga nauna kong pagbasa sa mga baraha. Nahirapan akong magbasa noong una. Iniisip ko pa rin kung tama ba ang pagkakatanda ko sa turo sa akin ni Mama, sa turo sa akin ng mga kuwento ng mga baraha. Sinunod ko ang aking intuition. Nanalig ako na kaya kong abutin ang taas nito. Sa isip ko, hiniling ko na ibaba muna nito ang sarili para matulungan akong magbasa.

Napagtanto ko na mahirap palang magbasa kung maraming bumabalakid sa isipan ng tao. Napakahirap kung hindi bukas ang lagusan sa pagitan ng kaisipan at puso. Binabasa ng kaluluwa ng tao ang kaluluwa rin ng mga barahang nakatambad sa kaniyang harapan. Ang sabi sa amin noon ng aming guro, hayaan ang sariling maging malaya sa kaniyang pagbasa. Nakaalpas ako dahil dito. Sa bandang huli, nakinig din ako kay Mama. Nakinig ako sa aking intuition.

Sa klase namin, binibigyan kami ng oportunidad na mag-practice. Magpapabasa kami sa isa't isa. Walang tama o maling interpretasyon. Pakiramdam ang nagpapakilos sa aming pagbasa. Ito ang humihila sa akin nang basahan ko ang aking kaklase. Aaminin ko, kinabahan ako. Nasa awkward stage kami. May sariling paraan ng pagbasa ang itinuro sa amin. Kung ano ang paraan ng paglatag, ilang baraha, ano ang unang tumpok na babasahin, at iba pa. Nanibago ako nang husto. Ilang taon na akong nasanay sa paglatag na ginagawa ni Mama.

Hinayaan kong ang pakiramdam ko at ang aking intuition ang gumabay sa akin. Sabi sa amin, gawan ng kuwento ang mga baraha kung ano ang sa tingin namin ang ibig sabihin ng mga ito. Ginawan namin ng mga

eksena. May kronolohikal, mayroong hindi. May bara-bara, mayroong hindi. Walang iisang kuwento ang isang baraha. Nalaman ko na mahirap palang gumawa ng kuwento kung ikaw mismo ay hindi bilib sa kuwentong nililikha mo.

Kailangan ko ng pundasyon. Nang bigyan na kami ng kalayaang gawin ang anumang paglatag at pagbasa sa aming graduation, tiniyak ko na mayroon akong pundasyon. Siniguro ko na matatag ito. Kaya ginawan ko ng partial spread batay sa turo sa akin ni Mama. Napagod ako. Ang daming detalye. Maraming karakter. Lahat gustong maging bida sa kuwento. Nakikita ko ang Queen of Pentacles pero aagaw ng atensyon ko ang Ten of Swords. Nakita ko ang kaba sa mata ng aking kliyente nang makita niyang maraming espada ang lumabas sa aming paglatag.

Doon ko lamang naunawaan ang kamalayan niya. Malay tayo sa pagpapakahulugan ng espada sa ating buhay. Iisa lamang ang kuwento ng espada para sa kanya. Ito kasi ang kanyang nakasanayan. Isang masamang pangitain ang espada. Kamatayan pa nga kung tutuusin. Sa kliyente ko, hindi niya nakikita ang kabuuan ng kuwentong nabubuo.

Ito ang naging gampanin ko noong gabing iyon. Kailangan kong pagtagni-tagtiin ang mga nakikita kong maliliit na kuwento. Malaking responsibilidad ito para sa akin. Nasa akin na ang kapangyarihan kung bibigyan ko ba ng maganda o masalimuot na kuwento ang aking kliyente. Naramdaman siguro ng mga baraha ang pressure sa akin. Sa wakas, nakipag-usap na sila.

Nagkuwentuhan na kami. Naging madali na sa aking basahin ang mga baraha noong gabing iyon. Nang lumabas ang anghel o ang Temperance card, may tila bumubulong sa akin para sabihing “andito lang ako.” Iyon ang sinabi ko sa babaeng nagpabasa sa akin. Sinabihan ko siya na mayroong anghel na gumagabay sa kaniya. Naiyak siya nang sabihin ko iyon. Matagal na pala siyang nakararamdam ng insecurity sa buhay.

Napansin ko na kapwa kaming nangangapa ng aking kliyente. “Nakakatakot ba?” ang karaniwang tanong nila sa akin. Malinaw sa akin ang tanong nila: nakatatakot ba ang lalabas sa mga baraha? Isa itong palaisipan sa akin. Kung takot ang tao na alamin ang kuwento ng baraha, ibig bang sabihin, takot rin sila mismo sa kuwento ng kanilang buhay? Sinubukan ko

silang pakalmahin. Hirap sila. Lalo na kung makikita nila ang mga baraha ng Death, Devil, at Tower. O ang mga espada. Hindi pala ako bilang manghuhula ang horror sa kanila. Ang horror pala ay ang kahihinatnan ng aking pagbasa.

Ayoko ng may namamatay, ang madalas ring sabihin sa akin. Kung kaya ko lang kausapin ang mga baraha ko, gusto ko sana silang hingan ng kapatawaran. Hindi ko alam kung kaaawaan ko ang sarili, ang baraha, o ang kliyente mismo. Hindi pa nagsisimula ang aming paglatag, naroon na ang mga kondisyon. Tila ba ang mga baraha ang karit ni Kamatayan, at ang manghuhula, si Kamatayan.

Kawawa naman kami kung ganito palagi ang tingin sa amin ng tao. Tanggap ko ang pangamba nila sa mga negatibong pangitain o pagbasa. Nauunawaan ko ito. Kahit ako, ayokong marinig na sa susunod na buwan mamamatay ako o ang malapit sa akin. Pero parang panonood rin ito ng horror. Ayaw mo kasi alam mong hindi ka makaiihi nang mag-isa sa gabi pero manonood ka pa rin. May puwersang hihila talaga sa iyo para manood. Ganito ang pakiwari ko sa mga kliyenteng takot sa negatibong hula.

Saan ko ilulugar ang sarili? Isilid man kami sa gunita ng mga pelikula't telebisyon, nananatiling lagalag kami ng esensiya ng aming sariling mahika. Susundin ko ba ang kutob ko dahil alam kong ayaw niyang marinig ang masamang kuwento? Magbibigay ba ako ng sanitized version nito? Magsasabi ba ako ng totoo?

Masinsinan kong kakausapin ang aking kliyente. Nakikipagkuwentuhan ako sa kaniyang gawi, ang gustong sabihin ng kaniyang mga mata, at ang indirektang sinasabi ng kanyang mga joke o parinig niya sa akin. Hinihingi na maging sensitibo ako. Hindi lamang ako mananalaysay ng mga baraha, mananalaysay rin ako ng kanilang pagkatao. Hindi man nahahati ang aking katawan sa tuwing may sesyon, kailangan kong basahin ang pagbitak-bitak ng sinasabi at hindi sinasabi ng mga baraha, ng kliyente, at ng aking sarili. Natutuhan kong makiramdam.

Gusto ba niyang magpatuloy ako? Gusto ba niyang itigil? Gusto ba niyang sabihing nambobola lang ako? Wala akong alam? O hindi ko alam ang pinagsasabi ko? Kailangan ko ring pakiramdamang kung sino ang gusto niyang maging bida sa aking kuwento. Siya bilang inagrabyado? Ang may sala? Ano'ng ending ang gusto rin ng kliyente? Masaya o malungkot? Siya

na ang bahala sa ending niya kaya? O gusto niya ako na ang magbibigay ng kaniyang ending? Kung magkamali ako sa ending, sino na sa amin ang bida o ang kontrabida, ako bilang manghuhula o ang baraha ang dapat sisihin?

“Nagbabasa lang ako. Hindi ako Diyos,” ang madalas kong sabihin sa kanila. Mabigat na pasaning malaman na nasa iyong mga kamay ang emosyon ng tao. Isang babasaging bagay ang emosyon ng tao. Mula sa kaniya isinisilang ang magkapatid na sina pag-aalinlangan at pangangalaga. Masuwerte ang kliyente. Kapakanan niya ang iniisip ng kaniyang manghuhula. Subalit, sino ang nag-aalala sa aking kapakanan? Sino ako sa mata ng aming mga kliyente? Kami’y babasagin rin sa paningin nila siguro. Isang bolang kristal na maiaalog-alog para hanapin mula sa siwang ng mga anino ang kasagutan ng kanilang hinahanap.

Nakalilimutan nilang kailangan rin kaming pag-ingatan. Matutuhan sana ng ilan sa kanila ang pakiramdaman rin kami. May mga tipak o bubog na kailangang muling idikit upang mabuo muli. Nilimot nilang ang manghuhula ay tao rin.

“Huwag seryosohin ang naging hula sa iyo,” ang payo nila. Akala nila, binabasa ko ang mga larawan lang na nasa baraha. Iyon na iyon. Hindi lamang ito kuwento ng aking kliyente. Kuwento rin ito ng aking sarili. Pinapayuhan ko sila kapag nahanap ko na ang kuwento ng aking nakaraan at kasalukuyan para matulungan sila sa kanilang hinaharap.

Kapag nanghilakbot siya sa Death card, kasama niya ako sa kuwento niya. Ikukuwento ko sa kanya si Mama sa mga huling sandali niya sa ospital. Kung papaano nanatili sa aking gunita ang himbing ng kaniyang paglisan ngunit nakaukit sa kaniyang katawan ang pananalakay ng kanyang karamdaman; namimintog ang mga braso’t binti, ang gumagapang na pag-alsa ng mga ugat, at ang mga sinlaki ng kamao na mga sugat na isang dangkal ang lalim sa kanyang likuran. Makikidalamhati ako dahil nakikita ko rin ang sarili ko sa kanya. Magpapalitan kami ng mga kuwento’t alaala tungkol sa yumao naming magulang. Matatawa sa mga ‘di malilimutang alaala namin sa kanila. At pagkaraan ng sesyon ay hindi rin namin mawari kung matatawa na lamang kami o iiyak. Sapat na iyon, sapat na iyon.

“What crowns your mind right now?” ang laging sinasabi sa akin ni Mama noon. Ano ang nasa isipan ko? Na hindi pa nagtatapos ang sesyon.

Magpapahinga lang ang aking mga baraha. At tulad ng nakasanayan ng aking mga baraha, muli't muli ko silang hihingan ng paumanhin: na kami man ang kontrabida sa kuwento ng iba, mananatili pa rin kaming kuwentista ng realidad.



# Panawagan

Inaanyayahan ang lahat na magsumite ng kanilang kontribusyon para sa Agos: Refereed Journal ng Malikhaing Akdang Pampanitikan.

Ang Agos ay ang kauna-unahang refereed journal na monolingguwal sa Filipino para sa Malikhaing Akdang Pampanitikan ng Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman. Isinusulong ng journal na ito na paunlarin at palawakin ang iba't ibang pamamaraan ng pagsusulat sa wikang Filipino at pag-ambag sa lawas ng panitikang Filipino. Layunin nito na tipunin ang mga malikhaing akda na tumatalakay, umuunawa, sumusuri at dumidiskurso tungkol sa iba't ibang antas ng karanasan at pagpapakaranasan ng mamamayang Filipino at ang ugnayan ng indibidwal sa kaniyang kaligiran, lipunan at bayan.



1. Para sa malikhaing akdang isusumite, kailangang orihinal at hindi pa nailalathala o naisumite para sa konsiderasyon sa ibang publikasyon, elektroniko man o limbag na anyo.
2. May pormularyo na kinakailangang sagutan na nagpapahayag na ang isinuniteng akda ay hindi pa nailalathala sa anumang publikasyon at maaari itong makuha sa opisina ng SWF-UPD.
3. Maaaring magsumite alinman sa mga sumusunod: limang (5) tula, isang (1) maikling kuwento, isang (1) sanaysay, isang (1) dulang may isang yugto, tatlong (3) dagli, isang (1) komiks, o isang (1) eksperimental/hybrid na akda.
4. Inaasahan na naka-encode o komputersado, doble-espasyo, gumagamit ng font na Times New Roman na may laking 12 puntos.
5. Isumite ang akda at pormularyo ng awtor bilang lakip ng email sa [agos.swf@gmail.com](mailto:agos.swf@gmail.com). Maaaring lakipan ng biswal na materyal (may kulay o black and white) gaya ng orihinal na larawan, ilustrasyon, at iba pa. Ilagay ang angkop na caption sa hiwalay na papel.
6. Ilakip din ang maikling tala tungkol sa sarili (o bionote) na naglalaman ng kasalukuyang posisyon, institusyong kinabibilangan, espesyalisasyon, mga pinakabagong publikasyon, pananaliksik, at iba pang mahahalagang impormasyon.
7. Dalawang beses inilalathala kada taon ang Agos kung kaya buong taong tumatanggap ng mga isusumite ninyong malikhaing akda. Para sa mga katanungan, maaaring mag-email sa Lupon ng Editor sa [agos.swf@gmail.com](mailto:agos.swf@gmail.com), o magtungo sa [www.facebook.com/swfupdiliman](http://www.facebook.com/swfupdiliman), o di kaya'y tumawag sa (02) 8924-4747.



# Pamantayan sa Pagpili ng mga Akda para sa AGOS

1. May tiyak na ambag sa malikhaing pagsulat at panitikan ng Pilipinas. (25%)

- May natatanging estilo, pamamaraan, at moda ng artikulasyon na ginamit sa akda.
- Nagbibigay ng bagong pananaw o direksyon sa mga larangan ng malikhaing pagsulat at panitikan.
- Umaangkop o tumutugon sa nagbabagong anyo o kalagayan ng panitikan bilang produktong pangkultura sa kasalukuyang panahon at sa hinaharap.

2. May tiyak na ambag sa pagpapayabong ng wikang Filipino bilang wika ng malikhaing pagsulat at produksyong pampanitikan sa Pilipinas. (25%)

- Maayos, mahusay at makabuluhang gamit ng wika sa malikhaing pagsusulat at produksyong pampanitikan.
- Maayos na nailalahad ang paksa at nilalaman sa pamamagitan ng malaya, masining, mahusay at malikhaing paraan ng pagsusulat gamit ang wikang Filipino at iba pang mga taal na wika sa Pilipinas.

3. Makabuluhan at napapanahon ang mga tema o paksain. (25%)

- Mahusay at matalas na natatalakay ang mga isyu, tema at paksa na makabuluhan sa kasalukuyan.
- Naiuugnay o nailulugar ang kasalukuyang mga paksa sa isang panlipunan, pangkasaysayan at pangkulturang kontinuum.
- Nagbubukas o naghahawan ng landas para sa kritikal na pagdidiskurso ng mga mahahalagang usapin sa lipunan.

4. Nadadalumat at napag-uugnay ang personal, pangkultura at panlipunang kaligiran. (25%)

- Nailulugar ang mga karanasan at usapin bilang bahagi ng mas malaking danas ng lipunan at bayan.
- Nag-aambag sa pagtataguyod ng makabayan, makatao at makatarungang kultura at pambansang identidad.

ago 2

“Ang paglulunsad ng AGOS sa panahon ng pandemya ay isang paraan ng Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman na mailugar ang kahalagahan at kabuluhan ng mga malikhaing akdang pampanitikan sa kasalukuyan. Patunay lamang ito na hindi nagagapi ang paglikha ng sining sa panahon ng pandemya at krisis. Sa katunayan, mas lalo o lubos pang kailangan ang paglikha ng mga akdang pampanitikan bilang instrumento sa pagpapatunay, pagpapanatili, at pagpapatibay ng pagkatao at pagkabansa.”

**ELFREY VERA CRUZ-PATERNIO**, Tagapamahalang Patnugot, mula sa “*Paggigiit*”

“Ito ang kauna-unahang isyu ng Agos, refereed journal na naglalaman ng mga malikhaing akdang pampanitikan tulad ng dagli, tula, maikling kuwento, at sanaysay na pumapaksa sa iba’t ibang usaping panlipunan. Isinisiwalat ang mga isyung pampolitika, pang-ekonomiya, pangkultura, habang isinasatitik at isinasalaysay ang personal at di-personal na mga karanasan. Nagiging daan ang journal na ito upang maipakita ang talas ng pandama at pagkamalikhain ng kaisipan ng mga manunulat sa pag-unawa sa lipunang kinabibilangan at bagong lipunang inaasam.”

**KATHERINE TOLENTINO-JAYME**, Kawaksing Patnugot, mula sa “*Pagsulong*”

“Pagtatangka ang Agos na mag-ambag sa diskursong panlipunan sa paghahanap ng epektibo at makataong solusyon o resolusyon sa mga sakit at suliranin ng bayan. Lalo na sa panahong ito na humaharap ang Pilipinas sa isang krisis pangkalusugan bunga ng pandemya. Lalo na sa panahong ito na malakas ang ragasa ng lisyang kamalayan, pekeng balita, pagsasadlak sa kalayaan sa paghahayag at pamamahayag, walang-kahihiyang pagsusuko ng soberanya ng bansa sa bagong imperyalista, pagsikil sa kalayaan sa pagkilos, paghahasik ng terorismo ng estado, at karahasan at pagyurak sa karapatang pantao sa ilalim ng isang populistang diktador. Saan lulugar ang manunulat – ang malikhaing mamamayan – sa gitna ng gulo, sa gitna ng guho, sa gitna ng gunaw na nilikha ng isang naghihingalo ngunit nangungunyapit na halimaw?”

**MICHAEL FRANCIS C. ANDRADA**, Punong Patnugot, mula sa “*Pag-agos*”

*agos*

Tomo I 2020



SENTRONG WIKANG FILIPINO  
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS  
DILIMAN, LUNGSOD QUEZON